Ang bahaging ito ng diskusyon ay nagpalalim sa mga pamamaraan ng pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino. Nahahati ang pagtalakay sa tatlong grupo ng mga pamamaraan upang lubusang maisagawa ang integrasyon ng transpormatibong edukasyon sa pagtuturo at pagsasagawa ng pananaliksik. Ang una ay mga pamamaraang nagpapalalim sa pag-unawa sa sarili kaugnay ng lipunan, ikalawa ang mga pamamaraan sa pananaliksik na nakabatay sa karanasan o eksperyensyal na pagdulog (*experiential approach*) at panlipunang oryentasyon at ikatlo ang mga pamamaraan sa pananaliksik na community-based. Nabuo ang mga kategoryang ito batay sa mga elementong nahalaw mula sa serye ng mga artikulong lumabas sa Transformative Education ni Tujan (2004), isang dyornal na inilabas ng IBON Foundation na nagtangkang sumahin at tasahin ang naging karanasan ng transpormatibong edukasyon sa kalagayan ng edukasyon sa Pilipinas. Sinuri lamang ang ilang elementong aangkop sa pangangailangan ng asignatura sa pananaliksik batay sa isinagawang rebyu ng silabus ng kurso.

Natuklasan sa tugon ng mga guro na bahagya lamang ang integrasyon sa gawaing pagtuturo ng mga pamamaraang nabanggit. Ang mga estratehiyang nagpapalalim sa pag-unawa sa sarili kaugnay ng lipunan ay kinapapalooban ng iba't ibang metodo ng personal na repleksyon tungo sa kolaboratibong pananaliksik. Ilan sa mga ito ang palagiang pagsasagawa ng palitang-kuro sa bawat bahagi ng pananaliksik, peer kritiking o pagsasalang ng pananaliksik sa mga lecture forum. Kasabay nito ay tuluy-tuloy ang indibidwal na repleksyon ng mga mag-aaral sa buong proseso ng pananaliksik. Nakatutulong din ang pagpapabasa ng mga halimbawang pananaliksik na pumapaksa sa iba't ibang isyung panlipunan. Bahagi rin nito ang paggabay ng guro sa sistematisadong pagtatanong (inquiry) ng mga mag-aaral upang makabuo ng makabuluhang konklusyon.

Eksperyensyal ang kalikasan ng pagsasagawa ng pananaliksik sa Filipino kung ipinadanas sa mga mag-aaral ang mismong pagbuo ng isang pananaliksik na siyang pangunahing layunin ng buong asignatura. Kalakasan ito ng namamayaning praktika sa pagtuturo ng mga guro sa Kagawaran ng Filipino sa Pamantasang San Luis. Itinatakda at idinedisenyo ng guro ang mga gawain para mga mag-aaral kung saan sa katapusan ng isang tiyak na yunit ay makapagpoprodyus sila ng isang output o pangkalahatang proyekto mula sa kanilang kolaborasyon. Manipestasyon nito ang pinakamatataas na integrasyon sa pamamaraan ng pagtuturo batay sa mga guro at mag-aaral. Litaw na litaw ang pagsasagawa ng isang pananaliksik na kolaboratibo, aktibong pakikiisa ng guro at regular na konsultasyon tungo sa pagtatagumpay ng pananaliksik ng mga mag-aaral.

Sinasabing 90% o mayorya ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay nagmumula sa mga bagay na konkreto at tuwiran nilang isinasagawa o dinadanas ayon sa tatsulok na karanasan ni Dale (2003). Ilang

mga halimbawa ng ganitong gawain ang paggaya sa isang tiyak na karanasan o modelo o kaya ay pagdidisenyo ng proyekto o pagtatanghal na nakabatay sa itinuturo ng guro.

Mataas man ang antas ng integrasyon sa eksperyensyal na bahagi ng pagtuturo ng pananaliksik ay mababa ang nakuhang antas ng integrasyon sa pagsasagawa ng pananaliksik na may oryentasyong community-based. Bahagi ng talatanungan ang ilang tiyak na pamamaraan tulad ng paglulunsad ng anumang porma ng pagsisiyasat tulad ng pakikipanayam o sarbey sa konkretong dinadanas ng mga komunidad sa labas ng pamantasan. Kabilang din dito ang pamimili ng mga paksang may kinalaman sa kanilang karanasan at ang direktang pagtanggap nila sa magiging awtput ng pananaliksik.

Sa pagtatakda ng mga elemento ng transpormatibong edukasyon ni Tujan (2004) batay sa karanasan sa Pilipinas, tinukoy niya ang pag-abot o pakikisalamuha sa mga komunidad bilang napakahalagang bahagi ng transpormasyon sa paraan ng pagtuturo. Ayon sa kanya, mahalaga ang simbayotikong ugnayan sa pagitan ng mga paaralan at komunidad at ang patuloy na ugnayan ng dalawa ay magdudulot ng patuloy na pag-unlad at pagiging napapanahon at makabuluhan ng mga itinuturo sa loob ng paaralan habang nagkakaroon sila ng subok at mabilisang 'laboratoryo' sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ang mga komunidad naman ay direktang makikinabang mula sa mga serbisyong ekstensyon ng paaralan at mapatataas ang kamalayan ng dalawang panig tungo sa inaasam na pangkalahatang transpormasyon.

Ang pananaliksik ay napakagandang lunsaran ng ganitong adhikain sa pagitan ng mga paaralan at komunidad. Magkakaroon ng proseso ng sistematisasyon ng karunungan mula mga hilaw na datos na nakukuha ng mga mag-aaral sa komunidad kung dadaan ito sa masusing pananaliksik. Ang tunay na kaganapan ay naisasaayos at nalalangkap ng mga naaangkop na pagsusuri at mula sa mga pagsusuring ito ay nakapagbibigay ng mahusay na paghuhusga at paglutas sa suliranin ang mga mag-aaral. Nagmumula sa masa o mga mamamayan sa komunidad ang hilaw na karanasan na siyang kinakalap ng mga mag-aaral at idinadaan sa masusing pagsusuri gamit ang mga siyentipikong metodo ng pananaliksik. Kapag tapos na organisado na ang kaalamang nakalap na nalapatan na ng pagsusuri, ito ang ibabalik sa masa ng mga mag-aaral kasamang bitbit ang mga aral at rekomendasyon ng pananaliksik kung paanong sosolusyonan ang iba't ibang suliranin at kalagayan. Tunay ngang magiging makapangyarihan at makabuluhan ang pananaliksik kung dadaan sa ganitong proseso.

### ***Mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa integrasyon ng transpormatibong edukasyon sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino***

Mula sa pagbabahagi ng mga guro sa kanilang pagtuturo, natuklasang nahahati sa apat na kategorya ang mga suliraning dinadanas nila sa integrasyon ng transpormatibong edukasyon sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino. Ang apat na ito ay hinggil sa kakulangan ng mga pagsasanay, pasilidad at materyales ng pamantasan, iba't ibang institusyonal na polisiya at suliranin sa mismong kamalayan at pananaw ng mga guro sa transpormatibong edukasyon.

Mula sa pagtalakay ay nakitang pinakaseryoso ang dulot na sagabal ng mga polisiya ng institusyon sa integrasyon ng transpormatibong edukasyon sa pagtuturo ng pananaliksik na sinusundan ng mga suliraning may kaugnayan sa pasilidad at materyales. Pinakahuli sa kalubhaan ang kamalayan at pananaw ng mga guro na na sinusundan naman ng mga pagsasanay.

Administratibo ang katangian ng mga suliranin at kung pakalilimiin ay wala sa kontrol ng mga guro ngunit ng mas mataas na institusyong nakasasakop sa kanila. Itinuturing na seryoso o malubha ang mga suliraning ito relatibo sa iba pa, dahil sa laki ng sagabal na idinudulot nito at ang kahirapang solusyonan ang mga sagabal na ito. Matagal nang namamayaning polisiya sa pamantasan ang mahigpit at burukratikong proseso hinggil sa paglabas, paglipat ng lugar ng klase at atendans ng mga guro kahit pa sa mga klaseng ang deskripsyon ay pananaliksik.


Litaw na litaw ang suliraning ito lalo sa mga klase sa pananaliksik na mas nangangailangan ng pagsasaliksik sa labas at hindi sa loob ng klasrum. Ang ganitong pananaw ay sinusuhayan din maging ng ilang gurong nasa administrasyon. Sa isang talakayan sa klaseng gradwado ni Dr. Jeffrey Centeno, Technical Assistant to the President ng SLU, tinukoy niya na isa ito sa kasalukuyang nirerepaso ng

administrasyon kung kaya nagkakaroon ng pagrerebyu sa lahat ng asignaturang may kalikasan ng pananaliksik upang mula sa ebalwasyong ito ay magkaroon ng mga nauukol na reporma sa paglulunsad ng mga klase sa pananaliksik.

Malaki ang implikasyon ng mga datos na ipinakita sa kabuuang adhikain ng Pamantasang San Luis na palaganapin ang transformatibong edukasyon. Sa kabuuan ay kakikitaan ng malinaw na kapasyahan ang mga gurong gamitin ang prinsipyo ng transformatibong edukasyon sa kanilang gawaing pampagtuturo ngunit ang balakid ay nagmumula sa mismong administrasyon ng pamantasan. Sa abot ng makakaya ng mga guro ay inilalangkap ang mga paniniwala ng transformatibong edukasyon ngunit nakikita sa mga datos na mismong administrasyon ang hindi konkretong nagsasagawa ng mga kinakailangang kondisyon upang maging transformatibo.

***Transformatibong modelong pampagtuturo ng pananaliksik sa Filipino: Tungo sa pagpapalakas ng programang ekstensyon sa pamantasan***

Mula sa kabuuang kinalabasan ng pagtalakay ng antas ng integrasyon ng transformatibong edukasyon sa nilalaman at mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa integrasyon ng transformatibong edukasyon ay nakabuo ang mananaliksik ng isang modelong pampagtuturo na dudulo sa pagbubuo ng programang ekstensyon ng unibersidad.



Figyur 1. Transformatibong Modelong Pampagtuturo sa Filipino 2

Ipinaloob sa isang hugis na bilog ang kabuuang proseso ng pagkatuto at pagtuturo gamit ang transformatibong modelo sapagkat pinakadaynamiko ang hugis na bilog. Nangangahulugang kailangang maging bukas at aktibo ang kabuuang proseso upang tanggapin ang patuloy at mabilis na pagbabago ng lipunan at katangian ng edukasyon. Mapapansing balikan din ang relasyon ng transformasyon ng



indibidwal at lipunan sapagkat dayalektikal o nagtatalaban ang dalawang ito kagaya ng naunang pagpapaliwanag sa introduksyon ng pananaliksik.

Sa kabuuan ay nahahati sa instruksyon sa asignatura at ekstensyon ang kabuuang modelong pampagtuturo. Ito ay dahil sa naunang presuposisyon na kinakailangang maging mahigpit na magkaugnay ang dalawa upang palakasin ang isa't isa. Ang ideya ng ekstensyon ay kailangang nakapaloob sa instruksyon habang maaaring maging lunsaran ng instruksyon ang gawaing ekstensyon. Mapapansin ito sa magkakalapit na mga elementong makikita sa bawat bahagi nila. Ilang konsepto ang kailangan pang linawin kaugnay nito.

***Instruksyon ng asignatura.*** Nahahati sa dalawang malaking bahagi ang instruksyon, ang nilalaman at pamamaraan na batay rin sa dalawang malaking categoryang nabuo sa bahagi ng diskusyon. Sa kabuuan ay nakita ang mga tematikong pagdidiin sa bawat nilalaman tulad ng pagbasa, pagsulat at pananaliksik. Ito ang kabuuang tuon ng mga katanungan at gayundin ay lumabas sa pananaliksik na mataas ang integrasyon ng mga nilalamang ito. Sa kaliwang bahagi ay makikitang may pagbibigay-diin sa malalim na aplikasyon. Ito ay dahil sa ang kinalabasan sa bawat nilalaman, bagamat mataas pa rin ay relatibong mahina sa gawaing aplikasyon ng mga konsepto at mahahalagang araling itinuturo sa klasrum. Halimbawa, sa pagbasa, ipinakitang mataas ang integrasyon ng nilalaman kung saan napaaabot sa asimilasyon ang proseso na nangangahulugang naiuugnay ng isang mag-aaral ang binabasa sa kanyang mga karanasan at nagaganap sa lipunan. Gayunman, relatibong mababa naman ang antas sa mga nilalaman na kung saan ay nagpapabasa ng tiyak na babasahin na may kaugnayan sa realismong panlipunan ang mga guro. Mabuti sanang mapalalim sa pamamagitan nang mahusay na aplikasyon ang mga konseptong itinuturo sa pagtalakay kung kaya ito ang dapat na palakasin.

Ang pamamaraan naman ay binubuo ng iba't ibang estratehiyang nahahati rin sa mga categorya. Gayundin, tematiko ang naging pagdulog sa bawat estratehiya at dumudulo sa panlipunang oryentasyon ng bawat pamamaraan. Ang kolaboratibong proyekto na tinutukoy sa pinakauna ay kinapalolooban ng iba't ibang ispesipikong gawain katulad ng pagpapagawa ng ginabayang proyekto, pangkatan at repleksyong gawain na magpapalalim sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at peer kritiking.

Ang sumunod ay ang pagtuturong nakabatay sa karanasan (experiential approach) na kinapapalooban ng iba't ibang gawaing may kinalaman sa konkretonag pagdanas ng mga mag-aaral sa kanilang pinag-aaralan. Nailatag na sa naunang bahagi na eksperyensyal ang kabuuang tunguhin ng asignaturang pananaliksik sa Filipino sapagkat konkretonag naipadadanas sa mga mag-aaral ang paggawa ng pananaliksik ngunit limitado pa rin ito sa maraming pagkakataon. Halimbawa naisasakatuparan lamang ang eksperyensyal na pagkatuto sa loob ng klasrum ngunit hindi na sa mga gawaing kinakailangang lumabas kagaya ng pananaliksik sa silid-aralan o kaya ay pakikisalamuha sa komunidad. Naipagagawa ang mga ito sa mga mag-aaral ngunit sa porma lamang ng takdang aralin kung kaya hindi nakikita ang kabisaan ng implementasyon. Ang pinakahuli ay ang pamamaraan ng pagsasagawa ng pananaliksik na community-based. Pinakamababa ang integrasyon ng pamamaraang ito relatibo sa naunang dalawa.

Ang kabuuang kinalabasan ng integrasyon sa pamamaraan ay makikita sa dayagram kasama ang pagbibigay-diin sa epektibong implementasyon sapagkat ito ang nakikitang kahinaan ng mananaliksik sa pagsasagawa ng mga pamamaraan. Magkaugnay ang nilalaman at pamamaraan batay sa lumabas na malakas at makabuluhang ugnayan ng dalawang ito.

***Gawaing Ekstensyon.*** Katapat ng instruksyon ang gawaing ekstensyon sapagkat nailatag na sa pagtalakay na maaaring mapag-ugnay at magpalakas ang isa't isa. Kapansin-pansing ang mga hakbang at elemento sa pagbuo ng gawaing ekstensyon ay nakasuhay sa mga nilalaman at pamamaraan ng asignaturang pananaliksik sa Filipino. Dahil sa mahigpit na magkaugnay, hindi nangangahulugang isasagawa ang ekstensyon pagkatapos ng instruksyon sapagkat maaaring maging bahagi ng mga karanasan sa pagkatuto ang gawaing ekstensyon. Gayundin, ang proyektong maaaring gawin ng mga mag-aaral sa asignatura ay nakabatay sa gawaing ekstensyon.

Kailangan lamang maging mapagmatyag ang mga guro at iba pang miyembro ng akademikong institusyon sa iba't ibang suliraning maaaring kaharapin sa integrasyon tulad ng mga nabanggit na

suliranin. Maaari itong makahadlang sa implementasyon ng modelo lalo na kung hindi masosolusyonan ang malulubhang suliraning nagdudulot ng malaking sagabal. Kabilang dito ang mga suliraning nabanggit sa diskusyon na polisiya ng paaralan, pasilidad at materyales, pagsasanay at kamalayan at pananaw ng mga guro na nakaayos batay sa kalubhaan.

Sa kabuuan ay balangkas ng modelo lamang ang ipinakita. Depende sa mga guro kung paanong lalangkapan ng mga tiyak na gawain at teknik sa pagtuturo ang mga tematikong nilalaman ng aralin. Gayundin, ang mabubuong gawaing ekstensyon batay sa mga pananaliksik ay magmumula sa konkretong kalagayan ng komunidad at ebalwasyon sa kakayahan ng paaralang tumugon dito. Nangangahulugang malaking usapin pa rin sa pagtatagumpay ng modelo ang desididong kapasyahan ng lahat ng bahagi ng akademikong institusyon lalong-lalo na ng mga guro at administrasyon.

Tumutugon ang modelong pampagtuturo sa kabuuang estratehikal na plano ng Pamantasang San Luis na palakasin ang instruksyon, ekstensyon at pananaliksik sapagkat makikita ang elemento ng bawat isa. Sa kabuuan ay nilalayan nitong maisakatuparan ang isang proseso ng pagkatuto at pagtuturong tumutugon sa pagpapaunlad ng indibidwal at lipunan. Ito ay sa pamamagitan ng epektibo at malalimang instruksyon sa loob ng klasrum na magpapahusay sa mga mag-aaral sa gawaing pananaliksik at paggamit ng kapangyarihang ito upang tumulong sa lipunan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga tiyak na gawaing ekstensyon sa komunidad.

Ang nabuong transpormatibong modelong pampagtuturo sa asignaturang Filipino ay naglalaman ng mga mahahalagang resultang lumabas mula sa pananaliksik. Nakapaloob ito sa kabuuang prinsipyo ng transpormatibong edukasyon na paunlarin ang indibidwal kaugnay ang lipunan at tumutugon sa kabuuang estratehikal na plano ng pamantasan na palakasin ang instruksyon, pananaliksik at ekstensyon. Magkakaagapay ang mga ito upang palakasin ang isa't isa at kung maisasakatuparan ay inaasahang makatutulong sa pagpapalakas ng gawaing ekstensyon sa Kagawaran ng Filipino. Gayunman, kailangang bantayan ang mga hadlang na maaaring idulot ng mga natuklasang suliranin upang maging epektibo ang aplikasyon at implementasyon ng kabuuang modelo.

## **KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Mula sa mga datos at resultang nakalap ay nabuo ang sumusunod na konklusyon:

1. Natuklasang bahagya lamang ang integrasyon ng mga pamamaraan sa transpormatibong edukasyon sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino. Lubos ang integrasyon ng mga pamamaraan sa pananaliksik na nakabatay sa karanasan o eksperyensyal na pagdulog (*experiential approach*) ngunit walang integrasyon ang mga pamamaraan sa pananaliksik na community-based. Mahusay ang pagtalakay sa nilalaman at pamamaraang ginamit ng mga guro upang maiyon ang paksa ng mga aralin sa prinsipyo ng transpormatibong edukasyon bagama't nakakita ng ilang kahinaan sa mga estratehiyang community-based dahil sa limitasyong itinatakda ng institusyon.

2. Malubha ang suliraning kinakaharap ng mga guro sa integrasyon ng transpormatibong edukasyon sa kanilang pagtuturo. Ang naitalang pinakamalulubhang suliranin ay may kinalaman sa mga polisiya ng administrasyon ng Pamantasang San Luis. Maliwanag na ang mga suliraning nakahahadlang sa integrasyon ay may administratibong katangian at masosolusyunan sa pamamagitan ng desididong pagpapasya ng mga susing sektor na nakapaloob sa institusyon.

3. Ang nabuong transpormatibong modelong pampagtuturo sa asignaturang Filipino ay naglalaman ng mga mahahalagang resultang lumabas mula sa pananaliksik. Nakapaloob ito sa kabuuang prinsipyo ng transpormatibong edukasyon na paunlarin ang indibidwal kaugnay ang lipunan at tumutugon sa kabuuang estratehikal na plano ng pamantasan na palakasin ang instruksyon, pananaliksik at ekstensyon.

Mula sa nabuong konklusyon ng pananaliksik ay iminumungkahi ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Mahigpit ang rekomendasyon ng pananaliksik na itong bigyang-pansin ng buong akademikong institusyon ang mga suliraning kinakaharap sa integrasyon na may kinalaman sa mahigpit at mekanikal na polisiya ng unibersidad at kakulangan ng pasilidad at materyales. Maglaan ng pondo sa

modernisasyon ng pamantasan na susing instrumento rin sa epektibong proseso ng pagkatuto at pagtuturo at patuloy na magpaunlad at pataasin ang kamalayan sa transpormatibong edukasyon.

2. Bagama't marami pa ring sagabal sa kabuuang implementasyon ng transpormatibong modelo sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino ay iminumungkahing subukin pa ring gamitin at paunlarin ang ilang bahaging maaaring mahalaw na pahihintulutan ng pamantasan. Kung sakaling magkaroon ng pagluwag sa panig ng administrasyon ay gamitin ito ng buo upang sumuhay sa adhikaing transpormatibo ng pamantasan.

3. Iminumungkahi sa susunod na mga mananaliksik na ipagpatuloy ang nasimulan ng pananaliksik na ito hindi lamang sa asignaturang pananaliksik ng Filipino kung hindi sa iba pang asignatura at disiplina, may kinalaman man sa pananaliksik o wala. Ang malawakang pagtatasa sa antas ng integrasyon ay susing datos sa mas epektibong pagpapatupad ng pamantasan ng transpormatibong edukasyon.

### **Talaan ng Sanggunian**

- Alonzo, R. (2003). Implikasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino: Noon at ngayon. Nasa *Ang wikang Filipino sa loob at labas ng akademya't bansa (Unang Sourcebook ng SANGFIL 1994-2001)*, Benilda Santos (patnugot). Quezon City: Sanggunian sa Filipino at UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Constantino, P. (2003). Ang Filipino sa binagong kurikulum sa sekundarya at tersiyarya at ang tunguhin ng edukasyong Filipino. Nasa *Filipino at Pagpaplanong Pangwika (Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL)*, Pamela Constantino (Patnugot). Quezon City: Sanggunian sa Filipino at UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Espiritu, C. (2003). Ang wika sa nagkakaisang republika: Implikasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino. Nasa *Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa (Unang Sourcebook ng SANGFIL 1994-2001)*, Benilda Santos (patnugot). Quezon City: Sanggunian sa Filipino at UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Freire, P. (1970). *Pedagogy of the oppressed*. Isinalin ni Myra Bergman Ramos. New York: Herder and Herder.
- Garcia, L. (2008). Kalatas: Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik. Cabanatuan City: Jimcy Publishing Company.
- Liwang, L. (2003). *Lapit na integratib sa pagtuturo ng wika at panitikan sa elementarya*. Nasa "Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa: Unang Sourcebook ng SANGFIL 1994-2001" ni Benilda Santos (ed). Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Mezirow, J. (1991). *Transformative dimensions of adult learning*. San Francisco, CA : Josey-Bass.
- Mills, C.W. (1959). *The sociological imagination*. England: Penguin Books.
- Newell, R. (2003). *Passion for learning : how project-based learning meets the needs of 21st century students*. Lanham, Md.: Scarecrow Press.
- Shor, I. (1992). *Empowering education: Critical teaching for social change*. Portsmouth, NH: Heinemann.
- Thompson, J. (2002). *Drawing on Paulo Freire*. New York: McMillan Publishers.
- Tujan, A. (2004). Transformative education: IBON partnership in Education for Development. Manila: IBON Foundation.
- Dyornal**
- Ardizzzone, L. (2002). *Towards global understanding: The transformative role of peace education*. Nasa Current Issues in Comparative Education. Columbia: Teachers College, Columbia University.
- Turray, M. at English, M. (2008). *Toward a global culture of peace: A transformative model of peace education*. Nasa *Journal of Transformative Education*. Nova Scotia: Sage Publication.
- Centeno, J. (2010). *Inclusion as a moral guide to global harmony*. Institute of Transformative Education. Baguio City: Saint Louis University.
- Internet**
- Apostol, A. (2002). *Transformative education: Content, context, and challenges*. Nakuha sa internet noong Agosto 25, 2010. Mula sa <http://www.abiva.com.ph/emags/transformative-education.html>
- Kuhnen, F. (2005). *The Role of Agricultural Colleges in Modern Society*. Nakuha sa internet noong Hulyo 10, 2010. Mula sa <http://www.professor-frithjof-kuhnen.de/publications/agricultural-colleges/2.htm>
- Marx, Karl (1845). Theses on Feuerbach. Nakuha sa internet noong Hulyo 10, 2010. Mula sa <http://www.marxists.org/archive/marx/works/1845/theses/theses.htm>
- Pastore, R. (2003). *Principles of teaching: Dale's Cone of Experience*. Nakuha sa internet noong Pebrero 8, 2011. Mula sa <http://teacherworld.com/potdale.html>
- \_\_\_\_\_. (2002). A vision for transformative education. Nakuha mula sa internet noong Agosto 25, 2010. Mula sa <http://www.transformedu.org/Conference/Proceedings/AVisionforTransformativeEducation/tabid/70/Default.aspx>

# Uncovering Language Attitudes in Two Filipino Children's Stories Through Discourse Analysis

Perpi Alipon-Tiongson

## INTRODUCTION

Consciously or unconsciously, we all have attitudes and opinions about languages. "We endow some language forms with prestige, while we stigmatize others. " (Burns, Matthews and Nolan-Conroy, 2001) For example, many Filipinos hold the belief that the English language is the language of the learned, and is the better medium of instruction especially for subjects like math and science.

In time, these attitudes not only become attitudes towards a language, but form part of larger systems of attitudes and beliefs that become attitudes towards *the user* of the language, so that a person is believed to be intelligent and learned because of their command of the English language.

This is the case with the Filipino Deaf community. Traditionally, society views deafness as a medical condition that requires proper diagnosis and treatment (referred to with a small "d"). Thus, Deaf people are considered disabled and impaired who are in need of fixing. The modern view, on the other hand, sees Deafness as a cultural condition, that assumes an identity and a community sharing a set of values and beliefs, especially a sign language (referred to with a big "D"). These views of Deaf people as users of Filipino Sign Language (FSL) are quickly transferred to the language itself so that some attitudes towards FSL are negative - it is not considered an effective medium of instruction in Deaf education or is not even considered a true language but only the signed form of Filipino, or an inferior variant of American Sign Language.

But as aforementioned, these value judgements are sometimes subconscious: "most people are unaware that they are making judgments about how other people speak, write or sign until they are forced to confront them or articulate them in some manner." (182) Sometimes though, such value judgements are borne of ignorance so that, even when confronted, the one judging sincerely believes that there is no such judgement taking place.

It is perhaps in this regard that studies about language attitudes become significant because such attitudes have real and profound effects on those about whom such attitudes are held. As with the case of the Filipino Deaf, they may explain why some of the Deaf themselves imbibe the same attitudes towards their own language, or how such attitudes have influenced language planning and policy especially for Deaf education.

## A CREATIVE APPROACH

Following the “mentalist view” as discussed by Burns, Matthews and Nolan-Conroy in their essay “Language Attitudes,” (2001) “attitude” is here understood and taken as “a state of readiness or an intervening variable between a stimulus affecting a person and that person’s response.” (183) This means that attitudes are not merely singular units of response to a situation but an interplay between feelings (affective), knowledge (cognitive) and action (conative). (184) These three components may not always be in harmony (Baker in Burns, Matthews and Nolan-Conroy) but their interrelations make up the framework from which all attitudes are formed.

Studies about language attitudes, however, has its challenges as attitudes are not easy to measure or directly observe. Like thoughts and feelings, attitudes may be hidden, and inference from external behavior is the most that can be done. Thus, one has to be creative and imaginative in devising ways on how to evaluate language attitudes.

Based on these notions, this paper aims to uncover the language attitudes of elementary teachers of public schools of the Deaf towards Filipino Sign Language, by using two children’s stories about Deaf protagonists, “Ang Kuya ni Karina” (De Los Angeles-Bautista, 1996) and “Ang Tahimik na Mundo ni Bunso,” (Canon, 2008). Through discourse analysis, the paper will look at the frameworks that organize the set of values and attitudes in the stories, especially those relating to Deafness and language. This then shall serve as the backdrop for investigating the teachers’ personal views and feelings about Deafness and Deaf people (affective), their knowledge of Deaf culture and FSL (cognitive), and the teaching principles and methods they employ in the classroom (conative), as their responses to the stories (in this study, the stimuli). As a whole, findings should reveal the specific attitudes held by the teachers towards Deaf people and their language.

The creative use of children’s literature finds significance in the fact that for centuries, stories for children have always been (or thought to be) didactic and value-laden, therefore reflecting positive attitudes. This is because societies have used literature as a way of socializing its young into the norms and value-systems of their community towards ensuring highly effective social integration. In the case of the two stories in this study, readers are being socialized into attitudes towards Deafness and Deaf people, and consequently their language.

## METHODOLOGY

In the guise of a survey on instructional materials for use in basic education, this paper will try to survey the prevailing view among elementary teachers in the public schools by using two children’s stories that feature Deaf child-protagonists and deal with Deafness in the main plot. Respondents will

be asked first to read these stories, and then made to answer a questionnaire about their interpretation of the stories, especially if they perceive the Deaf protagonists to be portrayed positively or negatively, if the Deaf experience is a medical one or a cultural one, or if the resolution to the Deaf experience is desirable or undesirable.

The study is limited to the City of Valenzuela for the following reasons:

- The SPED division of the Department of Education in Valenzuela has centralized the education of Deaf students so that the division schools with SPED classes are “focused,” with one school’s SPED class catering only to Deaf students and the other SPED schools catering to the other disabilities.
- As a result, there is a high concentration of Deaf students in the identified school, grouped in three classes: grade 1 level, multi-grade 2-3, and multi-grade 4-6. The total population count is 52 students.
- Upon learning of the project, a locally elected official provided administrative support and expressed interest to adopt the results of the study towards developing programs to improve the quality of Deaf education in the locality.

The classes are currently handled by two teachers, one handling the 4-6 levels, and the other handling the 1-3 levels of two classes. They will be surveyed using a survey questionnaire (see appendix A). Where applicable, answers will then be analyzed and categorized into a nominal rating scale of positivity and negativity (e.g. positive portrayal of Deaf protagonist, negative attitude towards Deafness).

To interpret the results, the paper shall use discourse analysis to describe the discourse frames by which the stories were constructed, and determine if the respondents agree or disagree with such a construction, thereby manifesting such attitudes, values and beliefs which are being measured by the survey.

## DISCOURSE AND DEAFNESS

Most definitions and notions of discourse are the same in that discourse goes beyond the sentence as a unit, and looks at a group of statements which together construct a language, a kind of knowledge, or as Foucault terms it, a “discursive formation.” It is this discursive formation that limits the kinds of statements that can be included as their conditions must be consistent with the knowledge produced in the discourse, or with how a topic can be constructed.

In his discussion of language and meanings, Lehtonen (2000) further explains that “[s]tatements that form a discourse are regulated by a certain *discursive practice*. It creates a group of compelling

unspoken historic rules, which in turn determine in a certain social, economic, geographic or linguistic area what can be said, how it can be expressed, who may speak, where, and under which dominant preconditions.” (41)

It is for this reason that the concept of discourse is often closely associated with the concept of “ideology.” This is because using “ideology” facilitates discussions on what is consistent and inconsistent within a given discourse. After all, “all discursive use of language aims at producing certain effects and subject positions in the recipient,” (47) just not to the same degree or with the same level of success. While this paper does not directly deal with ideology, it will inevitably delve into it if only to establish the discursive formation in the texts.

Lastly, meanings and knowledge produced in discourses manifest themselves in texts – written or otherwise. While text and discourse are often used interchangeably, texts have the quality of specificity and concreteness while discourses tend to lend itself to more “universal” patterns across texts. Ultimately texts that share a common set of central assumptions are said to belong to one discourse, thus we talk not only of intratextual relations but intertextuality and extratextuality or how a text relates with other texts and the world it belongs to.

So what is the discourse on Deafness as told in the two children’s stories?

Let us take a look.

#### INTRATEXTUALITY AND INTERTEXTUALITY

##### **“Ang Kuya ni Karina”**

*Ang Kuya ni Karina* is the story of 5-year-old Karina and her older brother, Kuya Miko, who was born deaf. Karina generally enjoys her brother and the many activities they do together. Although her Kuya Miko is made to go to speech therapy, Karina still finds it difficult at times to communicate with him. One time, Kuya Miko gets frustrated at Karina for not understanding what he said, and Karina feels hurt. Mother helps them patch things up, and when Kuya Miko tries to speak to Karina to tell her he loved her and quacks like a duck, the two are happy again.

In this story, Kuya Miko as the deaf person is referred to as “di-nakakarinig” or “hearing-impaired,” as the story opens with this question: “*Ano kaya ang pakiramdan ng isang batang hindi nakararinig?*” Often mistaken to be a politically correct term which began in the 1990s, this label is looked down upon by the Deaf community. This is because the term focuses on their disability and defines them on this basis, so that they are regarded as hearing people, but with deficiencies or impairments. They

are not complete humans like most hearing people are. This is characteristic of the traditional view of Deafness that sees their condition as a medical one, since the nature of the impairment is usually diagnosed and treated by medical practitioners, as opposed to say, educators or spiritual directors.

Although the book only uses the term “di-nakakarinig” twice in the book, there are other markers that reflect this view:

- Kuya Miko is made to undergo speech therapy. In order to treat his condition and make him more human or hearing, he has to learn how to “speak”, if not hear. Thus he has to take oral lessons to use his voice, and to learn how to lipread to appear as if he can hear.
  - *Nag-aaral magsalita si Kuya. Kaya pagkatapos ng klase niya, may speech therapy pa siya.*
  - *Dahan-dahang magsalita si Nanay at Tatay para mabasa raw ni Kuya ang kanilang bibig. Ako rin, dahan-dahan kung makipagusap kay Kuya.*
- Although the text does not say so, the illustrations show Kuya Miko wearing a hearing aid. In the Deaf community, hearing aids have become a cultural symbol, but a negative one at that. This is because a deaf person who embraces her Deafness as an identity will have no need for hearing aids. After all, as their name implies, they are merely “aids” to one’s ability to hear. A totally deaf person has no residual hearing for the device to amplify.
- Kuya Miko has emotional problems. Most deaf people are often characterized as having difficult behavior and attitudes, such as being irritable, hot-tempered, introverted or even neurotic. (Watson) This is evident in the following lines:
  - *Minsan, hindi ko maintindihan ang sinasabi ni Kuya. Hindi kasi siya malinaw magsalita. Nagalit siya sa akin at umiyak nang umiyak. Pinunit niya ang larawan ng pato na pinapakita niya sa akin.*

While hearing people may also exhibit these same behaviors, deaf people are considered to be suffering from personality maladjustment more than hearing people are, so that while there is some truth to the fact that their frustrations arise from their difficulty to communicate, it might not be accurate to say that their “personality problems” are the direct result of their deafness than the result of the lack of understanding on the part of the hearing. (3: A Deaf Personality?) Thus, the usual solution is not to bridge communication but to treat them or to restore their hearing (or as close to being hearing as possible) since the Deaf person is psychologically ill. The following passage exemplifies this point of view:

Deaf persons in general “by the nature of their defect” tend to think in vaguely wholistic and concrete terms. Hence, a thought disorder may be strikingly simulated in their written communications, which often show a fragmented, confused and primitive quality. Without knowledge of the specific



language handicap of the deaf, these written communications might suggest the kind of thought pathology seen in chronic schizophrenia.

Something that may have a scaring effect regarding deaf persons is that when they are under severe psychic stress and are not able to express adequately what they think and feel, they may react in excitement explosions or abnormal single reactions...

... Our experiences are that congenital or early acquired deafness may give a certain personality structure – surdophrenia – and that deaf persons with nervous reactions are in need of specialized psychiatric service. (Basilier 72-73)

That was 1964, when the concept of Surdophrenia, or the Psychology of the Deaf, was coined and pervaded the literature of psychological study. While this notion has now been largely debunked, it still persists today.

It should be noted that Kuya Miko is also described as having less “disturbing” traits.

- *Magaling siyang magbisikleta. Magaling di siyang maglaro ng basketbol. Kayang-kaya niyang magdribol ng bola.*
- *Mahilig din kaming gumuhit at magpinta... Paborito ni Kuya ang gumawa ng iba’t ibang hayop.*
- *Marami kaming ginagawa ng kuya ko. Naglalaro kami ng bahay-bahayan. Siya ang tatay at ako ang nanay. Nagluluto-lutuan kami. Nag-aalaga kami ng aming mga anak.*

While these descriptions seem positive, it is not necessarily inconsistent with the construct of the Deaf person as hearing-impaired in that Deaf persons, due to the loss of the auditory sense, compensate through the other senses, specifically the visual and the kinesthetic. Thus, most Deaf persons are known to be more adept at physical activities and visual art. However, these talents are usually regarded as “super” talents for a person who has intellectual and psychological delays.

The fact that the text takes the form of a children’s story also merits this characterization. The blurb at the back of the book says: “Sadyang inihanda ang mga kuwentong ito... upang matulungan ang ... [mga bata] na maintindihan at malutas ang mga hinaharap na isyu at problema sa unang anim na taon ng buhay.” Characters and problems, no matter how grave, must always have some saving grace. It is what distinguishes children’s literature from adult literature – the sense of hope that every child reader must be left with at the end of the story.

- Kuya Miko learns to speak. The story's supposed happy ending is when Kuya Miko, upon coming home from school with a newly-hatched duckling from a class experiment, gives the duckling to Karina as a gift and says, "*Kwak! Kwak! Mahal kita, Karina.*" Finally, all their efforts bear fruit as Kuya Miko speaks and as Karina puts it, "*Malinaw na malinaw, sabi sa akin ng kuya ko!*" What is interesting is how Karina responds. She says in the end, "*At kwak, kwak, kwak, mahal ko rin siya.*"

In the story, the reader is prepared for this when in the earlier part, the reader is told that "*May alagang bibe si Kuya at mga kaklase niya sa kanilang klase.*" Thus, when Kuya Miko comes home from school to give the duckling to Karina, and they both quack in the end of the story, it does not seem out of place. However, the use of the duckling may actually be a way of explaining why Kuya Miko sounds funny when he talks or a way of giving him a reason to sound weird.

More often than not, Deaf persons who go through oral training persist to have speech impediments precisely due to their deafness, not having heard, and therefore not knowing, the sounds they have to produce. This has been a common issue in the debate on the efficacy of oralism since more often than not, deaf persons who can voice are usually only intelligible to immediate family members and friends. It is also one of the reasons why Deaf people pose some form of resistance to oralism because they feel ridiculous, or sound ridiculous, as evident in the responses of the hearing ("You sound funny").

### **"Ang Tahimik na Mundo ni Bunso"**

As the title implies, it is the youngest child this time who is born deaf, and like *Ang Kuya ni Karina*, the story is told from the point of view of a sibling. There are other similarities:

- Bunso has super talents. "*Ang bunso kong kapatid, kakaiba talaga. Nakabibilib, nakatutuwa... Kapag kakampi ko siya sa patintero, / Lagi kaming nananalo. Ang bilis / Niyang tumakbo! Di siya mahabol / Ng kamay ng taya. Kay liksi niyang / Umiwas sa patototot! Lahat ng / Nakaharang ay kaya niyang lusutan... / Tuwing kasama siya ni Tatay sa mga bertdey / Party, numero uno siya sa sayawan. Lahat / Ng napanonood na galaw ng sayaw sa TV, kuhang-kuha niya talaga! / Ang galling niyang kumembot! / Kay bilis niyang umikot at kay husay umindak!*" Like Kuya Miko, Bunso is kinesthetic, being agile and graceful with his body. He is described as "kakaiba" or different, and "nakabibilib" or amazing, as though these talents are extraordinary for a young deaf boy.

- But Bunso's talents are quickly negated. *"Ngunit kapag may kotseng dumaraan, hindi / Niya ito namamalayan. Hindi siya agad / Tumatabi kapag may businang nakakabingi, / Bip! Bip! Biip! / Bata! Tumabi ka ryan! / Ang sigaw ng drayber ng sasakyan. / Hindi ito papansinin ni Bunso / Hanggat siya na mismo ay hilahin / Ko para pumunta sa tabi ng kalsada. / kapag wala na / Ang tugtog, hindi siya / Tumitigil sa pagyugyog. / Mahilig siyang sumali / Sa ganitong palaro, / Pero ni minsan ay hindi siya nananalo. / Maganda pa naman ang / Mga papremyo sa mga / Bertdey party."*

To be shouted at, to be told to get out of the way, to lose at games and not win the prize are all considered undesirable outcomes as signaled by the words "ngunit," "hindi," and "pero." Notice also the expression, "maganda pa naman," as though there is a sense of regret or "panghihinayang." And because they are undesirable outcomes, it cannot be helped that such outcomes are associated with the speculated cause, which is deafness.

- Bunso has emotional problems. *"Kapag mayroon siyang hiling / Na hindi naming maibigay / Agad, pumapamewang na, / Sumisimangot pa! Hindi / Nagsasalita, pero lahat ng bagay / Na madampot ay iniitsa. / Pati pintuan ng kanyang kwarto / ay ibinabagsak. // Hindi niya masabi ang kanyang / Kailangan. Hindi niya kayang / Sabihin nang maayos ang / kanyang nararamdaman. // Hirap kaming siya ay maintindihan / Kaya madalas siya ay ang-aalboroto. / Dito na lumalabas ang nawawalang / Boses ni Bunso. // Dinig hanggang sa dulo / Ng kalye ang pag-iyak / At pagsigaw niya. / Aaaah! Aaaah! Aaah! // Parang trumpo kung ikutin niya ang loob / Ng bahay. Parang bagyo kung itapon / Niya ang mga bagay-bagay. Puro ilag, / yuko, at tago ang aking nagagawa. Hindi / maintindihan ni Nanay kung bakit siya / nagagalit. Hindi malaman ni Tatay kung / paano siya mapatatahimik."* Like Kuya Miko, Bunso's inability to express himself and the resulting inability of his family to understand him causes emotional outbursts or, as Basilier describes it, "excitement explosions." Bunso is "pumapamewang," a body language that denotes irritation, anger, impatience or even dismay. "Sumisimangot," "nag-aalboroto," "hanggang sa dulo ng kalye ang pag-iyak at pagsigaw," "parang trumpo," at "parang bagyo" – it is no wonder psychologists in the 60s described deaf persons to have a "scaring effect" and concluded it to be a psychological condition.

Bunso is inevitably characterized as the one with problems, evident in the family's questions: *"Maraming tanong ang gumagambala sa aming isipan. Bakit kaya / Ganito si Bunso? Bakit hindi siya mahilig makipag-usap? Bakit / Hindi niya sinasabi ang iniisip niya? Nasaan ang boses ni Bunso?"* As a result, the family takes him to a doctor to be tested. *"Minabuti naming dalhin siya sa espesyalista..."*

While the initial observations might have had the benefit of the family members not knowing that Bunso was born deaf, the discovery of Bunso's deafness only confirms the notion of deafness as the direct cause of the emotional outbursts. *"Kaya pala madalas / Siyang mag-alboroto at / Magwala kapag di namin / Maintindihan ang gusto / niya. Di niya masabi ang / saloobin niya."* Compare with this: *"Kaya pala madalas siyang mag-alboroto at magwala kasi di kami makaintindi ng gusto niya."* Notice how the latter utterance attributes Bunso's difficult behavior to the family's inability to understand him, rather than his deafness.

- Bunso wears a hearing aid and undergoes speech therapy. This story is more explicit in showing that Bunso's deafness is a medical condition that needs corrective treatment, as shown by the family's visit to a specialist. The story also describes in simple terms what the nature of the problem is (*putul-putol ang mga hair cell sa cochlea / ni Bunso. Hindi ito gumagalaw kapag may tunog na dumaraan. / Hindi tuloy siya makarining*) and how they attempt to solve it – specifically with the use of a hearing aid. Like Kuya Miko, a hearing aid and speech therapy will help Bunso assimilate the traits of hearing people – “hearing” and “speaking” – that will minimize, if not cure, his impairment.
- Bunso speaks. *"Hindi maihahambing ang aming kasiyahan / Nang marinig namin ang boses ni Bunso. Lalo na / Nang kanyang sabihin sa akin, / Salamat, Kuya. // Mahal kita!"* This is evidently a happy outcome as the family is overjoyed to hear Bunso speak.

#### EXTRATEXTUALITY

Based on the discussion above, both texts appear to belong to the same discourse of deafness as a disability.

- Notice, in fact, how in both stories, nowhere is the word “bingi” or “deaf” used to describe the protagonists, or “deafness” to describe their condition. The only time the word “bingi” appeared was to describe the loud horns of vehicles (“businang nakabibingi”) that Bunso could not hear. Ironically, most people think that “deaf” is a negative word, and that “hearing-impaired” is more politically correct or polite. This is similar to the labels “chinoy” and “intsik,” where most Filipino-Chinese prefer using the word “chinoy” as it denotes pride in one’s Filipino and Chinese heritage, while “intsik” is deemed derogative and reminiscent of Filipino-Chinese stereotypes that are often negative such as stingy rich merchants in Binondo wearing sando and slippers. Filipinos, on the other hand, think “chinoy” is a comical imitation of “pinoy,” which connotes pride in one’s Filipinoness, while “intsik” is more respectable.

- Notice how in both stories, deafness is a negative experience, both for the person “inflicted” with deafness, but especially for the family to whom the Deaf person is born. *“Parang hindi ko matanggap / ang sinabi ni Dok. // Napatingin sa malayo si Tatay. // Napaiyak naman si Nanay.”* This is a very common reaction, especially in Philippine culture, where occurrences in the family such as these, are experienced with feelings of shame. Many families with Deaf members often do not learn sign language and rarely think of having the Deaf member undergo sign language classes as an immediate step. Thus, many Deaf individuals acquire a language, if at all, at a very late age, too late for any human being.
- Notice how Filipino Sign Language as the natural language of the Filipino Deaf is not the preferred language of use by the families for the Deaf child-protagonists. Although Kuya Miko is mentioned to have only begun to learn signs (“nag-aaral pa lang siya magsalita at gumamit ng senyas”), it is most probably correct to assume that Kuya Miko is learning Sign-Supported Speech (SSS) or Signing Exact English (SEE2). These are artificial systems of visual communication generally known as Manually Coded English or MCE, which attempt to represent the English language through the hands. SSS involves voicing everything in English while using a form of MCE such as SEE2 at the same time. The vocabulary, syntax and pragmatics of English take precedence over the signs used, although the signs may be borrowed from a sign language.
- Notice how in both stories, the happiness of the family, and of the Deaf person, is dependent upon the Deaf person’s ability to behave like a hearing person or participate in the language of the hearing.

These discursive practices are characteristic of a world outside of the text, and to which the text belongs, a world that practices audism - the notion that Deaf people can only be productive members of society if they are able to participate in the language of the hearing culture.

Audism as a concept was coined by a Deaf scholar, Tom Humphries, in his unpublished essay, “Audism: The Making of a Word.” (1975) In this essay, Humphries describes audism as the “notion that one is superior based on one’s ability to hear or behave in the manner of one who hears.” (Bauman) This definition describes the attitudes and behavior of most people who assume that being hearing is superior to being Deaf. Thus, they judge people’s intelligence on the basis of their ability in the language of the hearing culture, the spoken languages. They assume that a Deaf person’s happiness depends on the possibility to hear again, or at the very least, to “speak” the language. (It should be noted that “speak” as used here means the ability of a Deaf person to use speech merely as a vocal ability and not as a cognitive ability, meaning a Deaf person may vocalize a word but such vocalization is rendered meaningless by the Deaf person’s deafness.) (Tiongson and Martinez)

In his essay, Bauman further expounds on this concept by exploring three dimensions of audism: the individual, institutional and metaphysical. According to him, individual audism manifests itself much like most forms of individual racism, where an individual holds beliefs and exhibits racist behaviors such as low expectations on academic performance. Institutional audism, on the other hand, points to larger systems of oppression that can manifest itself in societal structures and the notion of privilege allotted to hearing people. Lane (2000) cites the medical and educational institutions as common sites for this kind of audism, when they claim to act in the interest of the Deaf by making them adapt to hearing norms through cochlear implantation and mainstreaming.

	186	...scattered people...unconverted remnants of the <b>Tagalog, Bikol and Bisaya tribes</b> , frequently crossed and mixed with the Negrito population, which they allied themselves with when they fled from the Christianized towns (p.781).			
	187	They speak what is frequently locally described as "pure Bisaya" and "pure Bikol" and everything about them points to their identity of origin with the Christian population (p.781).			
Bukidnon of Occidental Mindoro	188	"Monteses"...these primitive people are, <b>in his estimation</b> , the same race as the Christian people of the coast, although differentiated somewhat by reason of isolation and environment in dialect and physical features (p.777).			
	189	...as a rule, peaceable, though they have allied themselves with the insurgent "Babaylanes" operating throughout this region (p.777).	<i>Second Annual Report of the Chief of the Ethnological Survey for the Philippine Islands (formerly the Bureau of NonChristian Tribes) to the Secretary of the Interior</i>	David P. Barrows	1903
	190	...the people of the vast unexplored region, as the Llanuras de Tablas, are of the same type, though perhaps a little <b>wilder</b> and not so far advanced in culture.			
Mangyan	191	... <b>primitive</b> ...(p.778)			
	192	In many cases, the type is mixed with Negrito who appears as what must be half-breeds in the Mangyan communities (p.782).			
	193	...closely allied to the Tagbanua tribe (p.782).			
	194	The <b>pure</b> Mangyan is a typical, primitive Malayan; a slender, small man, with brown skin, dark, slightly wavy hair, and sensitive face and uneasy, distrustful disposition (p.782).			
	195	...is not far removed from that of the <b>Christianized tribes</b> of the Philippines (p.782).			
	196	...seems to belong to a wild stock of low culture not reached by the early missionary efforts ...(p.782).			
Tagbanua	197	...the primitive Malayan people who inhabit the islands of Busuanga and Palawan. On Busuanga, the type seems to be pure Malayan, but on the island of Palawan there is evidence of considerable Negrito admixture...the crossing of two races (p.782).			
	198	The name is comprised of the Malay word <i>banua</i> , meaning "country" and...prefix <i>taga</i> , meaning "people of." (p.782).			
Monteses and Manobo	199	...two tribes (in Northern Mindanao)...apart from the Bisaya settlements along the coast...which, while separated by designation, appear to be closely allied... they are very nearly related to the Christianized Bisaya (p.782).			
Moros	200	...pirates			
	201	...Mohammedan tribes of the Philippines...collectively designated by the Spaniards as "Moros" or "Moors." This is not a tribal name nor an ethnic designation at all.			
	202	(They) comprise a number of separate and distinct tribes of different origin and character (p.784)			
(Moros of Sulu)	203	The most prominent of the Moro tribes ...ruling over Samal populations in almost every case.... (p.784).			
	204	We find among their population several types differing in physical peculiarities, which are sometimes puzzling...(p. 784).			
(Samal)	205	...widely scattered tribe (which) is, in my opinion, the true			

Moros)		Malay, the Orang Salat of the Straits (p.785).			
	206	...are simply descendants of the notorious "sea gypsies" ... (p.785)			
	207	The name Samal or Sama means in their own language simply "companion." (p.785).			
	208	...the last strongholds of piracy to be destroyed by the Spaniards (p. 785).			
(Samal laut o Bajau)	209	...the rude seafaring tribe from whom the Samal people are derived...live wholly in their small boats or vintas, never building homes upon the shore (p. 785)			
	210	...a rude and undeveloped race, depending almost wholly upon the sea for their sustenance (p.785).			
	211	...are very imperfectly Mohammedanized and are regarded with contempt by the Sulu and more advanced Samal who refer to them as pagans and swine eaters (p.785).			
	212	...have the most rudimentary social organization and submit temporarily to the government and exactions of the dato on whose coast their boats are finding shelter...			
	213	...have always borne a very bad reputation, and centuries ago were described by the Portuguese historian, De Barros, as "a people who dwell on the sea and whose occupation is to rob and fish" (p. 785).			
(Ilanon)	214	...the Moro tribes occupying the coast of Illana Bay...and their name, which means "people of the lake," would indicate that they are very closely related to the Lanao Moro of the interior of Mindanao (p.786).			
	215	...the worst pirates of Mindanao (p.786).			
(Malanao)	216	...the fierce and unsubdued Moros of the Lake Lanao region, who have been repeatedly whipped during the last year and a half by the expeditionary forces of the United States Army (p.786).			
(Magin-danao)	217	...one of the most advanced and, after the Sulu, the most important of the Moro tribes (p.786). ...both of these powers (the Sultanates of Sulu and Magindanao) are now singularly decayed (p.786).			
	218	The present sovereign, Sultan Mangigin...is now an exile from Cotabato, very poor...a victim of the opium habit,...without present prestige or power to regain his position (p.787).			
	219	Their habitat has always been the fertile valley of the Rio grande de Mindanao (p. 786).			
(Kalibugan)	220	...sparse people (who) appear to be neither more nor less than Subanon...(p. 786).			
(Yakan)	221	A distinct people of the primitive Malayan type (inhabiting) the island of Basilan (p.786).			
	222	...closely related in type and in culture to the Subanon of the Mindanao mainland (p.786).			
	223	...are fierce and fanatical Moros (p. 786).			
Subanon	224	... the only tribe of western Mindanao ...who can be reached from either the north or south coasts and who are found in small numbers in the upper part of Zamboanga Peninsula (p. 782). ...one of the oldest tribes to settle in Mindanao.			

	225	The tribe appears to belong to the typically Malayan race....(with) no evidence among them of admixture. The type among men and women is very pure (p.782).			
	226	Their name is compounded of the word <i>Suba</i> , "river," and the suffix <i>non</i> ,..."people of the river," as distinguished from the seafaring Malays (p. 783).			
	227	Though not warlike and thoroughly cowed by the Moros, the Subanon religion demands a tribute of human life...(p. 783).			
Pagan Tribes of Eastern Mindanao	228	Manobo, Tiruray, Bilan (sic), Tagacaolo, Bagobo, Mandaya, the forest-dwelling Ati north of Mt. Apo, and several other tribes whose exact character and affiliations remain to be determined...have previously been referred to as "Indonesian" (p.783).			
	229	These various tribes...while pagans and characterized by customs of human sacrifice, head hunting, and perhaps ceremonial cannibalism, are by no means mere savages in culture (p.783).			
	230	...are usually scattered throughout the foothills (p.783).			
	231	...the Moros have possessed a decided advantage over them in weapons and organization.... Their great weakness consists in their rudimentary and inadequate political capacity (p.783).			
	232	...strikingly inferior to the American Indian (p.783).			
Pagan Tribes of Iloilo and Antique	233	Some of these people have established relations to a certain extent with the pueblos—in order to be able to purchase such merchandise as they need in the way of dress and to sell their products, the principal of which is hemp—are baptized and pay the cedula tax (p. 216).			
	234	...they are also vindictive and can not forget old grudges, going to the extent of committing murder whenever they believe that they have been ill-treated (p. 216).			
	235	...are at war with each other and ...irreconcilable enemies (p.217).			
Non-Christian Tribes	236	The territory occupied by (them) ... is for the most part rugged and without roads or even pony trails (p. 59).	<i>Report of the Secretary of the Interior <u>sa</u> Fourth Annual Report of the Philippine Commission</i>	Dean C. Worcester	1903
Igorrotes	237	family of mountain tribes (p. 60).			
Bontoc	238	...very primitive tribe (p. 61).			
Igorot	239	...the great stock of primitive Malayan tribes (p. 891)	<i>Fifth Annual Report of the Philippine Commission (Part 3)</i>		1904
	240	...these people ... being most numerous in the old Spanish politico-comandancias of Bontoc, Quiangan, Lepanto and Benguet, and in the province of Abra (p. 891).			
(Quiangan)	241	...the very heart of the head-hunting region, occupied by a fierce but industrious people... (p.892).			
The Moros	242	...retain all the conservatism of the Mohammedan devotee... (p.893)			
The Pagans	243	... are in a state of barbarism in which it is impossible for them to understand the reason or advantages of schools (p. 893).			
Tinguanes	244	"wild people" (p. 53).	<i>Report of the Secretary of the Interior <u>sa</u> Sixth Annual Report of the Philippine Commission (Part 2)</i>	Dean C. Worcester	1905
	245	...are in many ways quite as civilized as their Christian neighbors (p. 57).			
Igorot	246	wild tribes of Northern Luzon (p. 56).			
Negritos	247	...wholly incapable of attaining any considerable degree of			



		civilization (p. 57).			
Non-Christian	248	...are divided into numerous tribes, each with its distinct language and its peculiar customs. Some of them are pacific and gentle in the extreme, while others are very warlike (p.57).			
Tinguian country	249	...I am inclined to believe ... that such a trip would not always be safe for Filipinos (p. 418).	<i>Report of the Ethnological Survey sa Sixth Annual Report of the Philippine Commission</i>	Merton L. Miller	1905
Bilans	250	...a tribe living in the hills some 15 miles south of Santa Cruz (in Davao) (p. 419).			
Moros in the Gulf of Davao	251	...are Moros in name than in religion (p. 419).			
Negritos of Panay	252	...seem less civilized, less accustomed to dealing with other people than those of the lowlands; their dress is a little more primitive, but they are like Visayans in general appearance (p. 419).			
	253	...elusive people...these little blacks (p. 420).			
	254	I was told that some Filipinos who like the <b>lazy life</b> of the Negritos, and who are glad to avoid paying taxes, go to live with the little black people and intermarry with them (p. 420)			
Bukidnon	255	...are apparently a distinct tribe , separated in language and in custom from their Visayan and Manobo neighbors (p. 420).	<i>Report of the Ethnological Survey sa Sixth Annual Report of the Philippine Commission</i>	Emerson B. Christie	1905
	256	...are a barbarous people...have no other name for themselves than Bukidnon or Montesco...(p. 421).			
	257	...a name given by the Visayan to mountain people in Negros (p. 421).			
The Subanos	258	...an interesting example of pagan population of Mindanao...less advanced people (p. 421).			
The Subanos	259	... the relatively civilized Subanos living among the hills near the coast, ... who have been influenced by the Moro civilization through their large trade in rice, and the much more primitive Subanos living in the highlands, and consequently called by the former... "tau tasan" or highlanders (p. 424).			
	260	...timidity and reserve of these people (p. 425).			
Iranun	261	...raiders (p. 425).			
Samal	262	...pirates (p. 425).			
Bontoc	263	"Fun-tak" – a common native word for mountain, the original name of the pueblo (p.33)	<i>The Bontoc Igorot</i>	Albert Jenks	1905
	264	...appears to be in a transition stage, not usually emphasized, between the communism of the savage or barbarian...and the more advanced forms of society...(p. 138).			
	265	For unknown generations these people have been fierce head-hunters (p. 172).			
	266	...a savage...but remarkably industrious for a primitive man... His... most-enjoyed and highly prized recreation—is headhunting. But... a very likable man...there is little about his primitiveness that is repulsive... I have a most sincere and interest in and respect for the Bontoc Igorot as a man (p. 14-15).			
Ifugao	267	"I-pu-kao" or "I-fu-gao" – the "people"... (p. 33) [ <i>tawag ng mga taga-Bontoc sa kanilang sarili</i> ]			
	268	Twenty per cent of the adults have abnormal feet (p. 46)			
	269	the society is too simple... (p.138).			

Igorot of Quiangan	270	noted for such robberies made on the pueblos of Bagabag and Ibung to the south in central Nueva Vizcaya (p. 138).			
Negrito of Buracay	271	...very peaceable and are engaged in the manufacture of barotos, or bancas, under the direction of native Christians (p.217)	<i>Fifth Annual Report of the Executive Secretary for the Philippine Islands covering the period from July 1, 1905 to June 30, 1906</i>		1906
Non-Christians of Palawan	272	...are divided into three tribes – the Mohammedan Moros who have a few scattering settlements on the island of Balabac and along the southern third of the coast of Palawan; the Tagbanuas who inhabit the interior of the southern third of the island and extend down to the coast in its central portion; and the Bataks, a Negrito tribe found in the interior of the central portion of the island and occasionally coming down to the east and west coasts (p. 4).	<i>Report of the Secretary of the Interior sa Annual Report of the Philippine Commission</i>	Dean C. Worcester	1906
(Moros of Palawan)	273	...are chiefly renegades who have violated Moro laws and have been driven out of Jolo or Tawi-Tawi. They do not cultivate the soil. They fish a little, but for the most part try to steal their living from the Tagbanuas of the interior... they have engaged actively in piracy (p. 4).	<i>Report of the Secretary of the Interior sa Annual Report of the Philippine Commission</i>	Dean C. Worcester	1906
	274	...oppressors of the Tagbanuas of southern Palawan (p. 5).			
(Tagbanua)	275	...Palauanes (p.3).			
(Batak)	276	...Tinitiano (p. 3).			
(Tagbanua and Batak)	277	...are normally peaceful, law-abiding, and, for <b>wild</b> people, reasonably industrious (p.5).			
Apayao	278	...unexplored mountain region situated in the eastern part of Ilocos Norte (p.6).			
Apayao and Kalinga	279	...the inhabitants of Apayao...annually make numerous head-hunting raids upon their Christian neighbors.... had an extremely bad reputation (p. 6).			
Moro	280	The general disarmament of Moros and Pagans has been accomplished and peace prevails (p. 3).	<i>Annual Report of the Governor for the Moro Province for the Year Ended June 30, 1913</i>	John J. Pershing	1913
	281	The Moros or Pagans who have come in close contact with our civilization, in the public schools or otherwise, are ... anxious to improve their standards of living and, ... are inclined also to adopt our manners and customs.... if followed up by other civilizing forces, may lead eventually to the <b>social evolution</b> of these wards (p. 33).			
	282	The Moro does not take naturally to cleanliness, but it must be thrust upon him. Recourse to arrest and even imprisonment is often necessary to enforce sanitary rules among the <b>uncivilized</b> population (p. 41).			
	283	There has been some raiding and slave-taking among the <b>wild tribes</b> of the upper Agusan River (p. 61).			
	284	In Lanao, pursuit of <b>outlaws</b> has been vigorous since 1909...(p. 61).			
	285	The <b>brigands</b> resumed their criminal pursuits, and sent their warriors to run amuk against our troops (p. 62).			
	286	Fanatic.. is absolutely fearless, and once committed to combat he counts death as a mere incident (p. 65).			
	287	So bitter in his hatred of the Filipino that he would probably			

		carry on the contest to the point of his own success or his own extermination (p. 65).			
	288	Cunning, fanatical courage... (p. 65).			
	289	The Filipino regards the Moro as a barbarian or a savage, while the Moro thinks the Filipino an inferior, fit only to be his slave. They are in no sense brothers, but are irreconcilable strangers and enemies in every sense (p. 64).			
	290	It is reported that Filipino women of Cotabato were compelled to parade the streets in a nude condition in front of the Moro president (p. 66).			
	291	...this (Moro) Province with its <b>teeming thousands</b> of uncivilized Malays...(p. 68).			
	292	Of all the Moros, the Joloanos (Sulus) are the most persistent in their determination to resist rational control by the government. ... a haughty people... are without exception, the most illogically perverse and doggedly unreasonable of all uncivilized tribes (p. 69).			
	293	...is clannish... the tribe as a body politic is not known among the Moros and only exists in form among the smaller wild tribes (p. 70).	<i>Annual Report of the Governor for the Moro Province for the Year Ended June 30, 1913</i>	John J. Pershing	1913
	294	Accustomed for centuries to piracy at sea and robbery on land...with slight provocation he goes forth to kill...(p. 70).			
	295	...the datu has been the instigator of the crimes of his follower...(p.70).			
	296	...[they] do not wholly acknowledge the established church and cannot in any sense be called true believers (p. 70).			
	297	It is not Allah he calls upon, but the gods of his pagan ancestors. Their Mohammedanism is only skin deep (p. 70).			
	298	The Moro often runs amuk against his enemies as an act of war, but the principal cause is as above stated [polygamy] (p. 71).			
	299	Running amuk or juramentado (p. 71).			
	300	... there is no such thing among the Moros as stable datu government... To attempt to restore datu rule ... would be to go backward a hundred years (p. 73).			
	301	Slavery has always been part and parcel of Moro Mohammedanism...(p. 74).			
Moros of Mt . Bagsak	302	<b>Lawbreakers...criminals...</b> very earnest appeals were made to induce them to listen to reason (p. 62).			
	303	<b>Desperados and criminals</b> ... band of outlaws included some of the most notorious cattle thieves and murderers that have ever infested the land (p. 63).			
	304	The only principle for which they fought was the right to pillage and murder without molestation from the government (p. 63).			
Mandayans (from the north end of Davao Gulf)	305	... the wildest and most savage of the hill tribes (p. 78).			
Manobos	306	... shiftless and lazy, and generally live from hand to mouth... are timid,... are made the prey of other tribes and of shrewd traders (p. 78).			
Bilans	307	...are not warlike but they occasionally go on expeditions			

		against the other tribes simply to show their prowess ... (p. 78).			
Attas	308	... a small tribe on the north coast of Davao Gulf back of Lasang.... They have the same traits as the Dibabawans regarding infidelity. They occasionally raid other tribes to kill so-called enemies... for tribal prestige (p. 79)			
Tirurays	309	...are poor and shiftless and of little promise ... are timid and unwarlike, and are often made the prey of the more aggressive Moro. They lack thrift and industry... (p. 79).			
The Moro Province	310	... in reality, the people are yet in dense darkness and only the merest beginning has been made toward enlightenment (p. 79).			
Non-Christian	311	... it was intended to relate to degree of civilization...to geographical area...	<i>Circular of the Bureau of Non-Christian Tribes No. 37</i>	Bureau of Non-Christian Tribes	1927
	312	...the natives of the Philippine Islands of a low grade of civilization.			
	313	...headhunting tribes of the Philippine Islands (xiii)	<i>Savage Gentlemen</i>	Mabel Cook Cole	1929
	314	Emerging in Spanish times as a general word, <b>no-cristiano</b> , along with <b>infidel</b> (infidel), to refer to those groups which resisted Christianization (p.12).	<i>Taming Philippine Headhunters: A Study of Government and of Cultural Change in Northern Luzon</i>	Felix M. Keesing and Marie Keesing	1934
	315	In accepting for the sake of convenience...the term...refers to recognized members of some eight Mohammedan groups, and twenty-two or more so-called pagan groups which cling more or less to their indigenous religious beliefs and ceremonies (p.12).			
	316	...clearly distinguishable by its geographic location and ethnic characteristics...(p. 12)			
	317	...while all have as a common historical bond the fact of refusing to submit in any great degree to the Spanish mission efforts and politico-military domination, and as a present basis of unity the existence of special legislative policies to safeguard and promote their interests (p.12-13).			
	318	...groups which have retained their old ways as against the newer patterns of Spanish-Filipino-American life (p.13)			
	319	minority groups in the Philippines (p.29).			
	320	scattered peoples (p. 21).			
	321	"Tribal peoples" ... groups whose identity is based on the autonomous kinship, or small community unit (p.12).			
Tribes	322	warring and hostile communities and nomadic bands (p.32).			
	323	do not correspond in the least with the political groupings, in which loyalty is more or less confined to the community and the kin (p.39).			
Igorots	324	Savage gentlemen (pabalat ng libro)	<i>Savage Gentlemen</i>	Mabel Cook Cole	1929
	325	Simple primitive Man in all the glory of his own simple untutored ways – a picture of untamed Man and wild nature which is rapidly being civilized from off the face of the earth (p. xv).			
	326	Mountaineers (p. 35)	<i>Taming Philippine Headhunters: A Study of Government and of Cultural Change in</i>	Felix M. Keesing and Marie Keesing	1934
	327	Philippine headhunters (pabalat ng libro)			
	328	...showing diverse ethnic characteristics (p.38).			
	329	...were scattered over the high ranges and through the lower			

		jungles in self-contained units...(p. 38).	Northern Luzon		
330		...villages with striking differences in housing, dress, social organization, and religious beliefs (p.38).			
331		Ibaloi or Nabaloi, Kankanaï, Lepanto and Amburayan peoples, Bontoc, Ifugao, Tinggian or Tinguian, pagan Gaddang, Isneg or Apayao, Kalinga or Kalingga (p.40-41).			
332		Each unit was potentially hostile to all others (p.38).			
333		All indulged in the thrilling game of headhunting which made the name of the mountain peoples a byword for cruelty and ferocity among the Christianized Filipinos (p.38).			
334		...an Ilocano mother uses it (the term Igorot) to frighten or reprove her children ... (p. 41).			

**Talahanayan 2:**  
**Buod ng Semantikal na Elaborasyon sa “Di-Kristiyano” batay sa Talahanayan 1**

SALITA: TAGURI	KATUTUBONG KAHULUGAN (dati)	PAKAHULUGANG KOLONYAL (bago)
Batak	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mula sa bundok (galing sa wikang Kuyonon)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Negrito tribe of northeastern Palawan</li> </ul>
Bontok/Fontok	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>Fun-tak</i></li> <li>Bundok</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magnanakaw</li> <li>Gaya ng mga Moro</li> <li>Namimihag at nagbebenta ng mga alipin</li> <li>Mamumugot ng ulo</li> <li><i>Savages</i></li> <li>Kriminal</li> <li>Mahirap</li> <li><i>Savage gentlemen</i></li> </ul>
Bukidnon	<ul style="list-style-type: none"> <li>Bukid (‘bundok’ sa Bisaya) at – non (taga): taga-bundok</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Buquidnones</li> <li><i>Montescos</i></li> <li><i>Monteses</i></li> <li><i>Remontados</i></li> <li>Babaylanes</li> <li>Pulijanes (sic)</li> <li>Mundos</li> <li>Igorot</li> <li>Bukitnon</li> <li>Remnants of Bikol, Tagalog and Bisaya tribes</li> <li>Galing sa mga Kristiyanong populasyon na nakipagpangasawahan sa mga Negrito</li> <li>Takas sa mga pamayanang Kristiyano</li> <li>Ibang (distinct) tribo inihihiwalay ng wika at kaugalian mula sa mga kapit-bahay nilang Manobo at Bisaya</li> </ul>
Mga Katutubo ng	Lumad ng Mindanaw	<ul style="list-style-type: none"> <li>“Hill tribes of Mindanao”</li> </ul>

Mindanao na di-Muslim	<p>Ata Ati B'laan, Bagobo</p> <p>Mandaya: Man (tao) + daya (ilaya, <i>upstream</i>)</p> <p>Manobo: katutubo o mula sa lugar; a.k.a. Mansuba: Man (tao) + suba (ilog) = taga-ilog; mula rin sa Banobo, pangalan ng isang sapa na dumadaloy sa Pulangi River</p> <p>Tagabili Tagakaulo Tiruray</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Atta, Bilan, Tagacaolo</li> <li>• Indonesian (batay sa teorya ng waves of migration ni H. Otley Beyer)</li> <li>• Sumasamba sa mga idolo</li> <li>• Ignorante/mangmang</li> <li>• Infielles/ pagans/infidels</li> <li>• Kumukupkop sa mga takas na Kristiyano: <i>remontados</i></li> <li>• Magkakaiba: mula sa pinakatahimik at pasibo tungo sa pinakamalulupit</li> <li>• Hiwa-hiwalay</li> <li>• Tinik sa lalamunan</li> <li>• <i>Tribes</i></li> <li>• <i>Cannibals</i></li> <li>• <i>Head-hunters</i></li> <li>• <i>Savages</i></li> <li>• Walang kapasidad para pamahalaan ang sarili</li> <li>• Di-hamak na mas mahina at mababa kaysa American Indian</li> <li>• (Mandayan): wildest and most savage of the "hill tribes"</li> <li>• (Tiruray): mahirap, walang pag-asa sa buhay, tamad, inaalipin ng mga Moro</li> </ul>
Ifugao	<ul style="list-style-type: none"> <li>• "I" (taga) at pugao (lupa), i.e. taga-lupa; o mga tao (people)</li> <li>• Tawag din ng mga Bontok sa kanilang sarili: 'I-pu-kao' [Jenks 1905]</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>Feroces</i></li> <li>• Lahing sadyang mabagsik</li> <li>• Mababangis</li> <li>• Malulupit</li> <li>• "puso ng rehiyon ng pamumugot ng ulo" ("the very heart of the head-hunting region")</li> <li>• Sadyang pahirap sa gobyerno</li> <li>• Uhaw sa dugo</li> </ul>
Igorot	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mula sa dalawang salitang "i" (taga) at golot/golod (bundok o mataas na lupain), i.e., taga-bundok</li> <li>• Singkahulugan ng "tinggi," "sambal," at "daya", i.e. interyor (Scott 1962: 155-156)</li> <li>• Tumutukoy sa sumusunod na grupo: <ul style="list-style-type: none"> <li>Apayao (Isneg)</li> <li>Ayangan</li> <li>Bontok</li> <li>Bummayon</li> <li>Bun-ayan (Kiangnan)</li> <li>Dadayag</li> <li>Gaddang</li> </ul> </li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Apostata</li> <li>• Arogante, mayabang</li> <li>• <i>Alzados, rebeldes, salteadores</i></li> <li>• Barbaro</li> <li>• Bastos, walang modo</li> <li>• Biktima ng mga pang-aabuso</li> <li>• Di-Kristiyano</li> <li>• <i>Gentil, pagan/pagano/walang</i> dinidiyos kundi ang kanilang mga sikmura</li> <li>• Gentil, gentilidad, tribu, tribe</li> <li>• Hayop na mabangis</li> <li>• Iba, hiwalay, tiwalag sa mga Kristiyano at sibilisado, "villages with striking differences"</li> </ul>

	<p>Ginaang Ibaloi Ilongot Ipukao/Ifugao Isinay Kalinga Kankanay Mayoyao Silipan Tinggian (Itneg)</p> <p>[Jenks 1905]</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Iba sa mga Tinggian at Ilongot, maging sa mga Ifugao</li> <li>• <i>Igorrotes, Igolotes</i></li> <li>• Imoral</li> <li>• Independiente</li> <li>• <i>Indios montareces</i></li> <li>• <i>Indios de los montes; indios serranos</i></li> <li>• <i>Infel</i>, pagano, walang relihiyon</li> <li>• iskandaloso</li> <li>• Kaaway ng mga Kristiyano</li> <li>• Kinatatakutan</li> <li>• <i>Malevolo</i>, Kriminal, masamang-loob</li> <li>• May-sa-demonyo</li> <li>• Magkakaiba at nag-aaway-away</li> <li>• Magnanakaw, mandarambong, manliligalig, mananambang</li> <li>• Mahina</li> <li>• Mahirap, hampas-lupa</li> <li>• Mahirap maunawaan, walang lohika, di-mawari</li> <li>• Mailap</li> <li>• Makasarili</li> <li>• Malas, aba, kahabag-habag</li> <li>• Malupit, paladigma</li> <li>• Mamamatay-tao</li> <li>• Mamumugot ng ulo, uhaw sa dugo ng tao</li> <li>• Mangmang</li> <li>• Mapang-alipin, tirano</li> <li>• Mapanlinlang</li> <li>• Marumi</li> <li>• Namumuhay sa kasamaan ng kanilang kawalan ng Diyos</li> <li>• Matakaw, masiba, manginginom, puro bisyo, gahaman</li> <li>• Matigas ang ulo</li> <li>• <i>Primitive</i>, mababang uri ng pamumuhay, magaspang</li> <li>• Primitive Malayan tribe</li> <li>• Punong-puno ng kontradiskyon</li> <li>• <i>Salvaje, savage</i>, mabangis</li> <li>• <i>Savage gentlemen</i></li> <li>• Suspetsoso</li> <li>• Tamad</li> </ul>
--	--	--

		<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tuso</li> <li>• <i>Vagamundos</i></li> <li>• Walang kapag-a-pag-asa sa buhay</li> <li>• Walang pakialam</li> <li>• (Quiangan): pinakapuso ng rehiyon ng mga “head-hunters”</li> <li>• Terminong ipinananakot ng mga Ilokanong nanay sa kanilang makukulit na anak</li> </ul>
Igorotism	(wala pa)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• (panahong Amerikano): Baluktot at mababaw na pangangatwiran</li> </ul>
Igorrotismo	(wala pa)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• (panahong Kastila): Lupain ng mga Igorot, paganismo, kawalang lohika, katigasan ng ulo, kalupitan, pamumugot ng ulo</li> </ul>
Ilongot	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tawag sa sarili ng mga Ilongot sa kabuuan; ‘i’ (mula) at ‘runut’ (gubat), i.e., taga-gubat</li> <li>• Tinatawag ding Ibilao, Italon, at Bugkalot.</li></ul> <p>[Gatan 1997: 32].</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kaaway ng mga Negrito at Igorot</li> <li>• Nag-aaway-away na tribo</li> <li>• Mamamatay-tao</li> <li>• Infiel</li> <li>• Magnanakaw</li> <li>• Mamumugot ng ulo, pinakamalupit na mamumugot ng ulo sa hilagang Luzon</li> <li>• Iba sa mga Igorot (dahil sa kanilang “physical type”)</li> </ul>
Indio	(wala pa)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• mga katutubong sinakop: <ul style="list-style-type: none"> <li>a.Cristiano, gaya ng “indios cristianos”</li> <li>b.Infieles, gaya ng “indios infieles”</li> </ul> </li> <li>• “cristianos” na lang nang malaunan</li> </ul>
Mangyan	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Katutubo; mula sa lugar</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Manguianes</li> <li>• Tribe of Mindoro</li> <li>• Primitive Malayan</li> <li>• Malapit na malapit sa Tagbanua tribe</li> <li>• Mga komunidad na nag-aaway-away</li> <li>• Nomadic bands</li> </ul>
Moros	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Muslim sa Mindanao at Kapuluang Sulu:</li></ul> <p><b>Suluanon</b> (Joloanon)/Tausug: [<i>mga tao ng agos:</i> (1) <i>tau higad – taga-baybay</i> (2) <i>tau gimba – taga-bundok</i></p> <p><b>Sama:</b> [<i>kasama</i>]</p> <p><b>Maguindanao:</b> [<i>mga tao ng kapatagan (floodplains)</i>]</p> <p><b>Maranao:</b> [<i>(mga tao ng lawa (ranao))</i>]</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>Moors /Moros</i></li> <li>• <i>Mohammedans</i></li> <li>• <i>Mohammedan</i> sa pangalan lang</li> <li>• <i>Mohammedan tribes</i></li> <li>• Iba’t iba at hiwa-hiwalay na tribo</li> <li>• Kaaway</li> <li>• Bastos, walang modo</li> <li>• Barbaro</li> <li>• Malulupit na tao</li> <li>• <i>Brigand</i></li> <li>• <i>Fanatic</i></li> <li>• Pirata</li> <li>• Tribo</li> <li>• Likas na marumi</li> <li>• Mangmang</li> </ul>



	<p><b>Ilanon/Iranun:</b> <i>[mga tao ng lawa]</i></p> <p><b>Kalibugan:</b> “halo” (half-breed), resulta ng pagpapangasawahan ng mga Muslim na Samal at Yakan o Muslim sa baybayin ng Zamboanga at katutubong Subanon</p> <p><b>Badjaw o Sama D’laut</b> (taong dagat)</p> <p>Yakan</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mapagkunwari, mapanlinlang</li> <li>• Namimihag</li> <li>• Ubod ng bangis</li> <li>• Wild tribes</li> <li>• Outlaws</li> <li>• Uncivilized Malays</li> <li>• (Sulu): Maraming pisikal na pekyuliyaridad; pinakawalang katwiran sa lahat ng “uncivilized tribes”</li> <li>• (Samal): sobrang kala-kalat at hiwa-hiwalay, inapo ng mga “sea gypsies” na may masamang reputasyon</li> <li>• (Bajau): bastos na mga “sea gypsies”; lagalag; magnanakaw, masasamang-loob; lahing paurong o umurong; paganong Mohammedan, swine eaters</li> <li>• (Ilanon/Iranun): ang pinakamasahol na pirata</li> <li>• (Malanao): mabagsik at di-magapi-gaping Moro ng Lawa ng Lanao</li> <li>• (Maguindanao): nabubulok na kapangyarihang Moro</li> <li>• (Yakan): Morong panatiko at mabagsik</li> <li>• (Moro ng Palawan): nang-aapi ng mga Tagbanua</li> <li>• (Moro ng Bud Bagsak): <i>desperados and criminals</i></li> <li>• Mamamatay-tao</li> </ul>
Negrito	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tinatawag sa iba’t ibang pangalan: Aeta Agta Ata Ati Batak</li> <li>Dumagat Ibukid Ita</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Naging kolektibong katawagan sa mga “little blacks”</li> <li>• <i>Cannibals</i></li> <li>• Nasa pinakamababang antas ng sibilisasyon</li> <li>• <i>Pygmies</i></li> <li>• Tuso</li> <li>• Tahimik ang iba</li> <li>• Biktima ng mapagsamantalang Kristiyano</li> <li>• Walang kapasidad para sa sibilisasyon</li> <li>• (ng Panay): “less civilized than the Visayan,” hindi marunong makitungo sa mga tao; tamad, mailap</li> </ul>
No cristiano/ Non-Christian	(wala pa)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>infel</i></li> <li>• Pagano at Salvaje</li> <li>• Pagan or Mohammedan Tribes ...found in Luzon, Mindanao, Panay, Negros, Samar, Mindoro, Basilan, the Sulu Archipelago, Balabac, Palawan, and the Calamianes Islands</li> </ul>

		<ul style="list-style-type: none"> <li>• Problema ng gobyerno dahil sa kanilang poligamiya, pamumugot ng ulo, pamimihag ng mga alipin</li> <li>• Wild tribes</li> <li>• Wild peoples</li> <li>• Savage tribes</li> <li>• Mga tribong nagtataglay ng “distinct language and peculiar customs.”</li> <li>• Ang iba ay payapa at maginoo (gentle)</li> <li>• Ang iba ay sobrang paladigma</li> <li>• <i>Minority groups</i></li> <li>• <i>Scattered peoples</i></li> <li>• <i>Tribal peoples</i></li> </ul>
Subanon	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Suba (Ilog) at -non (taga), i.e. taga-ilog</li> <li>• Tau-tasan (mga taga-bundok) na Subanon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Subanos</li> <li>• Sunud-sunuran lang</li> <li>• Walang kibo</li> <li>• Pasibo</li> <li>• Lagalag, pagala-gala</li> <li>• Vagamundo</li> <li>• Pulubi</li> <li>• <i>Pagan</i></li> <li>• Mahiyain</li> </ul>
Tagbanua	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Taga + banua (lupa)</li> <li>• Palawan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mailap</li> <li>• Palauanes</li> <li>• Wild people</li> </ul>
Tinggian	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Itneg, i.e. mga taong naninirahan sa may itaas na bahagi ng Ilog Tineg (“I” at “tineg”), a.k.a. taga-ilog</li> <li>• Tinggi, i.e., mataas na lupain, bundok</li> <li>• Tinatawag ding Sambal</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tinguian, Tinguianes</li> <li>• Infieles ng Ilocos, infieles ng kabundukan</li> <li>• Iba sa mga Igorot dahil sa kalapitan sa mga Ilokano pero pinaniniwalaang Igorot din</li> <li>• Igorot, Igorrote</li> <li>• Di-magaping tribo</li> <li>• <i>Wild</i></li> <li>• Banta sa mga Pilipino</li> </ul>
Tribu/ Tribes	(wala pa)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga tao sa Pilipinas: Kristiyano at Di-Kristiyano (mula 1899-1903)</li> <li>• Christianized tribes</li> <li>• Non-Christian tribes</li> <li>• Nang magtagal, tumukoy na lamang sa mga di-Kristiyano</li> <li>• “warring and hostile communities...villages with striking differences.”</li> </ul>
Zambal	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Sambal</li> <li>• Igorot</li> <li>• Pangasinan</li> <li>• Tinggi</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Barbaro</li> <li>• Indios serranos (taong bundok)</li> <li>• Igorrotes</li> <li>• Pangasinanes cristianos</li> </ul>

	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Masasamang-tao, kriminal</li> </ul>
--	--

Paano babasahin ang talahanayang ito? Sa unang hanay, ipinakikita ang mga salita o taguring ginamit para tukuyin ang mga grupong labis na tumutol sa Kristiyanisasyon at kolonyalismo. Isinama rin sa talaan ang ilang mga kataga o salitang banyaga, e.g. “pagan,” “non-Christian,” “Moros,” “Indios,” “tribes” dahil ang mga ito mismo ang pamagat ng paksa ng paglalarawan. Anupa’t mahihiwatigan dito na para sa mga etnograper, malayang nagpapalitan (interchangeable) at magkasingkahulugan ang mga ito at ang katutubong taguri. Ibig sabihin, ang katutubong salitang “Igorot” at ang ipinakilalang “infiel” o “pagan” ay tuwirang magkaugnay, i.e. magkasingkahulugan at hindi lamang simpleng deskripsyon ng una ang huli. May mga espesipiko ring katagang itinampok (e.g., Ilongot, Ifugao at Tinggian) at hindi lamang mga kolektibong katawagan (e.g., Igorot, Moro). Dahil may mga kumikilalang sadyang naiiba ang mga ito sa diumano’y “kolektibong” taguring kanilang itinakda. O dili kaya naman, may eksklusibong tuon ang ilang ulat ukol sa kanila. Sa ikalawa, itinala ang katutubong kahulugan o pinanggalingan/pinaghanguan ng mga salita batay sa kaalamang bayan na binabanggit din sa ilang pag-aaral. At sa ikatlo, itinampok ang mga bagong salita (banyaga) at isinaling kahulugan ng mga paglalarawan, gayundin ang bago/binagong anyo (o baybay) ng mga nasabing taguri batay sa pagkakasulat (inskripsyon at transkripsyon) ng mga kolonyal na etnograper. Sadyang pinanatili ang mga banyagang taguri sa paniniwalang bitbit ng mga ito ang partikular na kontekstong kultural at historikal ng mga etnograpihong ulat. Kung ano’t anuman, matutunghayan sa kabuuan kung paano nabago o nagdagdagan ng mga “mapanlait” na pakahulugan ang mga taguri sa mga grupong etnolinggwistikong hindi pumaloob sa kolonyal na diskurso ng pagbubuo ng bayan “pueblo,” “town” at “nacion/nation”.

Mahalagang isaalang-alang na perspektiba ito una, ng mga eksploradores na Kastila, sampu ng kanilang mga misyonero at *conquistadores*; ikalawa, ng ilang bilang ng mga sinanay na antropologo at etnograper-opisyal na Amerikano (at Pilipino)<sup>1</sup> na nagsagawa ng sarbey etnolohikal upang tukuyin, tiyakin at uriin ang mga tao sa ganang lahi at kultura mula 1901 hanggang 1914 sa ilalim ng Bureau of Non-Christian Tribes/Bureau of Ethnological Survey/Philippine Bureau of Ethnology; at ikatlo, ng ilang piling etnograpiya ng mga Amerikano hanggang 1934. Tampok dito ang mga sumusunod na akda:

- Dalawa ang nagmula sa ordeng relihiyoso ng mga Dominiko: ang *Noticia* ni Fray Francisco Antolin (1789), at ang *Los Mayoyaos y La Raza Ifugao* ni Fray Buenaventura Campa (1894).

Ang una ay kalipunan ng mga “standard” na sanggunian tungkol sa mga Igorot ayon sa mga historyador na Dominiko, Agustino, Fransiskano at Heswita, gaya nina Diego Aduarte, Gaspar de San Agustin, Juan Francisco de San Antonio, at Francisco Colin, Juan de la Concepcion. Isinama rin niya ang unang tatlong tomo ng *Historia general de Philipinas* ni Juan de la Concepcion at ang *Conquistas* ni Casimiro Diaz, gayundin ang *Cronica* ni Antonio de Llave.

---

<sup>1</sup>Bagaman nakapagsulat din ang mga Pilipino ng ulat-etnograpiya sa parehong konteksto, minarapat ng may-akda na tumuon lang sa pag-aakda ng mga dayuhan alinsunod sa delimitasyon ng pananaliksik na ito.

Sumangguni rin siya sa buntong ng *cedularios* ng gobyerno at mga ulat sibil at militar (Scott: 1988: xiv). Hinati niya ang *Noticias* sa dalawang bahagi. Naglalaman ang una ng isang pangkalahatang perspektiba sa mga Igorot kaakibat ng isang pangkalahatang paglalarawang etnograpiya tungkol sa lahat ng aspeto ng kanilang pamumuhay. Tampok din dito ang mga salaysay tungkol sa samu't saring eksplorasyon sa lupain ng mga Igorot mula 1739 hanggang 1788 mula sa mga manlalakbay/eksplorador mismo. Ang pangalawa ay kalipunan ng mga orihinal na akdang nakaayos nang sunud-sunod ayon sa panahon na isa na umanong “maliit na artsibo” (Scott 1988: xv). Taglay ng akda sa kabuuan, ayon kay Scott, ang marka ng mataas na kapantasang maaasahan sa panahong iyon. Kung kaya, minarapat ng saliksik na ito na itampok ang akda bilang isa sa mga autoridad sa paksang “Igorot.”

Samantala, sa “Los Mayoyaos” ni Buenaventura Campa, O.P., binibigyan ang mambabasa ng pagkakataong matitigan nang malapitan ang kaso ng mga Ifugao ng Mayoyao at Quiangan na magpahanggang sa panahon ng mga Amerikano ay nagtataglay pa rin ng masamang reputasyon bilang “puso ng rehiyon ng pamumugot ng ulo” (“the very heart of the head-hunting region”) (Fifth Annual Report of the Philippine Commission 1904: 892). Para sa mambabasang nagnanais sipatin ang espesipikong konteksto ng isang grupong lubhang naging “pahirap” sa mga kolonisador, napakahalaga ng etnograpiyang ito.

- Isa ang galing sa ordeng Agustino. Ang “*Igorrotes*” ni Fray Angel Perez na una sa dalawang akdang isinulat niya tungkol sa paksa, ang huli ay ang *Relaciones agustinianas de las Razas del Norte de Luzon* (1904). Kapwa inilimbag ang dalawang ito ng Bureau of Ethnological Survey nang magkasunod noong 1902 at 1904 upang gabayan ang “civilizing mission” ng mga Amerikano sa hilagang Luzon (Worcester 1905: 56). Orihinal na isinulat noong 1891, ang “*Igorrotes*” na siyang itinatampok sa papel na ito ay kalipunan ng mga serye ng liham mula sa mga misyonerong paring Kastila at naglalaman ng mahahalagang dokumentong historikal tungkol sa pagtatatag ng mga misyon (*missiones*) ng simbahan. Nagpapanukala ang akda kung paano mabisang maisakatuparan ang konbersyon ng mga “infieles” sa pamunuan ng ordeng Agustino. Masisipat mula rito ang diumano’y labis na obsesyon ng mga kanluranin noong siglo 19 sa karumihan at pagiging “hubad” ng mga Igorot. Batbat ito ng maririing pagkiling na kakikitaan ng mayamang batis ng semantikal na elaborasyon sa taguring “Igorot” bilang “gentes salvajes.”
- Una sa tatlong tomo ng “*Mision*” ni Pablo Pastells ng ordeng Heswita ang ginamit sa saliksik na ito. Naglalaman ang akda ng mga tala tungkol sa gawaing misyonero sa Mindanao noong huling apatnapung taon ng siglo 19. Bagaman salaysay talaga ito ng mga naisakatuparan (at/o hindi naisakatuparan) ng mga paring misyonero para sa konbersyon ng mga Moro at tinatawag nilang “pagano,” masisipat mula rito ang buhay na paglalarawan sa huli. Hindi lingid sa kaalaman ng

marami, tanging mga Heswita ang matagumpay na nakapasok sa mga komunidad sa Mindanao na labis na kitakutan sa kahabaan ng rehimeng Kastila dahil sa daantaong tradisyon nito ng “*pirrateria*” bilang lunsaran ng depensa sa mga opensiba ng pamahalaang kolonyal. Mahalaga ang akdang ito, kung gayon, bilang batis ng kaalaman sa mga komunidad ng Mindanao sa panahong ito sa pangkalahatan.

- Matatagpuan sa bulto ng *Philippine Commission Reports* ang mga naratibo ng opisyal ng mga Amerikano na nagsilbing panulukang-bato ng Gobyerno Sibil sa Pilipinas. Tatlong pangunahing institusyon ng gobyerno ang mangangasiwa sa diumano’y mabilis na “integrasyon” ng mga “tinik sa lipunang kolonyal”: ang mga Igorot ng hilagang Luzon, mga “Moro” at ilan pang “pagano” sa iba’t ibang panig ng kapuluan. Pangunahin na rito ang Departamento ng Interyor sa ilalim ng pangangasiwa ni Dean C. Worcester na nanungkulan bilang kalihim nito mula 1901 hanggang 1913—napakatagal kung kaya’t naging napakaimpluwensyal na pigura sa politika at tadhana ng Pilipinas (Sullivan 1991). Napakamakapangyarihan ng aparatong ito ng gobyerno. Dito nakaatang ang mga kaukulang imbestigasyon para sa mga panukala, lehislasyon at implementasyon ng mga patakarang kolonyal sa antas na lokal. Sila, kung gayon, ang may direktang kontrol sa mga komunidad at lokal nitong pamahalaan. Ikalawa, sa ilalim ng Departamento ng Interyor ay ang Bureau of Non-Christian Tribes (BNCT mula ngayon), a.k.a. Bureau of Ethnological Survey for the Philippine Islands—ito ang nagsagawa ng mga sarbey-etnolohikal na bumuo ng korpus ng kaalaman bilang gabay sa paggawa ng patakaran at lehislasyon kaugnay ng mga “di-Kristiyano.” At ikatlo, ang Bureau of Public Instruction na nagtaguyod ng malawakang edukasyon sa mga sakop, ang naging pangunahing armas, higit pa sa mga armas-pandigma, ng patakaran ng “Benevolent Assimilation” (basahin: ganap na kontrol ng mga Amerikano sa mga Pilipino) (Kramer 2006). Ilan sa mga prominenteng opisyal na nagsilbi ring etnograper ay ang mga dalubhasang antropologong sina David P. Barrows, naging Hepe ng BNCT (1901-1903) pagkatapos niyang manungkulan bilang City Superintendent of Schools sa Maynila (1900-1901); Albert Jenks, pumalit kay Barrows (1903-1905), Merton L. Miller, sa kanyang kapasidad bilang Acting Chief ng Bureau of Ethnological Survey noong 1905; Emerson Christie, Assistant Ethnologist ng Ethnological Survey, 1905, Jesse George, Teacher in-Charge of Schools for the Province of Benguet. Nang likhain ang espesyal na probinsya ng “Moro Province” noong 1903 sa ilalim ng pamamahala ng mga militar, nagsulat din ang mga

sundalong kagaya ni Brig. Gen. John J. Pershing ng U.S. Army bilang gobernador ng probinsya noong 1913. Sa taong nabanggit, “opisyal” na winakasan ng mga Amerikano ang kolektibong paglaban ng mga Moro sa napakadugong Labanan ng Bud Bagsak na sinundan ng masidhing kampanya para sa Pilipinisasyon” ng gobyerno, at ang kaakibat nitong Pilipinisasyon ng “*White Man’s Burden*” vis-à-vis mga di-Kristiyano. Ito ang bagong patakaran ng administrasyong Harrison noong 1914 (Kramer 2006: 378). Sa kontekstong ito mauunawaan ang sidhi ng emosyon ng ulat ni Pershing una, laban sa mga Joloanong (Moro ng Sulu) na nasa likod ng “Bud Bagsak;” at ikalawa, laban sa napipintong paglipat ng Moro Province sa pamamahala ng mga Kristiyanong Pilipino.

- May mga partikular na akdang etnograpike na inilimbag bilang bahagi ng serye ng diumano’y “scientific studies” ng *Ethnological Survey*.<sup>2</sup> Isa na rito ang *The Bontoc Igorot* ni Albert Jenks na isinulat noong 1903 at inilathala noong 1905. Ipinasya ni Jenks na pag-aralan sa partikular ang mga Igorot ng Bontoc sa layong patunayan ang diumano’y “pagkakaiba-iba” ng mga tipo ng kultura at gawi, maging ng mga katangiang pisikal ng mga Igorot. Nakakalap siya ng mga datos sa loob ng humigit-kumulang siyam na buwang pakikipamuhay at pagbisita sa Bontoc, nabuo niya ang napakadetalyadong kalipunan ng mga datos at retratong inorganisa para maipinta ang larawan ng tinatagurian nilang “noble savage” o “savage gentlemen.” Eupemismo itong ginamit ng mga kolonyalistang Amerikano sa kanilang di-mawaring pinaghalong pagkutya at pagdakila sa mga “object of civilizing mission” na kumikilala na sa kapangyarihan at superyoridad ng mga Amerikano (Jenks 1905:15).
- Ganito rin ang tono ng napakapersonal na pagsasalaysay ng *Savage Gentlemen* ni Mabel Cook Cole (1929) na iminamapa ang pagsailalim ng “mababangis” sa proseso ng tinagurian nilang “culture change” (basahin: pagtangkilik ng mga ideyal na Amerikano). Koleksyon ito ng mga malapitang sipat at danas sa samu’t saring “savage” ng kapuluan mula hilagang Luzon hanggang Mindanao, sa partikular: mga Tinguian, Negrito, Batak ng Palawan, Moro, Bilaan at Bagobo.
- Nagtatapos ang listahan sa obra ng mag-asawang Keesing (Felix at Marie) ng Stanford University (1934). Ang *Taming Philippine Headhunters* ay isa ring pag-aaral ng partikular na kaso (case

<sup>2</sup> Malaki rin ang naiambag ni Barrows sa serye ng mga publikasyong ito na lumabas noong 1903, gaya ng mga sumusunod: “The Tribes of the Cordillera Central of Northern Luzon;” “Notes on the Ibalao;” “Notes on the Mangyan of the Baco River, Mindoro;” “The Subanon of Western Mindanao;” “The Mohammedan Tribes of the Philippine Islands;” “A Contribution to the Classification of the Races of the Philippines.”

study) ng unti-unti, subalit “siguradong” integrasyon ng mga di-Kristiyano ng hilagang Luzon. Ang “*taming*” o pagpapaamo ay nagsisilbing talinghaga sa diumano’y paghahatid sa mga dating “head-hunters” sa kairalan ng sibilisasyon...mga “Filipinos in the making” anina Keesing (269).

### **Ilang Obserbasyon: Sipat at Suri sa mga Semantikal na Elaborasyon**

Dapat alalahaning ang mga salitang nakatala sa talahanayan sa itaas, ay nakalap sa ilang piling ulat-etnograpike lamang at hindi sinasabing kumakatawan sa lahat ng mga naisulat sa panahong saklaw (i.e., 1789 hanggang 1934). Ang taong 1789 ay petsa ng pagkalimbag ng pinakamatandang dokumentong ginamit, ang *Noticia* ni Fray Antolin; samantalang ang 1934 naman ay para sa pinakahuling ginamit na akda, *Taming Philippine Headhunters* nina Felix at Marie Keesing. Gayumpaman, mula sa mga piling akda/ulat na ito makabubuo tayo ng sapat na korpus ng kaalaman: paglalarawan at pagpapakahulugan, sa mga tinaguriang di-Kristiyano na maaaring gamitin sa preliminaryong pagsipat at pagsusuri sa nangyaring elaborasyong semantikal sa katawagan sa mga ito. Masasabing partikular na mahalaga ang panahong bumabalangkas sa mga akda. Nasa hugpungan ito ng dalawang kolonyalismo at pagsubok sa pagsasarili: ang siglo 19 na sumaksi sa mapagpasyang transisyon ng kapangyarihan mula sa kolonyal na pamahalaang Kastila tungo sa mga Pilipino subalit bumalik na naman sa panginoong kolonyal na bago. Sa panahon ding ito: pagtatapos ng siglo 18 hanggang unang bahagi ng siglo 20, isasagawa, kapwa ng mga Kastila at Amerikano ang puspusang patakaran ng integrasyon sa mga di-Kristiyano bilang pagtatangka na makontrol nang ganap ang buong arkipelago (Keesing and Keesing 1934). Sa kaso ng mga Kastila, mapapansing sa huling bahagi na lamang ng kanilang pananakop mapapasok ang “naciones de los infieles y Moros” sa pamamagitan ng puspusang paglulunsad ng ekspedisyong militar. Sa hilagang Luzon, pinahintulutan ng noo’y makabagong teknolohiya sa pakikidigma (i.e. ang riple) ang matagumpay na ekspedisyong militar ni Guillermo Galvey na sinundan ng pagtatatag ng mga comandancia politico-militar na siyang higit na nagpabilis sa penetrasyon, partikular sa mga lugar ng higit na “mababangis” na Ifugao. Sa madaling sabi, dinaan sa dahas ang hindi nagawa ng patakaran ng atraksyon at konbersyon sa Kristiyanismo na matagal ding inilunsad ng mga *misiones* ng simbahan (Scott 1974; Florendo 1992). Para naman sa mga Amerikano, kagyat nilang tutugunan ang “Igorot and Moro problem” – ang dalawang “pinakamatinding” grupo ng mga “irreconcilables” na patuloy na nagsasagawa ng pinakamasahol na kalupitan sa anyo ng “headhunting” at “piracy” -- sa pamamagitan ng pinaghalong bisa ng militarisasyon at edukasyon. Sa lahat ng ito, kung ano’t anuman, malaki at makapangyarihan ang naging papel ng etnograpiya at ng mga kaalamang nalikha nito bilang tagahulma ng kaisipan at kaayusang kolonyal.

Narito ang ilang obserbasyon mula sa isinagawang paghahanay ng semantikal na elaborasyon.

1. Unang ginamit ang salitang di-Kristiyano sa anyo nitong “no-cristiano” ng mga Kastila at nang maglaon ay isinalin bilang “non-Christian” ng mga Amerikano. Subalit, sa kaso ng ulat ng mga Kastila, “infieles” at “salvajes” ang higit na ginagamit. Sa partikular, ginamit ni Antolin ang salitang “tribu” sa “tribus independientes” subalit sa kalakhan ng kanyang *Noticia* “infieles” ang namutawi gaya ng makikita sa Talahanayan 1, Paglalarawan Blg. 3.

2. Ang salitang “Indio” ay hindi lang tumutukoy sa “mga nakristiyanisa” sa simula. Sapagkat mayron ding “indios infieles” na tumutukoy sa mga di-binyagang Igorot (Cf. Talanayan 1, Paglalarawan Blg. 15).
3. Gayundin naman, sa etnograpiyang Amerikano, ginamit ang salitang “tribe” hindi lamang bilang eksklusibong pantukoy sa mga di-Kristiyano, dahil mayroon ding “Christianized tribes” (Cf. Talahanayan 1, Paglalarawan Blg. 195). Makikita rin ito sa winika ni Merton Miller:

We hope...to undertake a careful study of the general culture of one of the great **Christian tribes**, probably of the Ilocanos or Vicals (1905: 423).

4. Gayon na lamang ang obsesyon sa pagtatala o pagbanggit hinggil sa pag-aaway-away, pagiging kalat-kalat o dili kaya’y matingkad na pagkakaiba-iba (anupa’t “isolation”) ng mga grupong etniko upang lamnan ang palagay nilang mga “tribes” ang umiiral sa Pilipinas.
5. Subalit nagiging problematiko ang taguring “tribe” sa harap ng penomenon ng pagpapangasawahan sa pagitan ng mga di-Kristiyano (e.g., Tagbanua at Negrito), at maging di-Kristiyano -- Kristiyano (Ilokano-Igorot).
6. Kapansin-pansin din ang obsesyon ng mga Amerikanong etnograper sa pag-uuri at pagtukoy sa mga “tipo” ng mga di-Kristiyano upang papagtibayin ang ipinanukalang teorya (basahin: mito) ng “waves of migration ng Amerikanong antropologong si Henry Otley Beyer tungkol sa pagkakaroon ng tao sa Pilipinas, kung kaya ang mga Negrito ay “pygmies” na nasa “pinakamababang antas ng pag-unlad” (“most primitive”; habang ang ilang “hill tribes” ng Silangang Mindanao, i.e. Mandaya, Tiruray, atbp. ay “Indonesian” bilang “semi-civilized;” at ang mga Moro at Igorot ay “primitive Malayan tribes.” Kitang-kitang rito ang impluwensya ng pilosopiya ng Social Darwinismo na namamayagpag nang mga panahong iyon sa Amerika at Europa bilang lehitimo at siyentipikong batayan ng kanilang superyoridad at ng kakabit nitong kolonyalismo. Ito ang rasyalisadong (racialized) na pagbuo ng diskurso ng “di-Kristiyano” na diumano ay nasa landas ng “**social evolution**” (Cf. Talahanayan 1, Paglalarawan Blg. 281).
7. Problematiko pa rin ang pakahulugan sa “tribe” para tumukoy sa mga taong wala o may mas mababang antas ng sibilisasyon sa winikang ito ni David P. Barrows (1903): Aniya, “We have **tribes** representing the **whole scale of culture from savagery to civilization...** (789).



8. Ang sama o tindi ng negatibong pakahulugan ay depende sa estado at konteksto ng pakikitungo sa mga kolonisador. Noong 1913, maoobserbahan na diumano ang kagyat na manipestasyon ng kapayapaan sa Mindanao, liban na lamang sa katigasan ng mga Joloano ng Sulu. Kung kaya't ganun na lamang ang sidhi ng galit na madarama sa tinurang ito ni Pershing (1913):

Of all the Moros, the Joloanos (Sulus) are the most persistent in their determination to resist rational control by the government. ... a haughty people... are without exception, the most illogically perverse and doggedly unreasonable of all uncivilized tribes (p. 69).

Kasabay ng pagbabago o pag-aanyo ng di-Kristiyano tungo sa pagiging “westernisado” nagbabago at nag-aanyo rin tungo sa magandang paglalarawan ukol sa kanila ang mga ulat-etnograpike. Sa pagkilala, halimbawa ng mga Bontoc sa mga Amerikano bilang “friends” kikilalanin din siya ng huli bilang “gentleman” na karapat-dapat sa kanilang respeto. Sa ganang ito, kitang-kita ang pagiging **arbitrario** ng pagpapakahulugan sa mga di-Kristiyano.

Itinatakda rin ang mga taguring “di-Kristiyano” bilang salbahe, pagano, barbaro, at pagiging tribo batay sa heograpikal na lokasyon o kinaroroonan ng kanilang tirahan *vis-à-vis* itinakdang sentro: *pueblo* o *town*. Simple subalit napakatindi ng implikasyon ng lohika nito: kung kalat-kalat, nasa matatarik na bundok, liblib o interyor at bundok, “walang pag-unlad” o “walang kapag-a-pag-asang umunlad.” Narito ang paglilinaw ng BNCT sa katagang “Non-Christian” sa Circular na pinalabas nito noong 1927: ... it (the term) was intended to relate to degree of civilization...to geographical area....

Sa ganang ito, makikita ang politika ng espasyo ayon sa kompartmentalisadong pananaw sa daigdig ng mga Europeo. Kung paano nila iniestrutura at kinokompartmentalisa ang mga bagay-bagay, gayundin ang lugar. Kung kaya, ang kapatagan na kanilang itinakda bilang sentro ng kapangyarihan ang dapat ding maging pamantayan at sukatan ng sibilisasyon at kaayusan. Taliwas na taliwas ito sa holistikong pananaw ng mga katutubo na ang lahat ng bagay ay magkakaugnay kung kaya't hindi ganoon kaimportante sa kanila ang pagtatakda ng hangganan.

9. Kung tutunghayan ang askipsyon o pagpapangalan ng mga katutubo sa kanilang sarili, pawang mga designasyon lamang ito ng kanilang kinalulugaran o tirahan kaugnay ng agos ng ilog o ng ilog mismo. Kung kaya ang mga Subanon halimbawa, ay nahahati pa sa dalawa: yaong mga nasa bukana ng ilog at yaong mga nasa ilaya o kung tawagin nila mismo ay *tau-tasan* (Christie 1905: 425). Pero pagdating ng mga mananakop, naging batayan pa ito ng paghahati ayon sa antas ng sibilisasyon. Yaong mga nasa interyor ay “less-civilized” o “more uncivilized tribe” kaysa mga nasa baba.
10. Hindi rin eksklusibo sa isang grupo ang mga katutubong katawagan. Halimbawa, tinatawag din ng mga Igorot ng Bontoc ang kanilang sarili bilang “I-pu-kao” / “Ifugao,” na wala’t dili iba ang katutubong kahulugan kundi “mga tao” (Cf. Talahanayan 2) .

Maaninag din sa mga kataga o bansag ang kasidhian ng hirap ng pagsasagawa ng “civilizing mission.” Mapapansin sa bahagi ng mga Kastilang misyonero ang higit na masisidhing paglalarawan at pagpapakahulugan sa mga “infiel” at “Moro.” At habang umaamo ang “mabangis” sa mga Amerikano, tumataas din ang antas ng pagtingin sa kanila ng huli. Mismong sa ulat ni Barrows noong 1903, nag-iiwan siya ng puwang para kwestiyonin ang kredibilidad at validity ng napakanegatibong deskripsyon at interpretasyon ng mga Kastila ukol sa mga “tribong” ito:

The ferocity of these tribes, while hardly exaggerated by the Spaniards, breaks down more quickly than could have been expected in the presence of the American Government. Head-hunting in the north and slavery and raiding in the south can be stopped just as soon as a proper effort is made. (1903:789).

Kung mga aktwal na etnograpiya ang pagbabatayan, maaga pa para sabihing higit na nahirapan ang mga Kastila kaysa mga Amerikano. Subalit sa mga dokumentong napasadahan, makakakuha ng impresyon ang mambabasa na ganito nga ang nangyari. Bagaman, lubhang nahirapan din naman ang mga Amerikano sa pasipikasyon sa mga Moro kung kaya’t ganoon na lamang kasidhi ang galit na madarama sa ulat ni Pershing noong 1913.

11. Nakadepende rin ang bulto ng paglalarawan at produksyon ng kaalaman sa halaga ng partikular na grupong etniko sa imperyalistang interes ng kolonisador. Kahit na sa Philippine Commission Report lamang bumatay, masasabing higit na maraming banggit tungkol sa mga Moro at Igorot kaysa sa iba pang grupo. Una, dahil sa pangako ng mina ng ginto sa Kordilyera at napakalaking pontensyal pang-ekonomiya ng Mindanao; at pangalawa, dahil sa matinding banta sa seguridad ng pamumugot ng ulo ng mga Igorot at “piracy” ng mga Moro. Kung kaya’t nawika pa rin ni Barrows (1903): “We are ready to make report upon the **two most important bodies** of non-Christian peoples—the Igorot of northern Luzon, and the Moros of the south (787). (Akin ang diin.)
12. Hindi lamang sa mga ulat-etnograpike nakalimita ang masasamang pakahulugan sa mga di-Kristiyano. Nasa kaibuturan na rin ito ng kamalayang Pilipino . Kung kaya’t nakababahala ang nabanggit na ito ng mag-asawang Keessing: ...an Ilocano mother uses it (the term Igorot) to frighten or reprove her children ... (1934: 41). Kumawala na mula sa mga ulat-etnograpike ng

mga mananakop ang derogatoryong pakahulugang “Igorot” upang pasukin ang popular na kamalayan mismo ng mga sakop. At dito madarama ang higit na bisa ng etnograpiya.

Mauulinigan sa mga salaysay etnograpike (noticias, memorias at relaciones ng mga misyonerong Kastila; at mga ulat sa Philippine Commission ng mga opisyal na Amerikano) ang di-matatawarang halaga ng mga pagtuklas at pagbuo ng kaalaman sa proseso ng “civilizing mission” (basahin: pananakop para sa yaman, kapangyarihan at kaluwalhatian ng kanilang imperyo). Inaalingawngaw ito ng mga sumusunod na pahayag:

**It would be very important and useful if somebody were to write of these pagans** and their mountainous lands which are right in the midst of the Christian provinces..., giving clear details which might serve for the enlightenment and instruction of those who live so near them by reason of their ministry or office of converting their paganism, or at least **to be safe from their frequent ambushes and deceptions** (Antolin 1789: 2 at 3).

**...obtaining knowledge of their customs and qualities, and the things for which their country is known...**if there are metals (tumutukoy sa pinakaaasam-asam na ginto), spices, drugs and precious stones, domestic or wild animals, agricultural products, good virgin timber, and all other things mentioned in the Laws (*Recopilacion de las Leyes de los Indios* a.k.a. *Compilacion*) [(Ley 9, titulo 1, libro 4 de la *Recopilacion*, sinipi sa Antolin 1789, isinalin ni Scott sa Ingles 1988). (Akin diin at mga karagdagan.)

**...that the field parties of this bureau will have explored every region of the islands, visited every non-Christian tribe, and secured the geographical and ethnological data necessary to complete our knowledge of the Archipelago.** (Barrows sa kanyang ulat sa Kalihim ng Kagawaran ng Interyor Dean C. Worcester noong 1903).

Tahasan ding binabanggit sa mga ulat sa Philippine Commission ang kaugnayan ng mga eksperto/opisyal ng BNCT/Bureau of Ethnological Survey sa pangangalap ng datos para sa St. Louis Exposition na labis na pinagkakitaan ng mga Amerikano (Fermin 2004). Dito natin makikita ang pagtutulungan na sa totoo lang ay sabwatan ng siyensiya at komersyo, ng kapantasan at kapitalismo na nabigyang daan ng sarbey-etnolohikal ukol sa mga di-Kristiyano. Makailang beses na binanggit ito sa mga susing opisyal ng Departamento ng Interyor upang hindi makatawag ng pansin:

The necessity of securing this information at an early date...**for an adequate representation of the non-Christian tribes at the coming Louisiana Purchase Exposition at St. Louis**, has kept the employees of the survey almost constantly in the field... (Worcester 1904: 59). (Akin ang diin.)

A number of collectors have also been delegated to visit different regions in the archipelago and **obtain information for the survey and material for the Louisiana Purchase Exposition** (p. 61). (Akin ang diin.)

By arrangement with the exposition board this bureau has had the services of two admirably equipped men...in **preparing the ethnological exhibit for the Louisiana Purchase Exposition** (Barrows 1903: 778). (Akin ang diin.)

Napakapraktikal ng halaga ng mga ulat-etnograpihong ito, kung kaya't nawika ni Merton Miller,

Acting Chief ng Bureau of Ethnological Survey noong 1905:

...as we learn more and more about the people of the Philippines, the belief is strengthened ...that these reports will furnish the best means for making the people of the Philippines known to those who can not travel about the islands, and so simplifying gradually but surely the problem of government (1905: 423).

At nasa kaibuturan ng kanilang kagustuhang pamahalaan ang Pilipinas ang pangangailangan ng kanilang sikmura (ekonomikong interes ng mga imperyalista).

The **industrial importance of these tribes** has been considerable in the history of Mindanao. Practically all of the hemp which comes out of the ports of northern Mindanao is raised by the Pagans, and to their ancient working of mines is due the long-standing fame of Cagayan and Butuan for the production of gold (Barrows 1903: 782).

Na hindi na maikukubli sa simula't simula pa lang ng pagkakatatag ng pamahalaang sibil ng mga Amerikano sa Pilipinas. Itinagubilin umano ng unang gobernador-heneral ng gobyerno-sibil, William Howard Taft noong 1901 na magsagawa ng sistematikong pagsisiyasat etnolohikal. Aniya: "...to get the best of the **Filipino servants**...one must know them and study their traits" (sinipi sa Kramer, 2006: 181). (Akin ang diin.)

### **Elaborasyong Semantikal sa "Di-Kristiyano" bilang Diskurso ng Lahi at Kolonyalismo**

Ang diskurso ay tumutukoy sa produksyon ng kaalaman sa pamamagitan ng wika na siyang nagtatakda ng hangganan ng mga kahulugan sa mga bagay-bagay at panlipunang gawi (social practices); o sa mga isinaayos na pamamaraan ng pag-uusap o pagsasalita tungkol sa mga bagay-bagay ("regulated ways of speaking about objects"). Ibig sabihin, nabibigyan at nasisiyasat ang kahulugan ng mga salita depende sa partikular na konteksto kung saan at kailan ito ginamit, sino-sino ang nakapaloob sa usapan o sino ang nagsasalita kanino; at sino ang kinakausap nino. Mahalaga rito ang mga ugnayang panlipunan na siyang tinitingnan bilang tagapagtakda ng paggamit ng wika ( language use is socially determined) (Fairclough 1989: 21). Sa ganang ito, tinitingnan ang wika bilang isang panlipunang praktika o gawi ("language as social practice") na itinatakda ng mga panlipunang estruktura (Fairclough 1989: 17). Samakatuwid, ang diskurso ay isang panlipunang praktika ("discourse as social practice"). Anupa't para kay Michel Foucault (sipi sa Barker 2008), pinag-iisa ng *diskurso* ang wika at praktika. Ang

etnograpihong kaalaman o pag-iimahe, halimbawa, sa mga di-Kristiyanong Pilipino bilang “mababangis na nilalang,” (wild and uncivilized) ay hindi lamang simpleng tumutukoy sa kung “ano” sila bilang mga lantay na katotohanan. Isinasalang-alang dito kung bakit sila inilarawan ng “ganito” o “ganoon”; paano sila nailarawan nang “ganoon” o paano natanggap ang partikular na kaalaman tungkol sa kanila bilang “lantay na katotohanan” (cold facts). Ito ang tinatawag na “discursive formation” o “kayariang diskursibo”.

Mula sa mga semantikal na elaborasyon ng mga kataga, nakabuo ng diskurso o isang partikular na ugnayan ng kaalaman at kapangyarihan tungkol sa pagiging di-Kristiyano. Isa na rito ang magkatuwang na diskurso ng lahi at kolonyalismo.

Higit pa sa isang biolohikal na kaisipan, tinitingnan ang lahi bilang isang ideolohikal na kayariang naglilingkod diumano sa pandaigdigang kapitalismo ( “ideological construct in service of world capitalism”) (Miles 1989). Ibig sabihin, ang mga katangiang pisikal, laluna ang kulay ng balat, at iba pang katangiang pisikal ay ginamit na batayan ng superyoridad ng mga kolonisador bilang pilosopikal na batayan ng kanilang imperyalistikong agenda noong siglo 19 hanggang 20 (Cf. Social Darwinism). Ang paghahati at ang kasunod nitong pag-aantas ng mga tao alinsunod sa katangiang pisikal ay itinakda bilang isang kaayusan at lantay na katotohanan. Rasyalisasyon o pagbubuo ng lahi bilang batayan ng ugnayan ng kapangyarihan, ang taguri dito. Sa ganang ito, nabubuo at sinasagisag ang mga kategorya ng lahi sa isang proseso ng panlipunan at politikal na tunggalian ng kapangyarihan. Kung kaya, ang klasipikasyong rasyal sa kontekstong politikal ang maituturing na ugat ng rasismo (Barker 2008). At lilikhain ng mga kolonisador sa Pilipinas ang taguring “di-Kristiyano” at “tribo” bilang isang rasyalisadong (*racialized*) diskurso. Kung ano’t anuman, bitbit ng lahat ng mga nasabing ulat-etnograpihong yabang at superyoridad ng mga puti na nakaukit sa mito ng “*limpieza de sangre*” (kadalisan ng lahi) ng mga Kastila, at “White Man’s Burden” ng mga Amerikano. At malinaw na ang tanging daan tungo sa sibilisasyon ay ang westernisasyon. Kung kaya’t nasabi ito ni Pershing:

The Moros or Pagans who have come in close contact with our civilization, in the public schools or otherwise, are ... anxious to improve their standards of living and, ... are inclined also to adopt our manners and customs.... if followed up by other civilizing forces, may lead eventually to the **social evolution** of these wards (1913: 33).

Ang taguring di-Kristiyano o “non-Christian” ay ibinigay ng mga Amerikano dahil sa kawalan ng mas mabuting katagang lalagom sa mga grupong tumutol sa Kristiyanisasyon (Keesing & Keesing 1934: 12). Salin ito ng salitang *infíel* na ginamit ng mga Kastila para sa mga taong ito, na hindi lamang nagtataglay ng implikasyong panrelihiyon. Paggigiit nina Keesing: “...the word has a historical, cultural, and political rather than a purely religious significance. It refers to recognized members of some eight Mohammedan groups, and twenty –two or more so-called pagan groups which cling more or less to their indigenous religious beliefs and ceremonies” (12). Subalit hindi lamang ito simpleng usapin ng paniniwala o “fanatismo.” Sapagkat kakabit ng Kristiyanisasyon ay ang pagpailalim sa dominasyon ng mga kolonisador. Ang pananatíing malaya at pagtutol sa konbersyon ay pagtutol din sa pagbabayad ng buwis (na simbolo ng pagkabasalyo), *polo y servicios* (sapilitang paggawa) at lahat ng imposisyong sumisira sa ginhawa ng tao. Lahat sila ay may mahabang kasaysayan ng paglaban: hayag o hindi man sa kabuuang sistema o kaayusan at kulturang ipinapataw ng mga mananakop. At lahat ng paglabang ito ay nakaukit at nakatala sa mga mapanlait na katagang “infíeles”/ “pagans,” “gentes salvajes”/ “wild and savages,” “tribus independientes.” Subalit ang mga anyo ng kabayanihan at pagigiit para sa kalayaang ito ay nangahulugan naman ng pananakop at pagkagapi ng mga di-Kristiyano sa larangang semantikal ng kolonyal na diskursong etnograpiko.

Kinikilala ng mga Amerikano ang labis-labis na pagpupunyagi ng mga Kastila upang payapain at sibilisahin ang mga Igorot ng Hilagang Luzon. Mula sa pinaka-di-hayag (pagbubukas ng kalsada) at pinakadiplomatikong kaparaanan (i.e. patakaran ng atraksyon, pagtatatag ng mga misiones at paaralan) hanggang sa pinakamarahas (ekspedisyong militar at pagtatatag ng mga comandancia-politico- militar), isinagawa ang “*conquista*” (basahin: pasipikasyon, reduccion at konbersyon) (Barrows 1903: 770). Subalit sa kabila ng lahat ng ito, nananatili pa rin diumano silang malaya. Subalit ang kalayaan ay naging singkahulugan ng pagiging tiwalag sa kairalan. Isang malaking kabalintunaan, habang pinagsusumikapan ng mga kolonisador, kapwa Kastila at Amerikano, ang kanilang integrasyon sa “kairalang Kristiyano” lalo lamang silang ginawang “iba,” “hiwalay” at “tiwalag” sa pamamagitan ng mga paglalarawan at pagpapakahulugang ikinabit sa kanilang mga pangalan.

### **Ang “Di-Kristiyano” bilang “Infíeles/Pagans” at “Moros/Mohammedans” Sa Diskurso ng Etnisidad at Kabansaan**

“Politics of difference” o ang paggamit sa pagkakaiba-iba ng mga grupong etniko sa Pilipinas upang maigiit ang kolonyal na agenda (Kramer 2006) ang isa pang kontekstong bumabalabal sa isyu ng di-Kristiyano. Pinasidhi ng mga pagpapakahulugang ito ang kinathang imahe ng mga Kastila at

Amerikano bilang gabay natin sa pagbubuo ng bansa bilang sagisag ng kaisahan. Subalit ano ang pamantayan ng nasabing kaisahan? Sino ang magtatakda o paano ito itatakda. Lalo itong naging problematiko sa harap ng kolaborasyon ng mga Kristiyanong Pilipino sa mga kolonyalista.

Sa hanay ng mga sinakop, ang mga edukado, Hispanisadong elit na Kristiyano ang higit na nakipagtagisan sa mga kolonisador sa usapin ng kabansaan. Isang kabalintunaang habang iginigiit nila ang katwiran sa pagsasarili, lalo naman nilang hinihigpitan ang kapit sa mga Amerikano. Kapalit ng pangako ng Pilipinisasyon ng gobyerno ay ang kolaborasyon ng elit sa huli. Kinailangan nilang pumasok sa diskurso ng “Little Brown Brothers” (sa wika ni Taft) upang maisakatuparan ang mga aspirasyon ng pagsasanasyon. Kapansin-pansing habang umaarangkada ang Pilipinisasyon, mawawala na rin ang katagang “Christian tribes” bilang tanda ng ganap na asimilasyon ng mga ito sa gawing Amerikano. Sa harap ng ganitong uri o estratehiya ng pagsasabansa (i.e. kolaborasyon sa mga kolonisador), lalo lamang naging masalimuot ang usapin ng di-Kristiyano, hindi lamang bilang “obheto” ng civilizing mission ng mga mananakop, kundi pati na rin ng kapwa nila kababayan. Anupa’t pagsapit ng 1914, itataguyod din ni Gob. Hen. Harrison ang “Filipinization of the White Man’s Burden.” Noong 1902, mapapag-alamang kinasangkot ng kolonyal na pamahalaan ang anila’y “Filipino gentlemen” bilang “volunteer field worker” sa mga sarbey-etnolohikal ukol sa mga di-Kristiyano (Barrows 1903:779; Worcester 1903: 61). Patunay ni Worcester:

Several valuable contributions to our knowledge of the non-Christian tribes of the islands have been made during the past year by Filipino and other volunteer workers.

Among these may be mentioned:

The Ifugaos, by Señor Wenceslao Valera, Bayombong, N.V.

The Buquidnones of Oriental Negros, by Señor Santiago Gonzales.

The Negritos of Cagayan, by Señor Pedro Daña.

Manguianes, by Señor Servulo Leuterio, Calapan, Mindoro.

Tinguianes, by Señor Emeteru Molina, Dolores, Abra.

Sa pagkakataong ito, nagsilbing makapangyarihang lunan ng kolaborasyon at kooptasyon sa mga kolonisador ang isinagawang ulat-etnograpiko ng mga Kristiyano. Matatandaang sa ilalim ng mga Kastila, wala ni man lamang pagtatangka na ilahok ang mga “indio” (Kristiyanong Pilipino) sa pagsasagawa ng korpus ng kaalaman tungkol sa mga di-Kristiyano. Subalit sa kamay ng mga Amerikano, napadanas at naipadama sa kanila kung paano tratuhing katuwang sa paglikha ng kaalaman – isang napakamakapangyarihang paraan ng panghihikayat at pagpapaniwalang totoo ang mito ng tinuran ni Taft sa mga Pilipinong elit bilang “Little Brown Brothers.”

Kung tatasahin ang bisa ng mga ulat etnograpiko sa usapin ng kabansaan, mahalagang matunghayan ang paglalarawan mismo ng mga Pilipino (sa pagkakataong ito, opisyal ng kolonyal na pamahalaang Amerikano). Ang sumusunod na sipi ay mga ulat ng ilang Pilipino (sa kanilang kapasidad bilang gobernador ng lalawigan) sa Gobernador-Heneral ng Pamahalaang Sibil ng Amerika sa Pilipinas para sa taong piskal 1906.

...I was able to bring together a number of nomad families of Aetas in the southeast part of Sibalom, ...with the assistance of Sr. Jose Fontanilla, organized a settlement of 176 individuals...which was named Villafont. I have refrained from requesting the approval of the Secretary of the Interior to the organization of this settlement for the reason that its members being of a nomadic disposition may all abandon it, and so long as they do not begin to cultivate their lands in a permanent manner and make it clear that it is their intention to reside at the said place...(Salazar 1906: 153)

Mahihiwatigan dito ang tila higit na pagkaunawa ng Pilipino sa huli bilang kanyang kababayan. Subalit mapapansing karamihan ay kakikitaan ng kaparehong negatibong persepsyon ng mga kolonisador. Tunghayan ang paglalarawang ito ng gobernador ng Bataan na si L.L. Zialcita tungkol sa mga Aeta.

The Non-Christian tribes of Negritos or Aetas, the only wild tribes here known, are distributed in all or nearly all of the pueblos throughout this province. The type of individual composing said tribes is very **well known**. ...these people **wander about almost naked in nomadic groups** through the interior in the hills and forests. They are, as a general rule, inoffensive, complaisant, and submissive, **but entirely refractory to social civilized life within inhabited places** (1906: 162). (Akin ang diin.)

Sa parehong ulat, ganito naman niya inilarawan ang kalakhan ng populasyong Kristiyanong sakop ng kanyang lokal na pamahalaan:

The inhabitants in general are friends of peace and good order, eager to fulfill their obligations, devoting themselves to work... As a general rule, they are loyal to the constituted government and gladly bear their burden notwithstanding the many calamities which have impoverished these pueblos (162).

At sa pagtatapos ng ulat, gayon na lamang ang kanyang pasasalamat sa mga miyembro ng kagawaran ng probinsya, opisyal ng munisipyo, maging sa Konstabularya—pawang mga Pilipino ang lahat ng ito -- para sa kanila diumanong matapat na pagtulong at suporta sa pagganap niya ng tungkulin bilang gobernador (1906: 163).

Ikinagagalak namang ibalita ni Gob. Melchor Flor ng Ilocos Norte ang tagumpay, diumano, ng pag-oorganisa niya ng 12 komunidad o “colonies” para sa mga di-Kristiyanong “tribo.” Sa mga ito, nabanggit niya ang posibilidad ng konsolidasyon o pagsasama-sama ng mga pamayanang “higit na



sibilisado” (more civilized) sa isang bayan upang mas mapadali ang paghahatid sa kanila sa kaunlaran (Flor 1906: 294). Subalit may gustong sabihin ang sumusunod na pahayag hinggil sa kababawan ng tagumpay na ito.

The inhabitants of the nine colonies last mentioned are almost assimilated with the Christian pueblos **in their manner of dress**...(294). (Akin ang diin.)

Lalo lamang nalalagay sa alanganin ang pahayag ng tagumpay laluna sa deklarasyon diumano ng mga di-Kristiyano ayon sa pahayag na ito:

They have gladly accepted their new political organization and show a great desire to progress, **though they are not willing to be consolidated with the Christian pueblos** even when of the same scale of civilization (Flor 1906: 295).

These (Ilocano) officers, as representing Spanish authority, practically governed the towns. Their presence was and is **distasteful** to the Igorot...(Fifth Annual Report of the Philippine Commission 1904, Part 3: 891). (Akin ang diin.)

Paano nga ba susukatin ang tagumpay? Sapat bang batayan ang kasuotan lamang? Sa totoo lang, mababanaagan pa rin naman ang kultural na kaugnayan ng mga Igorot at Ilokano sa tinurang ito ni Flor:

They are peaceable, hospitable, and law-abiding, and slavery no longer exists among them . ...It has been noted that they are very moral. A few of them can read and write Ilocano and also speak and understand Spanish (295).

Subalit, paano nga ba makadarama ng apilyasyon ang mga di-Kristiyano sa mga Kristiyano kung mismo ring ang huli ay “iba” na ang tingin sa kanila. Wika pa ni Flor:

They are very different from the Christians in many of their customs, having no religion or special superstitions (295).

At may mas masahol pa kaysa pagtinging iba ang mga di-Kristiyano sa kanilang mga Kristiyano. Sa pareho pa ring ulat ni Flor, ganoon na lamang ang batikos niya sa tatlong komunidad (i.e., Dumalneg, Aoan, at Bayag) mula sa 12 na diumano ay nananatili pa ring “pasaway” sa kabila ng paninirahan nila kasama ng mga Kristiyano. Tunghayan ang sumusunod na sipi:

[They] are less capable and enlightened than the ones above mentioned.

They go almost naked...There is a suspicion that some of these latter **still preserve the inhuman custom and sanguinary instinct of killing** any person they find in isolated places when influenced thereto by their belief in spirit propitiation (296). (Akin ang diin.)

Ganito rin ang tono ng ulat ng gobernador ng Probinsya ng Lepanto-Bontoc na isa ring Pilipino:

Lepanto-Bontoc has over 80,000 inhabitants ranging from the well-to-do, educated Europeans and Filipinos to the wildest and most primitive Igorots....It is safe to say that even among the latter, never has there been such respect for law and regard for the life and property of others (1906: 365).

At nagpapatuloy ang banta sa seguridad ng mga pamayanang Kristiyano hangga't may mga nananatiling Igorot na "hindi pa naoorganisa." Ganito winakasan ni Gob. Flor ang kanyang ulat:

...during the fiscal year, of the total of the seven Christians killed...some were put to death by Igorots of settlements not yet organized and lying far in the interior...(296).

Sa probinsya rin ng Lepanto-Bontoc, may balita ang gobernador tungkol sa patuloy na pagsasagawa ng krimen (pamamaslang at pamumugot ng ulo) ng ilang Igorot. At labis-labis na pagkasuklam sa naturan ang mauulinigan sa pahayag na ito:

...the blood lust was so strong in some young bucks of Tucucan (Bontok) that, lacking other subject on which to wreak vengeance, they fell upon an inoffensive little Ilocano boy...(Annual Report 1906: 366).

Subalit kung tutunghayan ang iba pang ulat, mapag-aalamang sa mga panahong ito, tumitindi na ang mutwal na antagonismo sa pagitan ng mga Kristiyano at di-Kristiyano. Hindi lamang umano, ang huli ang dahilan ng lahat ng "krimeng" ito, may bahagi ring ginagampanan ang una sa kanilang pagsasamantala sa huli. Tunghayan ang isinasaad sa ulat ni Gob. Blas Villamor ng Isabela:

The custom of these tribes to kill anyone not of their settlement...had its origin in the bad treatment they received from certain Christians. During the past (Spanish) rule. They were scarcely ever considered in any way, while the Christians were always indulged and protected by the authorities (1906: 338).

Maging sa Kabisayaan na kalakhan talaga ng populasyon ay mga Kristiyano, mauulinigan ang patuloy na "panliligalig" o kung hindi ma'y pakikipagsabwatan ng mga di-Kristiyano sa mga manliligalig (na tulisan) sa lalawigan ng Iloilo:

There are quite a large number of non-Christian tribes in this province that inhabit the mountains. Some...were captured last year as accomplices to the crime of brigandage and sentenced to imprisonment by the Court of First Instance (Lopez 1906: 318).

Hirap din umano ang mga Aeta sa pagtalikod sa kanilang kinagawian sa kabila umano ng kanilang pagbaba at pakikipamayan na sa mga Kristiyano.

The Aetas are not adapted to the industrious life of the towns and therefore continue, as is their inveterate habit, to lead a nomadic life...they only come down to the plain on rare occasions for the purpose of begging alms (318).

Gayon na lamang ang pagkawala ng pag-asa ni Gob. Blas Villamor ng Isabela sa kaso ng mga pamilyang Negrito rito:

There are many families of Negritos in this province, but as this tribe **has no future** I refrain from dwelling upon it (1906: 337).

Kapareho rin ito ng sentimyento ni Gob. Manuel L. Quezon ng Tayabas (na magiging Presidente ng Pamahalaang Komonwelt—ang pinaniwalaang unang hakbang sa pagsasarili). Aniya:

I have endeavored to bring the Negritos under the influence of civilization.... It is impossible, however, (for them), to become civilized (1906: 629).

Masama rin ang ipinipinta ng pahayag sa kanyang ulat tungkol sa mga Ilongot ng kabundukan ng Baler, na magpahanggang sa panahong iyo'y nananatiling “sakit ng ulot ng gobyerno” sa kabila ng diumano'y pagpapailalim sa kanila sa mga autoridad simula pa man nang panahon ng mga Kastila:

They are a ferocious race always on the look-out for an opportunity to kill the inhabitants of every other settlement. Their attacks are always characterized by treachery...For an Ilongot to marry, it is necessary that he first bring the number of heads of Christians that his future father-in-law may designate (629-630).

Dalawang bagay ang maitatampok sa mga nasabing pahayag. Una, sa aspeto ng pag-uulat kakikitaan na ng reproduksyon ng kolonyal na diskursong etnograpiko ang mga ito. Kung papasadahang muli ang mga pahayag, tila normal nang binabanggit ang mga negatibong katangian ng mga di-Kristiyano bilang “tribo” una sa lahat. At kakabit nito ay ang pagiging “lagalag,” “walang permanenteng tirahan,” “mamamatay-tao,” “pumapatay dahil sa kanilang mga ritwal panrelihiyon,” “pagano.” Sa partikular, mahalagang banggitin sa bahaging ito ang tuwirang pag-alingawngaw ng mga Kristiyano sa kolonyal na diskurso sa katawagang ibinigay nila para pag-ibahin ang mga Aeta ng Zambales. Tunghayan ang sinabing ito ni Gob. Juan Manday ng Zambales (1906):

Those that, as a whole, still retain their **savage** instinct (here called **Abunlon**, to distinguish them from the **less savage** to whom the specific name of **conquistados** (conquered) is given... (651). (Akin ang diin.)

Mga deskripsyon at interpretasyon itong kakikitaan kung paano muling nilikha ng mga Pilipino mismo ang diskursong etnograpiko laban sa mga di-Kristiyano. At ikalawa, litaw na litaw na ang pagkabuo ng Pilipinong diskursong nagtatampok sa mga Kristiyano bilang likas na “iba” at mas superyor sa mga di-Kristiyano.

Damang-dama ang panganib na idinulot ng mutwal na antagonismo sa pagitan ng mga Kristiyano at di-Kristiyano lalo pa't titingnan ito bilang bahagi ng likas na kairalan. Ito ang ipinahihwatig ng tinurang ito ni Pershing (1913):

When we consider the diverse elements of humanity that go to make up this conglomerate, **it is natural** that there should be intense antagonism. The actual relations are such that any attempt at Filipino government would lead only to rebellion and disaster (65). (Akin ang diin.)

With these striking examples of incapacity, it is difficult to understand how any consideration could be entertained of a proposal to turn over the government of the Province, or any part of it, to Filipino control (66).

At ang karugtong nito ay ang pagpapatingkad sa papel ng mga Amerikano bilang tunay na kaibigan ng mga di-Kristiyano laban sa mga Kristiyano:

... the wild people and the Moros have come to look upon the Americans as their **true friends**...their defenders against their own countrymen who would keep them in ignorance for exploitation or seize upon them and sell them into slavery (79). (Akin ang diin.)

Maliwanag na ginagamit ni Pershing ang argumento ng inter-etnikong hidwaan ng mga Moro at Kristiyano bilang matibay na batayan ng kawalan ng kapasidad ng mga Pilipino para sa pagsasarili. Ano ang gustong sabihin ng lahat ng ito: sa bahaging ito ng ating kasaysayan, wala pa tayo o malayo pa tayo sa ating minimithing kabansaan.

### TALASANGGUNIAN

Angco, Felix. 1906. *Annual Report of the Governor of Ilocos Sur, Fiscal Year Ending June 30 1906*. Manila: Bureau of Printing.

Antolin Fr. Francisco, O.P. 1789. *Noticia delos Ynfieles Ygorrtes en lo Interior dela Ysla de Manila, de sus minas de Oro, Cobre, y su Comercio y de Varias Entradas, Tentativas, y Gallos Hechos para su Descubrimiento y Pacificacion*. Salin ni W. H. Scott. 1988. *Notices of the Pagan Igorots in the Interior of the Island of Manila, of their Gold and Copper Mines, and their Commerce, and the Various Expeditions, Endeavors and Expenditures made for their Discovery and Pacification*. Manila: Universidad de Sto. Tomas.

- Barker, Chris. 2008. *Cultural Studies: Theory and Practice* (Third Edition). London: Sage Publications Ltd.
- Barrows, David P. 1901. *The Bureau of Non-Christian Tribes for the Philippine Islands, Circular of Information Instructions for Volunteer Field Workers, The Museum of Ethnology, Natural History and Commerce*. Manila.
- Barrows, David. 1903. "Second Annual Report of the Chief of the Ethnological Survey for the Philippine Islands (Formerly the Bureau of NonChristian Tribes) as Appendix K of the Report of the Secretary of the Interior." In *Annual Report of the Philippine Commission*. Washington: Government Printing Office.
- Buendia, R. 2002. *Ethnicity and Sub-nationalist Independence Movements in the Philippines and Indonesia: Implications for Regional Security*. Manila: Yuchengco Center, De La Salle University.
- Campa, Buenaventura. 1894. *Los Mayoyaos y La Raza Ifugao: Apuntes para un Estudio*. Madrid: Sagrado Orden de Predicadores.
- Christie, Emerson. 1906. "Report of the Ethnological Survey." In *Sixth Annual Report of the Philippine Commission in 1905, Part 1*. Washington: Government Printing Office.
- Clifford, James. 1986. "On Ethnographic Allegory." In James Clifford and George E. Marcus, eds. *Writing Culture: The Poetics and Politics of Ethnography*, 98-121. Berkeley: University of California Press.
- Clifford, James. 1990. "Notes on (Field)notes." In Roger Sanjek, ed., *Fieldnotes: The Making of Anthropology*, 47-70. Ithaca, N.Y.: Cornell University Press.
- Cole, Mabel Cook. 1929. *Savage Gentlemen*. New York: D. Van Nostrand Company, Inc. , 1929.
- Emerson, Robert et al. 1995. *Writing Ethnographic Fieldnotes*. Chicago: The University of Chicago Press.
- Fairclough, Norman. 1989. *Language and power*. London and New York: Longman Group UK Ltd.
- Fermin, Jose. 2004. *1904 World's Fair: The Filipino Experience*. Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Fifth Annual Report of the Executive Secretary for the Philippine Islands Covering the Period from July 1, 1905 to June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing, 1906.
- Fifth Annual Report of the Philippine Commission in 1904. 1905. Washington: Government Printing Office.
- Flor, Melchor. 1906. *Annual Report of the Governor of the Province of Ilocos Norte, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing.
- Florendo, Maria Nela, "Resistances to Assimilation in the Cordillera: A Historical Interpretation," *Disertasyong Doktoral sa Philippine Studies*, UP Diliman, 1992.
- Gatan, Fe Yolanda. 1997. "Isang Durungawan sa Kasaysayang Lokal ng Nueva Vizcaya: Ang Nakaraan ng mga Isinay at Ilongot, 1591-1947," Tesis Masterado sa Kasaysayan, UP Diliman.
- George, Jesse. 1902. *First Annual Report of the Philippine Commission covering the period December 1900-October 15, 1901, Part 2*. Washington: Government Printing Office.

- Goh, Daniel. 2007. States of Ethnography: Colonialism, Resistance, and Cultural Transcription in Malaya and the Philippines, 1890s-1930s. *Comparative Studies in Society and History*, 49(1), 109-142.
- Goh, Daniel. 2008. Postcolonial Disorientations: Colonial Ethnography and the Vectors of the Philippine Nation in the Imperial Frontier. *Postcolonial Studies*, 11(3), 259-276.
- Halili, Servando Jr. 2006. *Iconography of the New Empire: Race and Gender Images and the American Colonization of the Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Hofstadter, Richard. 1992. *Social Darwinism in American Thought*. Boston: Beacon Press.
- Jenks, Albert. 1905. *The Bontok Igorot*. Ethnological Survey Publications Vol. I. Manila: Bureau of Public Printing.
- Kramer, Paul. 2006. *The Blood of Government, Race, Empire, the United States and the Philippines*. Quezon City: ADMU Press.
- Lopez, Benito. 1906. *Annual Report of the Governor of the Province of Iloilo, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing.
- Luna, Juan. 1906. *Annual Report of the Governor of the Province of La Union, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing.
- Maggay, Melba. 2002. *Pahiwatig: Kagawiang Pagkomunikasyong Filipino*. Quezon City: UP Press.
- Miles, Robert. 1989. *Racism*. New York and London: Routledge.
- Ortega, Joaquin. 1906. *Annual Report of the Governor of Subprovince of Abra, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing.
- Pastells, Pablo. 1916. *Mision de la Compania de Jesus de Filipinas en el siglo XIX, Relacion Historica Deducida de los Documentos Autografos, Originales e Impresos Relativos a la Misma*. Isinalin sa Ingles ni Peter Schreurs, MSC. 1994. *Mission to Mindanao 1859-1900*. Cebu City: University of San Carlos.
- Perez, Rev. Fr. Fray Angel, O.S.A. 1902. *Igorrotes: Estudio Geografico y Etnografico Sobre Algunos Distritos del Norte de Luzon*. Manila: Imp. de "El Mercantil." Isinalin sa Ingles Enriqueta Fox, Birgit Keith, Anthony Lauria, Jr. and William Henry Scott. 1988. Baguio City: UP Cordillera Studies Center.
- Pershing, John J. 1913. *Annual Report of the Governor for the Moro for the Year Ended June 30, 1913*. Zamboanga: The Mindanao Herald Publishing Co.
- Quezon, Manuel. 1906. *Annual Report of the Governor of the Province of Tayabas, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing.
- Ramos, Jesus. 2000. Eklektikong Lapit sa Elaborasyon ng Rejister ng Matematiks: Tungo sa Isang Teorya sa Pagpapalano para sa Filipino," Disertasyong Doktoral sa Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. 2007. "Beddeng Ken Pakasaritaan: Salaysay ng Ili ng Paracelis, Mt. Province sa Hugpungang Kailokuan-Kaigorotan." Sa *Philippine Humanities Review*, 9: 204-238.
- Salazar, A. 1906. *Annual Report of the Governor of the Province of Antique, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing.

- Scott, William H. 1993. *Of Igorots and Independence*. Baguio City: ERA, 1993.
- Scott, William H. 1974. *The Discovery of the Igorots*. Quezon City: New Day Publishers.
- Scott, William H. 1982. *Cracks in the Parchment Curtain, and other essays in Philippine History*. Quezon City: New Day Publishers, 1982.
- Sullivan, Rodney. 1991. *Exemplar of Americanism: the Philippine career of Dean C. Worcester*. Michigan: Center for South and Southeast Asian Studies, The University of Michigan.
- Tolentino, Delfin (ed.). 1994. *Resistances and Revolution in the Cordillera*. Baguio: UP College Baguio.
- Villamor, Blas. 1906. *Annual Report of the Governor of the Province of Isabela, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing.
- Worcester, Dean. 1904. "Report of the Secretary of the Interior." In *Fourth Annual Report of the Philippine Commission in 1903, Part 2*. Washington: Government Printing Office.
- Worcester, Dean. 1902. "Bureau of Non-Christian Tribes." In *Report of the Secretary of the Interior to the Philippine Commission for the Year Ending August 3, 1902*. Manila: Bureau of Printing.
- Worcester, Dean. 1906. "The Inspection of Provinces Organized Under the Special Provincial Government Act in the Annual Report of the Secretary of the Interior." In *Annual Report of the Philippine Commission*. Washington: Government Printing Office.
- Zialcita, L.L. 1906. *Annual Report of the Governor of the Province of Bataan, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Manila: Bureau of Printing.

**MARY JANE B. RODRIGUEZ-TATEL** -- Kasalukuyang katuwang na propesor sa UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP), nagtapos siya ng Batsilyer (*cum laude*) at Masterado sa Kasaysayan sa UP Diliman at ngayo'y kumukuha ng doktorado sa Philippine Studies sa naturan ding unibersidad. Ilan sa mga pinakahuli niyang pananaliksik ay tungkol sa kababaihan at litograpiya ng ika-19 na dantaon sa Pilipinas, ang isyu ng etnisidad sa pagkakatatag ng Bureau of Non-Christian Tribes noong 1901, ang institusyonal na kasaysayan ng programang Philippine Studies sa UP, at ang imahe ng bata sa diskursong kolonyal. Noong 2009, tumanggap siya ng Asian Graduate Student Fellowship ng Asia Research Institute-National University of Singapore (ARI-NUS). Naging katuwang na koordineytor ng Larangan ng Araling Pilipino UP DFPP (2006-2009), koordineytor ng UP DFPP Di-Gradwadong Programa (2009-2010), tagapag-ugnay ng UP DFPP Revitalized General Education Program (RGEP) (2010-2011) at miyembro ng UP Dormitory Oversight Committee-Office of Student Housing (2008-2011). Kasapi rin siya ng lupong tagapagpaganap ng Bagong Kasaysayan, Inc. (BAKAS).

[micmic\\_ph@yahoo.com](mailto:micmic_ph@yahoo.com)



**“Babae, Pagkababae, at Kababaihan: Ang Pagtanggap ng Sapi  
(Isang Panimulang Feministang Pagbasa sa Wika at Panitikang Tagalog)”  
ni Moreal Nagarit Camba  
Ph.D student, Asian Center – UP Diliman  
[micmic\\_ph@yahoo.com](mailto:micmic_ph@yahoo.com)**

Ang depinisyon ng babae, partikular sa loob ng isang patriyarkal na lipunan katulad ng Pilipinas, ay (madalas na) iniuugnay sa lalaki. Ang kanyang ka-*ako*-han ay nakabatay sa pagpapakahulugan sa lalaki: sa pamamagitan ng kanyang pagiging iba dito (at hindi ang kabaliktaran nito). Itinuturing bilang ekstensyon lamang, kinuha sa tadyang ni Adan. Sila ay sekundayo, di-esensyal at insidental lamang. Sila ang madalas na itinuturing bilang pasibo at kimi, ang buwan, ang kalikasan, ang puso at ang emosyon. Sila ang 0 (zero) sa Boolean number<sup>1</sup>. Kung saan ang bilang na 1 (isa) ay katumbas ng kalalakihan. Ang 1 (kasama ang iba pang matutulis na konsepto) ang simbolo ng phallus, ang lalaki sa sikolohiya ni Freud. Sila ang “I”, ang “Ako”, ang “Sentro”, ang “Amo” sa pilosopiya ni Hegel. Sila ang binibigyang prebilehiyo, sila ang binibigyang halaga. Samantalang ang bilang na 0 (kasama ang iba pang mga konseptong iniuugnay sa butas), ang babae, ang “other”, ang “sila”, ang “nasa gilid”, ang “alipin.”

Sa pamamagitan ng paggamit ng *mata ng isang malay na Filipinang feminista*, tatawasin ang mga kasalukuyang pagpapakahulugan sa salitang *babae* (at iba pang anyo nito) sa wika at

---

<sup>1</sup> 101010101010 Ito ang Boolean number, ang wika ng computer. Sinasabing lahat ng impormasyon — salita, letra, marka — na iniinput sa computer ay may katumbas na numero: maaaring 1 (on) o kaya naman ay 0 (off). Sinusundan nito ang lohika ng matematika kung saan ang numero 1 ay katumbas ng “pagkakaroon”, ng “pagiging narito”. Sa madaling salita, may value o halaga ang numero 1. Sa kabilang banda, kabaligtaran naman nito ang bilang na 0. Ito ay ang “pagiging wala” na katumbas din ng kawalan ng halaga.

panitikang Tagalog na matagal nang sinapian ng Espiritu ng Ama (isa pa ang Espiritu ng Bana, Kuya, Tiyo, Lolo at iba pa). Bahagi rin nito ang mismong panggagamot upang makabalik sa sariling ka-Ako-han ang salitang *babae*.

### ***MATA NG MALAY NA FILIPINANG FEMINISTA:***

#### **Ang Pantawas sa Kasalukuyang Kalagayan ng Salitang *Babae* sa Wika at Panitikang Tagalog**

Sa ilalim ng pamamalakad ng mga pyudal na kongkistador sa Pilipinas, sinimulan na ang historikal na pagpapataksik sa kababaihan. Sa proseso ng pagbabago ng moda ng produksyon at sistema ng pamamahala, tuluyang dumaos ang mga prebilehiyong dating tinatamasa ng mga Filipina. Pilit na isinantabi ng mga “bagong panginoon” ang imahen ng babae bilang tagapagtago ng kayamanang-bayan at manggagamot ng kanyang komunidad. Bilang bahagi ng pagpapakilala ng bagong relihiyon, tinawag ang mga *babaylan* at *catalonan* na mga bruha, mangkukulam, mambabarang at iniugnay ang kanilang mga gawi at ritwal bilang gawa ng demonyo. Sinunog ang kanilang mga anito at lugar-sambahan. Ang (literal at simbolikal) na kagubatan at kweba ay napalitan na ng mga (nag)lalaki(hang) mga edipisyo — simbahan at torre — ang simbolikal na *phallus*.

Ang pagtawas bilang bilang *x-ray* (isama pa ang *CT Scan* at *MRI*) ng nakalumang panahon na nakatutulong sa pagtukoy sa sanhi o dahilan ng kasalukuyang kalagayan o posisyon ng isang tao ang magsisilbi ring paraan ng pagdalumat sa salitang ‘babae’ sa wika at panitikang Tagalog. Katulad ng pagbabasang ginagawa ng magtatawas sa mga patak ng kandilang nakalutang sa tubig o sa platong lata na pinahiran ng langis at pinadaan sa dila ng kandila, babasahin ang salitang ‘babae’ batay sa depinisyon nito sa mga pangunahing diksyunaryong

Filipino at eksistensya nito sa mundo ng panitikang Tagalog. Sa pamamagitan ng pagtawas, muling binabalikan ng papel na ito hindi lamang ang masalimuot na pagsusuri ng sakit na sumapi (at / o kasalukuyang estado) ng salitang ‘babae’, bagkus ay nabibigyan rin ng gamot (o paunti-unting solusyon kung hindi man tuluyang pantanggal) sa nakapagbigay ng sakit o nakasapi rito.

Kaugnay nito, mahalagang bigyang diin ang pagtawas bilang iba sa eksorsismo na bahagi ng kolonyal at patriyarkal na relihiyong Kristiyanismo. Kung babalikan ang mayamang kasaysayan ng bansa, ang mga babaylan, kadalasang ginagampanan ng kababaihan, ang nataasan hindi lamang sa pagtatago ng panitikang bayan bilang mga mang-aawit ng mga epiko ng komunidad, bagkus ay itinuturing din bilang mga *shaman* na nagsisilbing mala-doktor at tagapag-ugnay sa mga yumao noong sinaunang panahon. Sila yaong nagtago ng mga kaalamang may kaugnayan sa panggagamot gamit ang mga pinaghalu-halong halamang ugat at / o dahon. Iba sila sa mga eksorsista, na eksklusibo lamang para sa mga pari, sa mga lalaki, ng relihiyong Katoliko. Kung balikan ang mga pelikulang “The Exorcist” o “The Exorcism of Emily Rose,” literal at simbolikal na ipinakikita ang relasyon ng kapangyarihan sa pagitan ng kasarian. Kapansin-pansin na laging mga babae ang sinasapian (mga babaeng hindi diumano’y normal ang kilos at galaw dahil sa kanilang kakaibang kalakasan, katalinuhan at katabilan ng dila) at lagi silang ‘tinutulungan’ ng pari upang matanggal ang kung anumang espiritong gumagambala rito.

Sa kabuuan, sa pamamagitan ng papel na ito, binibigyang diin ang sinaunang paraan ng paggagamot ng mga babaylan / katalonan at maging ang muling pagbibigay kapangyarihan sa kanila na manggamot na kaiba sa eksorsismo ng Simbahan. Dagdag pa rito, ang pagbasang gagamitin ay ang *mata ng malay na Filipinang Feminista*. Ito ang magsisilbing pantawas upang makita ang ‘sapi’ sa kasalukuyang sa wika at panitikan ng mga Tagalog.

Maraming mahahalagang konsepto ang nakapaloob sa paraan ng pagbasang ito na kailangang himay-himayin at talakayin. Una ay ang salitang *malay* na maaaring itumbas sa pagiging “mulat” o bukas ang mga mata. Kung saan, sa pamamagitan nito, mas nakikita at nagiging sensitibo ang mambabasa sa ilang mga detalye sa loob ng teksto. Sa partikular, napupuna at napagtutuunan ng pansin ang mga bagay-bagay na dati’y naisasantabi, mas nagiging kritikal, matanong at mapag-usuisa. Sa madaling salita, hindi basta-bastang tinatanggap na “natural” at “unibersal” ang iba’t iba at samu’t saring dibisyon at hirarkiya na nagaganap sa lipunan, bagkus isang pumapalag na mambabasa na naghihimay-himay sa mga konseptong nakapaloob sa teksto.

*Filipina* dahil sa babasahin ang wika at panitikan batay sa karanasan at posisyon ko sa lipunang aking ginagalawan na nakaaapekto sa paraan ng aking pagsusuri at pagbibigay-kahulugan ng mga tekstong aking binabasa (bagamat walang kinalaman ang biyolohikal na kayarian ng isang tao sa pagkakaroon ng *Feministang* pananaw). Dahil din hindi iisa o homogenous na grupo ang feminismo, ang konseptong *Filipina* sa paraan ng pagbasa ang magbibigay rito ng pekularidad. Binubukas nito ang isa sa marami pang posisyon at karanasan ng feminismo — ako bilang isang babaeng feminista na mula sa Ikatlong Mundo at may ideyolohiyang maka-Ikatlong Mundo (importante ring banggitin na hindi naman awtomatikong maka-Ikatlong Mundo ang kaisipan ng isang babaeng mula lamang sa Ikatlong Mundo).

Panghuli ay ang salitang *Feminismo*, na kumikilala sa pagkakaroon at pananaig ng *double standards* sa lipunan, kung saan ang posisyon ng mga babae sa loob ng sistemang ito ay desbentaha, bukod pa rito, nakikita ang pangangailangan upang baguhin ang ganitong kaisipan at pagpapahalaga.

Nangangahulugan na ang nananaig na gahum at kaayusan na pumapabor sa Batas ng Ama ay hindi pikit matang tinatanggap na lamang. Bagkus, sa loob rin nito mismo ay may umuusbong na isang kontra-hegemoniya, isang bagong paraan ng pagpapahalaga at pagbasa na naglalandat at (posibleng) magtanggali sa kasalukuyang patriyarkal na kaayusan.

## **ANG BABAE SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO:**

### **Ang Aktwal na Pagtawas sa Wika at Panitikang Tagalog**

Magiging tuntungan ng pag-aaral sa Wika ang pagbabalik-aral sa popular o gamiting mga diksyunaryo sa bansa. Halimbawa na ryan ang “Diksyunaryong Pilipino (1973) ni Jose Villa Panganiban, diksyunaryong pansentenyal ng Komisyon ng Wikang Filipino (1998) na inedit ni Ponciano B. Pineda at “UP Diksyunaryong Filipino” ni Virgilio Almario. Samantala, magiging tuntungan naman ng pag-aaral sa Panitikan ang pagbabalik sa mga naunang pag-aaral, listahan at / o antolohiya at / o patimpalak gaya ng mga prestihiyosong Don Carlos Palanca Memorial Awards, Cultural Center of the Philippines Award, Pambansang Alagad ng Sining (sa Panitikan) at iba pa.

**WIKANG**. Madalas na iniuugnay ang *wika* sa ina, sa mga babae. Subalit, kung susuriing mabuti, hindi na pagmamay-ari ng mga babae ang kasalukuyang wikang ginagamit at sinasalita nila.

Sa kasalukuyan, sa unang tingin, kung ikukumpara ang Tagalog sa Ingles at Español, hindi kaagad mahahalata ang “Kapangyarihan ng Ama” sa wika. Hindi kasi ito katulad ng Ingles na lagi na lamang ikinakabit ang *babae* sa *lalaki*: (wo)man, (fe)male. Sa Tagalog, kapansin-

pansin na may sariling pagkakakilanlan ang salitang *babae*<sup>2</sup> na hiwalay sa *lalaki*. Sa Ingles, maging sa panghalip, nakakabit ang salitang *babae* sa *lalaki*: (s)he, sa ikatlong panauhan na pang-isahan sa Ingles. Sa wikang Tagalog, lahat sila ay: *siya*, panghalip na walang tinutukoy na ispesipikong kayarian ng tao. Bukod pa rito, may tendensiya ring yapusin at saklawin ng salitang *man* ang *sangkatauhan* (*mankind*) o bawat *tao* (*person*). Sa kabilang banda, sa Wikang Español, nakakabit hindi lamang sa ikatlong panauhan na pang-isahan ang salitang *babae* (*ella*) sa *lalaki* (*el*), bagkus maging sa ikatlong panauhan na pangmaramihan: *ellas* / *ellos*. Mahalaga ding banggitin na (halos) lahat ng mga salita sa wikang ito ay may espesipikong kayarian — maging ang mga bagay at konseptong wala namang buhay: (la) mesa, (la) educacion, (el) libro, (el) fuego at iba pa.

Ang ganitong katayuan ng ‘babae’ (yaong salita at maging ang tao na rin mismo) sa lipunang Fiipino ay hindi naman kataka-taka. Ayon na rin sa mga her-storya-dor, bago pa man dumating ang mga Español sa bansa, maraming prebilehiyo na ang tinatamasa ng kababaihan.<sup>3</sup> Sa katauhan ng mga babaylan at catalonan, makikita ang mahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan.<sup>4</sup> Sila ang naatasang mag-alaga at magpreserba ng kultura, ang hahawak sa oral na tradisyon ng kanilang komunidad — sila ang kumakanta ng mga epiko, ang tinatawag sa panahon ng pagtatanim at pag-ani, kapag may bagong panganak o namamatay. Bukod pa rito, mga manggagamot at ispiritwal na pinuno rin sila ng kanilang lugar.<sup>5</sup>

---

2 Ito ay *babai*, *babaye*, *babayi*, *bayi* sa ibang mga wika sa Pilipinas.

3 Bagamat marami ang nagtatalo kung talaga bang pantay ang katayuan ng babae at lalaki noong panahong ito. Elizabeth Eviota, *The Political Economy of Gender* (London: Zed Boks, 1992), pp. 3-5.

4 Bagamat may ilang lalaki rin na gumaganap nito, kailangan pa rin nilang magsuot ng mahabang buhok at malabestidang damit sa kanilang komunidad. Francisco Demetrio S.J. et al., *The Soul Book* (Quezon City: GCF Books, 1991). p.138.

5 Zeus Salazar, “Ang Babaylan sa Kasaysayang Pilipinas” nasa *Women’s Role in Philippine History* (Quezon City: University Center for Women’s Studies, 1990), pp. 35-41.

Sinususugan maging ng mga popular na alamat ang sinaunang relasyon sa pagitan ng babae at lalaki katulad ng kuwentong “Si Malakas at si Maganda” na bagamat ang mga pang-uring ginamit sa pagpapangalan sa mga pangunahing tauhan ay isteryotipikal, sabay pa rin silang lumabas sa isang kawayan at hindi hinugot lamang sa tagiliran ng isa, ang isa. Bagamat alamat na ring itinuturing ang kuwento ni Prinsesa Urduja ng Pangasinan, hindi pa rin maitatanggi na maging sa imahinasyon ng mga sinaunang Pilipino, maaaring maging magaling na pinuno ang isang babae.<sup>6</sup> Sa pag-aaral naman ni Priscelina Patajo-Legasto sa mga epiko ng Pilipinas, nakita niya na: (1) walang diskriminasyon sa anak na babae o sa pagpabor sa magiging anak (maliban na lamang sa epikong “Labaw Donggon”), (2) walang diin o empasis sa pagiging birhen ng babae bago pa ito ikasal at (3) may kalayaan ding hiwalayan ng babae ang kanyang bana.<sup>7</sup>

Subalit matapos ang ilang daang taong pananakop, ng iba’t ibang mga bansa, sa iba’t ibang paraan, tiyak na naimpluwensiyahan ang ating kalinangan ng kolonyal at patriyarkal na pagpapahalaga.

Sa puntong ito, hihimay-himayin at ilalagay sa sentro ng diskusyon hindi lamang ang salitang *Babae* bagkus ang dalawa pang salitang na nakaugat sa salitang Babae: ang *Pagkababae* at *Kababaihan*.

Ang salitang *babae*, batay sa ibinigay na depinisyon ni Jose Villa Panganiban noong 1973, ay:

1. (*pangngalan*) mistress, kalaguyo, querida
2. (*pang-uri*) female, feminine

---

<sup>6</sup> Rosalinda Pineda-Ofreneo, “Tracing A Hidden Tapestry” nasa Women Reading, ed. Thelma Kintanar (Quezon City: UP Press at UP UCWS, 1992), pp. 31-32.

<sup>7</sup> Binanggit sa Lilia Quindoza-Santiago, Sa Ngalan ng Ina (Quezon City: UP Press, 1997), pp. 47-48.

*Babae* ang nakaugaliang tawag ng isang “macho” sa mga karelasyon niyang pinagsasabay-sabay. Madalas din itong gawing pamantayan ng pagiging “tunay na lalaki.” Sa kabilang banda, hindi naman mababasa sa ilalim ng salitang ‘lalaki’ ang depinisyon may kinalaman sa *pagiging number two* (ng isang babae). Mahihinuha na ang konsepto ng pagkakaroon ng kalaguyo ay iniuugnay lamang sa kinakasama ng isang lalaking (may asawa) at hindi ng isang babae. Batay naman sa ikalawang depinisyon, ipinag-isa nito ang konsepto ng pagiging biyolohikal na babae (*female*) at mga gawain at galaw na iniaatas ng lipunan sa babae (*feminine*), na kung susuriin ay hindi magkasing kahulugan.

Sa puntong ito, mahalagang banggitin na magkaiba ang *kayarian* sa *kasarian*, (bagamat hindi maitatangging mahigpit itong magkaugnay). Ang *kayarian* (sex) ay tumutukoy sa biyolohiya, sa simplistikong depinisyon, nakabatay ito sa kanyang chromosomes (XX o XY) at hormones (progesterone at androgen o testosterone). Sa kabilang banda, ang *kasarian* (gender) naman ay tumutukoy sa klasipikasyong ginagawa ng lipunan upang eksaheradong pag-ibahin ang (biyolohikal na) babae at lalaki sa pamamagitan ng paglikha at pagtakda ng mga papel at posisyon na dapat gampanan ng isang babae at lalaki sa lipunang kanilang ginagalawan.<sup>8</sup> Sa madaling salita, ang kasarian o gender ay isa lamang konstrak na nagdidikta sa *pagiging lalaki* o *pagiging babae* ng isang tao. Sinasabing pagkasilang na pagkasilang pa lamang ng sanggol sa mundong ito, tinuturuan at itinakda na ang kanyang mga dapat ikilos, pag-uugali at gawi (depende sa biyolohikal na kayarian) batay sa mga kostumbre ng lipunan, na magbibigay-prebilehiyo o maglilimita sa mga potensyal o maaaring maging kontribusyon niya sa lipunan. Samantala, sa tulong na rin ng iba pang mga represibo at ideyolohikal na aparato ng lipunan — mga institusyon tulad ng pamilya, edukasyon, simbahan, media at iba pa — mas madaling

---

<sup>8</sup> Ang pagtutumbas sa mga salitang ‘kayarian’ at ‘kasarian’ sa ‘sex’ at ‘gender’ sa Ingles ay ginamit ni Lilia Q. Santiago, *Sa Ngalan ng Ina* (Quezon City: UP Press, 1997), p.10-11.



napatatagos ang ang ganitong kaugalian. Dagdag pa ni Elizabeth Eviota, “Sa bawat kultura at panahon, ang babae at lalaki ay kumikilos batay sa mga panuntunan ng lipunan na tinatawag na sistemang kayarian-kasarian. Sa pamamagitan ng sistemang ito, ng biyolohiya at kultura, nagiging babae ang babae at nagiging lalaki naman ang lalaki; nagdidikta ito ng ispesipikong mga gawain at papel ng babae at lalaki batay sa kasarian; tinatakda nito ang mga parametro ng sekswal at reprodiktibong pagkilos; minamanduhan din nito ang panlipunang ugnayan ng mga tao (aking salin).”<sup>9</sup>

Nang inilabas naman ang diksyunaryong pansintenyal ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) noong 1998 (na ibinatay sa talatinigan ng Linangan ng Wikang Pambansa (LWP) noong 1989), kapansin-pansin na hindi nalalayo ang ibinigay na depinisyon ng KWF sa depinisyon ni Panganiban sa salitang *babae*:

1. (pangngalan) kalaguyo, kerida, kinakasama
2. (pang-uri) taong ang kasarian ay ukol sa pagiging ina

Mababasa pa rin ang unang depinisyon; ang *babae* bilang “number 2” ng isang lalaking may asawa. Sa pagkakataong ito, batay sa ikalawang depinisyon, animo’y ipinaghiwalay na ang konsepto ng *female* at *feminine*. Subalit ito ay sa unang tingin lamang. Bagamat itinumbas ng KWF ang salitang *babae* sa pariralang “*pagiging ina*,” kung saan ang *ina* ay: *yaong mga taong may kakayahang makapagluwal*, malayung-malayo naman ito sa ibinigay na kahulugan sa salitang *ama*:

1. *magulang na lalaki*
2. *ninunong nagtatag ng isang lahi o lipi*

---

<sup>9</sup> Hiniram ni Elizabeth Eviota, Political Economy of Gender (London: Zed Books, 1992), pp. 3. kay Nancy Chodorow, “Mothering, Male Dominance and Capitalism,” nasa Capitalist Patriarchy and the Case for Socialist Feminism, ed. Zillah Eisenstein (New York: Monthly Review Press, 1979).

3. *nagbibigay ng pagkakandiling-ama*  
(e.g. bilang tagapagtanggol o tagapanustos)

Mahihinuha na wala sa mga binanggit ang may kaugnayan sa biyolohiya, bagkus, iniuugnay ang konsepto ng *ama* sa kanyang mga itinayo, mga ipinaglaban at sinuportahan. Walang pagbanggit sa kanyang kakayahan halimbawa na magbigay ng esperma o makabuntis. Batay pa sa depinisyon, kapansin-pansin na kaakibat ng konseptong *ama* ang iba pang pananagutan na may kaugnayan sa pagpapalaki ng sanggol / bata. Nangangahulugan na ang salitang *ama* ay isang responsibilidad na itinakda o idinidikatang dapat gawin ng isang lalaki; nangangahulugan din na hindi na lamang simpleng biyolohiya o kapabilidad at kakayahang na manganak ang konsepto ng *babae*, bagkus may ikinakabit na ritong kilos at gawi.

Kaugnay nito, hindi maiaalis ang konsepto ng ‘mother’s instinct,’ ang kakanyahang taglay diumano ng bawat ina o nagsilang. Dahil *instinct*, itinuturing na *innate* o awtomatikong ginagawa. Ang implikasyon tuloy nito, ang mga inang nahihirapan sa pagtukoy sa kahulugan ng bawat pag-iyak ng sanggol (na nangangahulugan din na nahihirapan siyang tukuyin ang mga pangangailangan o nararapat gawin para sa bata) ay kinukuwestiyon ng “iba,” sa kanilang kakayahan na maging isang mabuti ina; madalas, sa proseso, kinukuwestiyon na rin ng ina ang kanyang pagiging ina.

Batay sa ating ginagawang diskurso, mas angkop ipanumbas sa salitang *feminine*, na nauna nang binanggit, ang salitang *pagkababae* sa Tagalog. Ayon mismo sa KWF, ang salitang *pagkababae* ay *kalagayan ng pagiging babae, mga katangiang pambabae*. Ayon pa sa KWF, nilalapian ito ng “*pagka*” sa unahan na “*nagsasaad ng kabasalan, buod ng kakayahan o ng tanging kalikasan sa isang bagay o tao*” at salitang-ugat na “*babae*.” Batay sa kahulugan na ibinigay ng diksyunaryo, nililimitahan nito ang kilos, galaw at kakayahan ng isang indibidwal

dahil sa kanyang biyolohikal na kayarian. Pangalawa, kapansin-pansin ang pagkakabit ng konseptong ito sa mga babae lamang. Nangangahulugan na tanging mga biyolohikal na babae lamang ang (inaasahang) kumilos nito, na nagreresulta ng pagkakastigo sa mga indibidwal na lumalabag sa ganitong kaayusan, sa nakaugalian. Nariyan ang mga pisikal na pandarahas, pagkutya at pagtawag ng mga pangalan — tomboy, t-bird, dikya, malas sa negosyo at marami pang iba.

Subalit, ano nga ba ang mga katangiang para sa babae lamang? Lumalabas sa diskusyon na ang konseptong ito ay konstruksyon lamang ng lipunan. Ibig sabihin, idinidikta ng kultura at lipunan. Sinasabing pagkasilang na pagkasilang pa lamang ng isang sanggol sa mundong ito, tinuturuan at itinakda na ang kanyang mga dapat na ikilos, pag-uugali at gawi batay sa nakaugaliang kostumbre. Halimbawa, nilalampinan ang babaeng sanggol ng kulay rosas, pinapalaro ng mga manyika (bilang preparasyon sa kanyang pagiging ina balang araw) at pina-lalaki-ng mahinhin, kimi at tahimik.

Samakatuwid, hindi rin napaghihiwalay ng KWF ang konsepto ng kayarian at kasarian (sex at gender), bagkus ay tinitignan bilang halos magkasingkahulugan pa. Tinuturing na sa pamamagitan ng kayarian ng isang tao, partikular ng babae, natutukoy at nadedetermina na ang papel, kakayahan at potensyal sa kanyang lipunan. Sa tulong na rin ng mga ideyolohikal na aparato ng lipunan, mas napapatanggap na “natural” at “unibersal” ang ganitong kaayusan sa lipunan. Bagamat makikita at mararamdaman rin sa loob ng superistraktura ng lipunan ang pakikibaka at pagkikitunggali sa kaayusang ito.

Nang konsultahin ang ibinigay na depinisyon sa salitang *kababaihan* sa diksyunaryo ni Panganiban, bagamat lumalabas ang salitang ito, hindi naman niya ito binigyan ng katuturan. Sa kabilang banda, hindi naman mahahanap ang salitang ito sa diksyunaryo ng KWF.

Maganda tuloy tanungin kung bakit hindi napasama ang salitang *kababaihan* sa mga salitang dapat bigyan ng kahulugan? Hindi ba importante ang salitang ito kaya hindi nakasali? Wala ba talagang ganitong salita? Maraming kahulugan at mensaheng ipinaparating ang hindi pagbanggit ng mismong diksyunaryo na ginawa pa naman ng mga kinikilalang institusyon ng bansa. Kung tutuusin, isang kapangyarihan ang pagsusulat ng diksyunaryo dahil nagkakaroon ng prebilehiyo (ang editor) na mamili ng mga salitang mapapaloob at mapapasama sa koleksyon. Isa rin itong kapangyarihan dahil nagbibigay ito ng depinisyon, hugis, itsura ang mga salita (sa kasamaang palad din, sa proseso ng pagbibigay ng kahulugan sa isang bagay, nakapagbibigay rin ito ng limitasyon sa kahulugan).

Ayon kay Quindoza-Santiago, ang salitang *kakabaihan* ay tumutukoy sa “*isang kilusan upang igiit ang kanilang mga karapatan sa mga istraktura ng kapangyarihan sa lipunan.*”<sup>10</sup> Nangangahulugan na isa itong pulitikal na kilusan na may layuning ilantad ang hirarkiya, ang hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan — partikular sa pagitan ng babae at lalaki — pati na rin ang pagbuwag sa sistemang ito. Batay dito, hindi kataka-taka kung hindi napasama ang isang mapagpalayang depinisyong ito sa mga diksyunaryong parehong pinamatnugutan ng lalaki, sina Jose Villa Panganiban at Ponciano Pineda.

Sa kabuuan, ang *wika* bilang produkto ng lipunan na naglalaman ng mga pagpapahalaga ng isang kultura, ay isa ring midyum upang ipalaganap ang mga kaisipang ito sa susunod na henerasyon at sa mga bagong dayo sa komunidad. Kung kaya naman, isa rin itong arena na dapat gamitin upang tunggaliin ang kasalukuyang androsentriko at patriyarkal na kaayusan. Bagamat may mga feminista, tulad ni Mary Daly na naniniwalang kailangang bumuo ng sariling wika at paraan ng pagpapahayag ang hanay ng kababaihan, na kailangang lumabas sa kasalukuyang

---

<sup>10</sup> Santiago, p. 11.

patriyarkal na tipo ng wika na ginagamit,<sup>11</sup> mahalaga pa rin na pakinabangan ang kaalaman ng kababaihan sa patriyarkal na wika at gamitin ito para sa pagpapalaya ng kanyang sarili.

**PANITIKAN.** Batay sa *UP Diksyunaryong Filipino* (2001), ang salitang *panitikan* ay mula sa salitang *titik* na nilagyan ng unlaping *pang* at hulaping *an*. Narito pa ang ilan sa mga ibinigay na depinisyon ng UPDF:

- 1) *Literatura (Español) o literature (Ingles)*
- 2) *Mga akda na kangi-tangi sa masining at malikhaing pagtatanghal ng mga ideya*
- 3) *Ang kabuuang lawas ng mga naisulat sa tiyak na wika, panahon ay iba pa*
- 4) *Ang propesyon ng manunulat at awtor*

Kung susumahin ang mga nabanggit na depinisyon, hindi maikakailang iniuugnay ang *panitikan* sa pagkakaroon ng edukasyon — o yaong mga nakapag-aral. Ito ay sa kadahilanang ang propesyong ito ay nangangailangan ng karunungan sa pagsusulat at pagbabasa na makukuha, madalas, sa pormal na paaralan. Subalit, kung babalikan ang kasaysayan ng pormal na edukasyon sa bansa, matatanto na sa mahabang panahon ay naging eksklusibong panlalaki lamang ang akademya. Kung maaalala, pinuri sa pamamagitan ng isang liham ni Dr. Jose Rizal ang kababaihan ng Malolos (1888) dahil sa kanilang determinasyon na ipaglaban ang pantay na oportunidad ng babae at lalaki sa paaralan. Gaya ng alam natin, noong panahong iyon, tanging mga pambahay na gawain lamang at katekismo ang itinuturo sa mga babae, samantalang ang mga lalaking ilustrado naman noo'y nakapagtatapos na ng mga degri sa medisina at

---

11 Mary Daly, *The Church and the Second Sex* (Boston: Beacon, 1985); \_\_\_\_\_, *Gyn/Ecology: The Metaethics of Radical Feminism* (Boston: Beacon, 1978).

abogasya. Napatid lang ang pagkauhaw na ito ng kababaihan sa pagkakaroon ng pormal na edukasyon noong nabuksan ang pinto ng akademya sa mga babae noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa pamamagitan ng mga pampublikong paaralan.<sup>12</sup>

Kung tutuusin, hindi naman (talagang lantarang) pinagbabawalan ang pagpasok ng mga babae sa mundo ng pagsusulat, subalit hindi rin naman ito lubos na sinasang-ayunan. Sinasabi pa na ang labis-labis na “pagkahumaling” ng sinumang babae dito ay tiyak na may hinihintay na “kaparusahan” — ang pagiging hiwalay sa asawa (tulad ni Leona Florentino), pamumuhay ng mag-isa (tulad ni Magdalena Jalandoni)<sup>13</sup>, at pagbatikos ng lipunan kung mapabayaang ang pamilya.

Batay na rin sa ikalawang depinisyon na ibinigay ng diksyunaryo, hindi maaaring ihiwalay sa produksyong pampapanitikan ang konsepto ng “*literariness*” — o ang masining at malikhaing pagtatanghal sa loob ng panitikan — upang maturing na “tunay na panitikan” ang isang akda. Subalit sino ba ang nagdedetermina ng kagandahan? Kaninong pamantayan ang ginagamit?

Batay sa isang pag-aaral na ginawa nina Lina Sagaral Reyes at Marjorie Evasco sa mga nagsipagwagi ng mga gantimpala at parangal sa mga patimpalak gaya ng Cultural Center of the Philippines Award at Don Carlos Palanca Memorial Awards (kasama ang pagsasaalang-alang sa

---

12 Rosalinda Pineda-Ofreneo et al., Feminist Theories and Movements (Quezon City: UP Open University and UP CSWCD, 1997), pp. 93-94. Maaaring ring basahin ang Maria Luisa CAmagay, Working Women of the 19<sup>th</sup> Century (QC: UP Press, 1995), Kabanata sa Maestras.

13 Itinuturing si Leona Florentino bilang “first full-time Filipino woman of letters” samantalang si Magdalena Jalandoni naman ang pinakaunang nobelistang Filipina ng bansa. Ang kanilang maikling talambuhay ay mababasa sa <http://www.panitikan.com.ph/criticism/thewriterandherroots.htm>

mga naging hurado sa mga nasabing patimpalak), lumalabas na nananatiling monopolyo pa rin ng kalalakihan ang mga gawad pampanitikan.<sup>14</sup> Kung susumahin sa kasalukuyan ang mga nahirang nang Pambansang Alagad ng Sining, partikular sa larangan ng panitikan simula pa noong mabuo ito noong 1972, iisa pa lamang ang babae, si Edith Tiempo noong 1999; sampu naman sa labing-isang Alagad ng Sining ay lalaki.

Kung gayon, hindi rin nagkamali ang UPDF sa pagtumbas sa salitang *panitikan* sa *literature* ng Ingles. Ayon sa ibinigay na depinisyon ng *Oxford English Dictionary* (1933, renibisa noong 1972) sa salitang *literature*: “*Literary work or production; the activity or profession of a **man** of letters...*”(aking diin).” Kapansin-pansing ang tinatawag na *literature* ay anumang likha ng isang lalaki. Nangangahulugan na ang babaeng manunulat ay walang lugar, walang depinisyon, sa mundo ng panitikan.<sup>15</sup>

Kung susumahin, mabibilang pa rin ang mga babaeng manunulat na napapasama sa mga antolohiya at koleksyon, na mayorya ay pinapatnugutan ng mga lalaki. Halimbawa, nang lumabas ang antolohiyang *50 Kuwentong Ginto ng 50 Batikang Kuwentista* noong 1939, na pinamatnugutan ni Pedrito Reyes, tanging siyam (9) na babaeng manunulat lamang ang napasama dito. Kabilang rito sina: Rosario Aguinaldo, Andrea Arce, Carmen Batacan, Susana de Guzman, Nieves del Rosario, Carmen Herrera, Hilaria Labog, Jovita Martinez at Belen Santiago. Nang lumabas naman ang *Ang 25 Pinakamabuting Kathang Pilipino* noong 1944, na pinamatnugutan ni Teodoro Agoncillo, tanging sina Rosalia Aguinaldo, Hilaria Labog, Liwayway Arceo, Gloria Villaraza at Lucila Castro, limang (5) babaeng manunulat lamang, ang napasama sa koleksyong ito. Sinasabi pa na kaya lamang napapasama ang mga babaeng manunulat sa mga antolohiyang pinapatnugutan ng mga lalaki (lalo na noong panahong iyon) ay

---

<sup>14</sup> Nabanggit sa Lilia Quindoza-Santiago, *Sa Ngalan ng Ina* (Quezon City: UP Press, 1997), pp. 7-8.

<sup>15</sup> Nasa Ruth Robbins, *Literary Feminisms* (London: Macmillan, 2000), pp. 7-8.

sa kadahilanang ang mga salita't imahen na nakapaloob sa kanilang mga akda ay “hagod-lalaki”, kung saan mata at boses pa rin ng mga lalaki ang naglalarawan. Sabi pa ni Aling Bebang (Genoveva Edroza-Matute) na ang turing sa kanila ng mga kapwa lalaking manunulat ay “*parang mga multo*” o “*mga lalaking gumagamit lamang ng mga pangalang babae.*”<sup>16</sup> Batay naman sa karanasan ni Magdalena Jalandoni, sinasabing noong nagsisimula pa lamang siyang magsulat noong unang bahagi ng 1900, kinailangan niyang gumamit ng *pseudonym* dahil sa kinokonsiderang hindi pambabae ang gawing magsulat at malimbag noong mga panahong iyon.<sup>17</sup>

Nang inilabas naman ni Virgilio Almario ang *Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino* noong 1981, tanging si Elynia Ruth Mabanglo sa labing-apat na lalaking napasa sa koleksyon. Kapansin-pansin pa na tanging tatlong tula ni Mabanglo ang nagsilbing halimbawa ng kanyang mga tula<sup>18</sup> samantalang may mga lalaking makata sa seleksyon na mayroong sampu o higit pang mga halimbawa. Ilan rito sina Jose Corazon de Jesus, Benigno Ramos, Alejandro G. Abadilla, Amado V. Hernandez, Lamberto Antonio, at Federico Licsi Espino Jr. Nang inilabas naman ang Ang Aklat Likhaan ng Dula (1997-2003) noong 2006 na pinamatnugutan nina Rene Villanueva at Vim Nadera, tanging dula ni April Tong na pinamagatang “Nang Mawala ang Junior ni Junior” at adaptasyon ni Lisa Magtoto ng “Agnoia”<sup>19</sup> ang napasama sa koleksyon na binubuo ng labinlimang mandudula.

---

16 Rosario Torres-Yu, *Sarilaysay* (Pasig: Anvil, 2000), pp. 2-3.

17 <http://www.panitikan.com.ph/criticism/thewriterandherroots.htm>

18 Ang mga tulang “Pag-iisa,” “Mga Batang Taludtod,” at “Isang Tulang Haka kay Hen. Antonio Luna” ang napasama sa koleksyon.

19 Ang dulang “Agnoia” ay ibinatay sa maikling kuwentong “Horoscope” na isinulat ni Eli Guieb.



Kung babalikan naman ang isa sa pinakagamitin na antolohiya ukol sa Panitikan ng Pilipinas, ang “Philippine Literature: A History and Anthology (Revised Edition)” nina Bienvenido at Cynthia Lumera na lumabas noong 1997, mabibilang pa rin sa daliri ang mga manunulat na babaeng napasama sa koleksyon. Halimbawa, sa kabanata ukol sa *Panitikan sa Ilalim ng Pamahalaang Espanyol*, tanging sina Leona Florentino at Gregoria de Jesus ang napasama sa labing-isang manunulat ng panahon. Sa kabanata naman ukol sa *Panitikan sa Ilalim ng Pamahalaang Amerikano*, sina Magdalena Jalandoni at Evangeline Guerrero ang napasama sa labing-anim na manunulat. Sa *Panitikan sa Ilalim ng Republika* na kabanata sina Genoveva Edroza Matute, Kerima Polotan Tuvera at Fanny Garcia ang napasama kumpara sa dalawampu’t dalawang lalaking bahagi rin ng panahon. Sina Joi Barrios, Marjorie Evasco, Elynia Ruth Mabanglo at Lilia Quindoza Santiago ang napasama sa *Panitikan Matapos ng EDSA* na kabanata; malayo pa rin ito sa siyam na lalaking bahagi ng kabanata.

Batay sa diskusyong ito, makikita ang kasalukuyang posisyon at predikament ng isang babaeng manunulat sa Pilipinas. Kung kaya, isa rin itong pinto na kailangang buksan, isa itong arena na kailangang tunggaliin, isiwalat, kuwestyunin at punahin ang nananaig na misohino at patriyarkal na pagpapahalaga.

## **ANG UNTI-UNTING PAGGAGAMOT**

Sa kasalukuyan, unti-unti namang lumuluwag ang siwang ng pintong nakapinid para sa mga babaeng manunulat. May mga inisyatib na na ginawa ang ilang mga babaeng manunulat (sa kasalukuyan) na maglabas ng mga antolohiya ng mga akda ng kapwa Filipinang manunulat gaya ng *Silid na Mahiwaga* (1994) ni Soledad Reyes na kalipunan ng mga maiikling kuwento at tula

sa Wikang Tagalog<sup>20</sup> at *Sa Ngalan ng Ina* (1997) ni Lilia Quindoza Santiago na kalipunan naman ng 100 tulang feminista mula 1889 hanggang 1989<sup>21</sup>. Hindi rin maisasantabi ang antolohiya ng dalawampung kuwentong buhay ng ilang piling Tagalog na manunulat na muling

---

20 Ang mga babaeng makata at fiksyunista na napasama sa koleksyon ay sina Filonila Abordo, Carmen Acosta, Mila Aguilar, Rosalia Aguinaldo, Filomena Alcanar, Paquita Alejandro, Trinidad Alvarez, Eden Apostol, Corazon Arceo-Entrada, Liwayway Arceo, Natalia Baltazar, Joi Barrios, Lualhati Bautista, Mary Ruby Beltran, Merlinda Bobis, Cecelia Caquingin, Teresita Capili-Sayo, Lucila Castro, Remedios Cayari, Olivia Cervantes, Emma Maria Cristina, Teresita Arce Cruz, Ma. Assunta Cuyengkeng, Amor Datinguinoo, Simeona Decena, Susana De Guzman, Mariett Dichoso, Gregoria De Jesus, Nieves Baens Del Rosario, Genoveva Edroza Matute, Ma. Gloria Esguerra, Evelyn Estrella, Lucia Valentin Eusebio, Rowena Penaflor Festin, Zenaida Arcega Flores, Fanny Garcia, Mila Reyes Garcia, Flor Condino Flores, Gloria Villaraza-Guzman, Aida Paredes Hombrebueno, Virginia Ignacio, Rose Latoga Jao y Labayo, Leonila Gatmaitan Jose, Mercedes Jose, Marra Lanot, Francisca Laurel, Rosario de Guzman-Lingat, Rosario Cruz Lucero, Ruth Elynia Mabanglo, Pilar Manalili-Garcia, Teresita Manaloto, Luz Maranan, Jovita Martinez, Francine Medina, Loreta Medina, Noemi Medina, Edna Mercado, Vicenta Navarro, Ma. Magdalena Novella, Pilar Pablo, Jean Page, Ma. Belen Paloma, Aurora Payad, Rosalinda Pineda, Lilia Quindoza Santiago, Maria Ramos, Ma. Elnora Roca, Cleothilde Reyes, Ligaya Rubin, Aida Santos-Maranan, Benilda Santos, Cristeta Santos, Lady Ana May Sia, Luna Sicat, Priscilla Supnet-Macasantos, Lorena Tariman, Ivy Catherine Tomenio, Ma. Luisa Torres, Lina Flor Trinidad, Veronica Uy, Adela Vera, Anacleto Vilalcirta-Agoncillo, Sofia Viray, at Ma. Jovita Zarate.

21 Binubuo ang koleksyon ng mga tula na nasa wikang Tagalog, Ingles at Ilokano. Kasama sa listahan sina (Tagalog) Gregoria De Jesus, Filomena Alcanar, Zenaida Arcega Flores, Edna Mercado, Eden Apostol, Maria Ramos, Ligaya Perez, Margarita Francia Villaluz, Gloria Villaraza Guzman, Fanny Garcia, Emelita Perez Baes, Flor Condino Gonzales, Rhea Cabrera, Romina De Los Reyes, Clarita Roja, Marua Luisa Torres, Marra Lanot, Rosalinda Pineda, Ruth Elynia Mabanglo, Ruby Gamboa Alcantara, Ligaya Rubin, BS Amor, Nena Gajudo, Aida Santos, Chit Balmaceda-Gutierrez, Estrella Consolacion, Adora Faye De Vera, Priscilla Supnet Macasantos, Lilia Quindoza Santiago, Lualhati Bautista, Anna Maria Gonzales, Maria Michaela Sanchez, Joi Barrios, Merlinda Bobis, Luz Barca Maranan, Lucia Makabayan, Rowena Penaflor Festin, Maria Jovita Zarate, Zelda Soriano, Benilda Santos, (Iloko) Leona Florentino, Enriqueta De Peralta, Antinia Marcos Rubio, Ursula Villanueva, Cresencia Dela Rosa-Domingo, Pacita Saludes, Florentina Somera, Hermilinda Lingbaoan, Alice Almario, Mercedes Magno, (Ingles) Angela Manalang Gloria, Tarrosa Subido, Tita Lacambra Ayala, Mila Aguilar, Maria Lorena Barros, Nieves Benito Epistola, Lucila Hosillos, Denise Chou Allas, Anna Leah Sarabia, OH Tipon, Elizabeth Lolarga, Migen Osorio, Ophelia Alcantara Dimalanta, Merlie Alunan Wenceslao, Marjorie Evasco, Christine Godinez Ortega, Fanny Haydee Llego, Grace Monte de Ramos, Karina Africa Bolasco, Lina Sagaral Reyes at Ma. Luisa Aguilar-Carino.

isinalaysay ni Rosario Torres Yu sa *Sarilaysay* (1997)<sup>22</sup>. Ganoon din sa larangan ng pagsulat ng diksyunaryo, mayroon nang inisyal na primer na isinulat si Thelma B. Kintanar upang maging *gender-sensitive* ang paggamit ng wika (partikular sa Ingles). Subalit, hindi dapat dito matapos ang lahat. Marami pa ring mga panitikan ng kababaihan ang naisasantabi, kinakalimutan at hindi nabibigyan ng sapat na pagkilala, pag-aaral at pagpapalimbag, lalung-lalo na yaong mga manunulat sa iba pang mga wika sa Pilipinas.

Ayon kay Elaine Showalter, madalas na napapabayaang hindi nabibigyan ng sapat na pagkilala at pag-aaral ang maraming akda ng babaeng manunulat (partikular sa kanluran). Dagdag pa niya, kakaunti na nga lamang ang kanilang bilang, naisasantabi pa ang mga hindi gaanong sikat sa kanilang hanay. Dahil dito, nagkakaroon tuloy ng pagkaputol sa kasaysayan ng pagsusulat ng mga babaeng manunulat at maging ng buong tradisyon ng panitikan ng bansa.<sup>23</sup> Pinangalawahan naman ni Benilda Santos ang panimulang obserbasyong ito ni Showalter, partikular sa konteksto ng Pilipinas. Ayon sa kanya, nagkakaroon ng pagkaputol sa kasaysayan ng pagsusulat hindi lamang ng mga babaeng manunulat bagkus maging ng kabuuang tradisyon ng panitikan sa bansa. Dagdag pa niya, bagamat lumalakas na ang kilusang kababaihan na nagreresulta ng mas lumuwag na siwang sa pinto ng panitikan at palimbagan sa mga babaeng fiksyunista, nananatiling monopolyo pa rin ito ng kalalakihan at / o ng iilang mga babaeng nagsusulat sa Ingles.<sup>24</sup> Sa kabuuan, mahaba-habang tawasan pa rin ang kailangang gawin upang

---

22 Kabilang sa mga kuwentong-buhay ay kina Anacleto Villacirita-Agoncillo, Liwayway Arceo, Amelia Lapena Bonifacio, Gloria Villaraza Guzman, Genoveva Edroza Matute, Lualhati Bautista, Fanny Garcia, Sol Juvida, Marra Lanot, Rosario Lucero, Elynia Mabanglo, Rosalinda Pineda-Ofreneo, Lilia Quindoza-Santiago, Aida Santos, Rebecca Anonuevo, Glecya Atienza, Mayette Bayuga, Joi Barrios, Benilda Santos at Luna Sicat.

23 Elaine Showalter, "The Female Tradition," nasa *Feminisms: An Anthology of Literary Theory and Criticism*, ed. Robyn Warhol and Diane Herndl (USA: Rutgers, 1991), pp. 269-288.

24 Benilda Santos, "Ang Panitikan ng Kababaihan at Ang Rebisyon ng Pambansang Panitikan," nasa *Daluyan*, 4 (1997): 459-498.

mabalik sa kamay ng mga babaylan, kababaihan, ang kanilang posisyon sa mundo ng panitikan at wika.

### **SANGGUNIAN:**

- Almario, Virgilio, ed. **Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino**. Maynila: Philippine Educational Co., Inc., 1981.
- Almario, Virgilio et al. eds., **UP Diksiyunaryong Filipino**. Pasig: Anvil at SWF, 2001.
- Belsey, Catherine at Moore, Jane ed. **The Feminist Reader**. London: Macmillan, 1997.
- Camagay, Maria Luisa. **Working Women of the 19<sup>th</sup> Century**. Quezon City: UP Press, 1995.
- Daly, Mary. **Gyn/Ecology: The Metaethics of Radical Feminism**. Boston: Beacon, 1978.
- Daly, Mary. **The Church and the Second Sex**. Boston: Beacon, 1985.
- Datuin, Flaudette May. **Home Body Memory**. Quezon City: UP Press, 2002.
- Demetrio, Francisco S.J. et al. **The Soul Book**. Quezon City: GCF Books, 1991.
- Eisenstein, Zillah, ed. **Capitalist Patriarchy and the Case for Socialist Feminism**. New York: Monthly Review Press, 1979.
- Eviota, Elizabeth. **The Political Economy of Gender**. London: Zed Books, 1992.
- Jaggar, Allison. **Feminist Politics & Human Nature**. New Jersey: Rowman Allanheld, 1983.
- Kintanar, Thelma, ed. **Women Reading**. Quezon City: UP Press at UP UCWS, 1992.
- Lodge, David. **Modern Criticism and Theory**. New York: Longman, 1988.
- Lumbera, Bienvenido at Lumbera, Cynthia ed. **Philippine Literature: A History and Anthology**. Pasig: Anvil, 1997.
- Mendez - Ventura, Sylvia. **Feminist Readings of Philippine Fiction: Critique and Anthology**. Quezon City: UP Press, 1994.
- Mojares, Resil. **Waiting for Mariang Makiling**. Quezon City: ADMU Press, 2002.
- Patoja-Hidalgo, Cristina. **Gentle Subversion**. Quezon City: UP Press, 1998.
- Pineda, Ponciano, ed. **Diksiyunaryo ng Wikang Filipino**. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 1998.
- Pineda-Ofreneo, Rosalinda. et al. **Feminist Theories and Movements**. Quezon City: UP Open University and UP CSWCD, 1997.
- Quindoza-Santiago. **Sa Ngalan ng Ina**. Quezon City: UP Press, 1997.
- Reed, Evelyn. **Is Biology Woman's Destiny**. New York: Pathfinder Press, 1985. Chapter 1.
- Reyes, Soledad, ed. **Ang Silid na Mahiwaga: Kalipunan ng Kuwento't Tula ng mga Babaeng Manunulat**. Pasig: Anvil, 1994.
- Robbins, Ruth. **Literary Feminisms**. London: Macmillan, 2000.
- Santos, Benilda. "Ang Panitikan ng Kababaihan at Ang Rebisyon ng Pambansang Panitikan," nasa Daluyan, 4 (1997): 459-498.
- Torres-Yu, Rosario. **Sarilaysay**. Pasig: Anvil, 2000.
- Villa-Panganiban, Jose, ed. **Diksiyunaryo-Tesaurus Pilipino-Ingles**. Maynila: \_\_\_\_\_, 1973.
- Villanueva, Rene at Vim Nadera, eds. **Ang Aklat Likhaan ng Dula (1997-2003)**. QC: UP Press, 2006.
- Warhol, Robyn and Diane Herndl, ed. **Feminisms: An Anthology of Literary Theory and Criticism**. USA: Rutgers, 1991.
- \_\_\_\_\_. **Women's Role in Philippine History**. Quezon City: University Center for Women's Studies, 1990.

<http://www.panitikan.com.ph/criticism/thewriterandherroots.htm>

Si Moreal Nagarit Camba ay nakapagtapos ng BA Araling Pilipino (major sa Malikhaing Pagsulat at minor sa Sikolohiya) – Cum Laude at MA Philippine Studies (major sa Panitikan ng Pilipinas at minor Women and Development Studies), kapwa sa College of Arts and Letters sa University of the Philippine – Diliman. Kasalukuyang niyang tinatapos ang kursong Ph.D Philippine Studies (major sa Philippine Society and Culture at minor sa Art Studies) sa Asian Center, UP Diliman.

Nakapaglathala na siya ng mga tula at sanaysay sa *Daluyan ng Sentro ng Wikang Filipino*, *CAS Review*, *Sibol: University of Michigan Journal on Filipino and Philippine Studies*, at iba pa ukol sa panitikan, wika, at kababaihan. Nakapagbahagi ng papel sa *Sangandiwa 2007* ng De La Salle University – Taft, *Pambansang Seminar-Worsyap sa Panunuring Pampelikula* (2011) ng PASADO, *International Conference on Filipino as a Global Language* (2010) sa San Diego, California, USA, at *International Young Scholars' Conference* (2011) sa Monash University, Kuala Lumpur, Malaysia.

Manunulat at editor ng mga textbook sa HEKASI at Filipino sa tersarya at sekondarya, tagasalin ng International Committee of the Red Cross (ICRC), at *blogger*.

Kasapi siya ng Phi Kappa Phi - International Honor Society, Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA) at Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL).

151 Bernardo st. Area 2 UP Diliman, Quezon City/  
6 Mt. Sanford st. Filinvest 1, Batasan Hills, Quezon City  
09156260701 / 4340783  
[micmic\\_ph@yahoo.com](mailto:micmic_ph@yahoo.com)

# **A PRELIMINARY STUDY OF THE LEXICAL, MORPHOLOGICAL, AND SYNTACTIC VARIATION OF THE SORSOGANON LANGUAGES**

**Michael John A. Jamora**


Sorsogon State College

## **Introduction**

It is a common peculiarity in any region of the Philippines for a traveler to encounter a different speech variety (any language, dialect, or register) from one province to another, and even between towns and *barangays*. At times, these variations are so significant that just traveling for a few kilometers in any direction from a place, an observer will take notice of a distinct change in the speech used by the locals. This linguistic phenomenon, language or dialect variation, is the distribution of particular words, pronunciation, and other linguistic features throughout an area. Such is the case of the municipalities of Sorsogon included in this study: their linguistic characteristics have considerable differences that they cannot be considered similar varieties of an individual language. Comparing their vocabularies, sentence structures and to some degree, word formation, will certainly emphasize their linguistic variations or differences.

To understand the linguistic diversity of the province, we must first comprehend the macrocosm of the entire Philippines as a country with multitudes of languages and other speech varieties. According to Reid (2005b), there are over 150 Philippine languages (specifically 167 Philippine ethno-linguistic groups, in Grimes 2000, as cited by Reid) all belonging to the Western Malayo-Polynesian group of the Austronesian


language family. In addition, McFarland (1994) indicated that the number of languages which are not mutually intelligible or understandable in the Philippines is around 110. Yet in another study, Gonzalez (1992) stated that there are 85 “mutually unintelligible but genetically related languages of the Malayo-Polynesian family” used in the Philippines [see figure 1]. Whichever of these is more accurate, they all support the fact that the Philippines is indeed multilingual and this fact applies to its regions and provinces. The latter compose dialect areas which are sections of the country defined by distinct word usage and pronunciations bounded by isoglosses (Fromkin & Rodman 1993, p. 406) and delineated by language/dialect boundaries. Figure 2 shown below and (cf.) Figure 8 in page 48 illustrate such areas in the Bicol region where Sorsogon is located.



(<http://iloko.tripod.com/Phlmap.gif>)

Figure 1 Major Languages of the Philippines





(<http://mikenassau.freehomepage.com/bicol.html>)

Figure 2 The Languages of the Bicol Region

Sorsogon is the southernmost province connected to the island of Luzon. It is a peninsula, surrounded at all sides by the sea. Immediately to the north is the province of Albay and beyond that, Camarines Sur. To the west are the islands of Ticao and Masbate across the pass named after the former. Northern Samar is across the San Bernardino Strait to the south, and the vast Pacific Ocean lines its eastern coasts. These physical barriers – mainly wide bodies of water as well as mountain ranges – present no hindrance to the diffusion of both Bikol and Bisayan cultures and languages into the province. In addition, McFarland (1980; 1994) stated that, as a general observation in Philippine languages and their subgroupings (dialects), communication is easier by sea than inland through hills and mountains.




Figure 3 Close up of Sorsogon Province in the Bicol Region Language Map based on Lobel (2000) – see Figure 8 (p. 48)

The speech varieties spoken in the municipalities of Sorsogon province can be classified in the following subgroupings: *Northern Sorsogonan* is spoken in the towns of Pilar, Castilla, Magallanes, Bacon and Prieto Diaz which uses the Northern (Standard) Bikol common in Camarines Sur and Eastern Albay; *Central Sorsogonan*, which uses the Masbate dialect, is spoken in Sorsogon City and Juban; and *Southern Sorsogonan* in Gubat, Barcelona, Bulusan, Irosin, Bulan, Matnog and Santa Magdalena uses Waray, a Central Bisayan language (McFarland, 1994). There exist slight variations of the Southern Sorsogonan dialect among these towns. Donsol uses a variety of *Miraya* closely related to the Southern Bikol dialects of Camalig, Daraga, and Guinobatan of

Albay province. Another exception is Casiguran, which uses a blend of Northern Bikol and Central Sorsoganon [see figures 3 and (cf.) 4] (Lobel, 2007).




Figure 4 Linguistic Diversity of the Sorsogon Province

If Sorsogon town is located at the center of the provincial map, then Bacon is 10 kilometers to its north and Gubat 19 kilometers east. It must be noted that while the latter remains an independent municipality of the Province of Sorsogon, the first two were merged into a city in 2001, the former converted into a district of the latter. However, the linguistic attributes of each remain distinct; differences would immediately be noticeable as one approach the former municipal lines, what McFarland (1980; 1994) termed as a “dialect boundary”. In addition, the major dialect classes spoken in the

province are represented in the speech varieties in each of these towns for lexical, morphological and syntactic comparison.

The language varieties used in Bacon, Sorsogon, and Gubat are representatives of Northern, Central, and Southern Sorsoganon respectively, and it is the primary purpose of the present study to investigate the lexical, morphological, and syntactic features of the former to describe and illustrate the same linguistic variations that are applicable to the latter.

Specifically, this study wished to answer the following questions:

1. What are the lexical features of Northern, Central, and Southern Sorsoganon in terms of nouns, pronouns, verbs, adjectives, and adverbs as used in Bacon, Sorsogon and Gubat respectively?
2. What are the morphological features in Northern, Central, and Southern Sorsoganon as used in Bacon, Sorsogon and Gubat respectively? How distinct are they from one another?
3. What are the syntactic features in Northern, Central, and Southern Sorsoganon as used in Bacon, Sorsogon and Gubat respectively?

In addition, the researcher also includes these additional problems which have relevance to the present research since they further illustrate the linguistic diversity of the Sorsogon province as well as the possible origins of these language varieties. These points of interest are minor linguistic cases compared to the main concerns of this study (questions 1 – 3). Similar research methods are used to yield data in these questions as those in the previous items.

4. What are the lexical and syntactic features of the Casiguran dialect as compared to the language varieties of Bacon, Sorsogon, and Gubat?
5. What are the lexical and syntactic features of the Donsol dialect as compared to the language varieties of Bacon, Sorsogon, and Gubat?
6. What are the lexical and syntactic features of the dialect used in Barrio Lamboon (New Sto. Domingo), Irosin as compared to the language varieties of Bacon, Sorsogon, and Gubat?
7. What are the linguistic (lexical and syntactic) features of adjacent regional/provincial speech varieties that influenced and contributed to the Sorsoganon dialects of the study:
  - a. Gubat (Waraynon from Northern Samar)
  - b. Sorsogon (Central Masbateño and Hiligaynon/Ilongo from Iloilo),
  - c. Bacon (Northern/Standard Bicol from Albay and Camarines Sur), and
  - d. Donsol (Albay Miraya)?

Relevant to the last problem, Reid in the introduction of 'A cross-generational view of contact-related phenomena in a Philippine language: Phonology (2005a)' describes the Philippines as "a treasure house for the study of the effects of language contact", which primarily refers to the extensive borrowing of the various Philippine languages from the Chinese and Malays, as well as from the Spanish and Americans (English). He observes that the influence of these Philippine languages on each other has not often been as carefully explored as that with the foreign languages, and which can be another potentially rich source of data on language contact. Reid further adds that "all Philippine languages have large sets of lexical items which have been borrowed

from one or another of the widely-spoken languages such as Filipino (Tagalog), Ilokano, Cebuano, Hiligaynon or Magindanao.” This latter statement raises the interest on the possible source languages of the Sorsogon speech varieties from the surrounding provinces and regions (speech communities). This concern is investigated in the latter part of this study (see question no. 7).

## **Methodology**

The most suitable research methods for this study are ethnography and elicitation techniques since it is based on a community and is focused on the linguistic features of the members of a particular speech community. They are necessary to investigate the language variations occurring in these specified communities and to provide interpretations in-context with the linguistic phenomena observed.

Ethnographic methods such as unobtrusive and participant observation that yield qualitative information is the most appropriate (especially for the first 3 problems of the study) since the researcher is a native of one of the communities included in the study, thus his high proficiency in the spoken and written usage of *Sorsoganon*. Social immersion to learn about the culture and languages of his subjects is no longer required since the researcher himself is part of the community he observed. It must be noted that in order for participative observation (or any ethnographic research techniques) to yield significant data from a particular community, the researcher must be socially embedded and accepted (thus the term immersion) in that area before he gains the trust and confidence of its inhabitants who are the potential respondents/subjects of the study.

In addition, since this type of research is longitudinal and collaborative with the stakeholders-subjects of the study, the researcher has ample time to sustain the

investigation on a long-term basis since he lives within the community and among the subjects. The researcher himself is able to compile words from this dialect and to draft the sample sentences based on his own knowledge of *Sorsoganon* and with some assistance from key informants. Additional interaction with other native speakers is of much help in the collection of sample words and statements.

Furthermore, it is also necessary to investigate the concerns of this study in the natural context in which it occurs. In this manner, it is possible to yield reliable information on the actual language use of the people being observed in a natural context uninfluenced by external factors that may alter the outcome of the research. Ethnography is subjective because it relies on the contextual perceptions of a phenomenon of both the researcher and the subjects, but objectivity can still be maintained by focusing on the problem/concern at hand. That is, the cultural meanings revealed by the linguistic usage of the subjects under study (Watson-Gegeo and Ulichny, cited in Nunan 1992).

It is also a characteristic of this method that data gathering precedes the formulation of any hypotheses and it also focuses on descriptive investigation and analysis (LeCompte and Goetz, as cited in Nunan 1992). In the present study, data that are obtained through participative observation and semi-structured interview are presented first before the analysis of their lexical and syntactic components. Only after these are any hypotheses and findings formed and discussed.

However, since the researcher has limited knowledge of the other languages and dialects included in this study, he applies another method. Apart from the fact that the researcher can basically speak *Gubatnon/Ginubatnon* and even transcribe the speech



variety into written form, he encounters difficulty in doing both with regard to *Bacongnon*, and the dialects of Casiguran, Donsol and Barrio Lamboon. His communication level on these four dialects is passive: the researcher can only gather information by listening and not through active two-way communication using any of them. Thus it is necessary to apply elicitation techniques – in particular, production tasks and semi-structured oral interview – in this part of the study. These also apply to the gathering of data regarding the source languages of the Sorsogon dialects, namely, Northern (Standard) Bicol, Central Masbateño, Hiligaynon, Waray, and Albay Miraya.

The second method (elicitation) is used in this manner: the lists of the words as well as the sample sentences – both in English, with Sorsoganon translations – are presented to selected native speakers/key informants of the five dialects and five source languages and they were asked to translate them one by one (production task). The statements serve as stimuli that are expected to elicit response in the form of words and sentences translated by the informants to their native dialects. Any additional or special meanings of particular words in the list are also noted for clarification and accuracy (using semi-structured interview on the informants). After the translation, the completed lexical list and statements are read one after the other to another set of subjects to confirm their correctness and accuracy. Any additional details or corrections are clarified and noted before being adopted.

Since this study did not require a large number of informants with varying backgrounds, interviews are more preferable than surveys and questionnaires in eliciting the data required. The former is also more advantageous particularly because the meanings of certain words must be made clear in specific contexts. This might not



